ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • OKTUBRE 2013

# Liahona



## Dumarami ang mga Tinedyer na Nagpupunta sa Templo: Tulungan Silang Maghanda, p. 18

**Pagtingin sa Aking Misyon na May Bagong Pananaw, p. 42**

**Paano Ka Matutulungan ng Bishop na Magsisi, p. 58**

**Sinabi ni Jesus na Mahalin ang Lahat—Kahit ang mga Siga, p. 68**



*"Kahit maaari tayong malito sa kasalukuyan nating sitwasyon, nangako ang Diyos na makakaasa tayo sa Kanyang liwanag—nangako Siya na tatanglawan Niya ang ating daan at ilalabas tayo mula sa kadiliman."*

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ang Pag-asang Dulot ng Liwanag ng Diyos," *Liahona,* Mayo 2013, 70.

# Liahona, Oktubre 2013



20

## MGA MENSAHE


4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Ang Pananagutan Nating Sumagip**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Tagapaglikha**


## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


12 **Gampanang Mabuti ang Iyong Tungkulin**
Ni Elder Quentin L. Cook
*Ngayong mas madali nang hindi magpakilala, may mahahalagang alituntunin sa hindi pagbabalatkayo at sa pagiging tapat sa inyong pananampalataya.*

18 **Mga Tinedyer at mga Tipan sa Templo**
Nina Gary at Susan Carter
*Panahon na upang simulang ihanda ang inyong mga anak na makapasok sa templo.*

20 **Ang Dakilang Pamana ng mga Misyonero sa Atin**
Nina LaRene Porter Gaunt at Linda Dekker Lopez
*Lahat ng missionary, noon o ngayon, ay naglilingkod sa pag-asang mapabuti ang buhay ng ibang tao.*

26 **Handa sa Araw ng Digmaan**
Ni Elder Eduardo Gavarret
*Maaaring ipasiya ng pinakasimpleng mga alituntunin ang ating tadhana sa gitna ng mga pakikibaka natin sa buhay.*

30 **Pagpapabilis ng Gawain ng Kaligtasan**
*Ang ibig sabihin ng pagiging miyembro sa Simbahan ng Panginoon ay pagkatawag na lubusang makibahagi sa Kanyang gawain.*

34 **Pagiging Isang Tao ng Kapayapaan**
Ni Matthew D. Flitton
*Binago ng ebanghelyo ang puso ng isang tao—at nabigkis nito ang kanyang pamilya.*


## MGA BAHAGI


8 **Notebook ng Kumperensya ng Oktubre: Mga Ideya sa Pangkalahatang Kumperensya**
Ni Tina Spencer

9 **Pagtuturo ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan*: Kalusugang Pisikal at Emosyonal**

10 **Mga Balita sa Simbahan**

38 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Nagmura Ako . . .**
Ni R. Val Johnson


**SA PABALAT**
Harap: Paglalarawan ni Cody Bell. Likod: Paglalarawan ni Cody Bell. Loob ng pabalat sa harap: Paglalarawan ni iStockphoto/Thinkstock.

MGA YOUNG ADULT



42 **Paano Ako Magiging Matagumpay na Missionary?**
Ni Lauren Bangerter Wilde
*Madalas kaming tanggihan ng mga tao, at pinanghinaan ako ng loob. Kinailangan kong hanapan ng bagong kahulugan ang tagumpay.*



***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Ibahagi ang bunga.***

MGA KABATAAN

46 **Pagiging Isang Missionary na Nagtuturo nang Ayon sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo***
Ni Elder David A. Bednar
*Ang limang pangangailangang ito ay tutulong sa iyo na maging mas mabuting missionary.*

51 **Ngumiti Lamang at Magsabi ng Hindi**
Ni Hazel Marie Tibule
*Paano ko mahihindian ang pangulo ng kumpanya?*

52 **Para sa Lakas ng mga Kabataan: Maging Matatag, Maging Malusog, Maging Matalino**
Ni Elder Adrián Ochoa
*Isuot mo na ang tennis shoes mo at kumilos ka na!*

54 **Sundan ang Kanyang mga Yapak**
Ni Melissa Zenteno
*Ang pagtulad kay Jesucristo ay parang advanced physics, pero ang proseso ay nagsisimula sa una mong hakbang.*

56 **Mga Tanong at mga Sagot**
*Ano ang sasabihin ko sa mga hindi miyembro na nagtatanong kung bakit hindi ipinamumuhay ng ilang miyembro ng Simbahan ang ating mga pamantayan?*

58 **Bakit Ko Kailangang Magtapat at Ano ang Kailangan Kong Ipagtapat sa Bishop Ko?**
Ni Elder C. Scott Grow
*Ang pagsisisi ay isang personal na bagay sa pagitan ko at ng Panginoon. Bakit kailangan ko ring kausapin ang bishop ko?*



MGA BATA



61 **Pag-anyaya sa Tagapagligtas na Pumasok**
Ni Elder O. Vincent Haleck
*Naghihintay ang Tagapagligtas na anyayahang pumasok sa iyong buhay!*

62 **Bagong Deacon**
Ni Jane McBride Choate
*Kabado si Benji na magpasa ng sakramento. Kaya ba niya talagang gawin ito?*

64 **Sa Daan: Paghihintay sa Winter Quarters**
Ni Jennifer Maddy

66 **Tumigil ang mga Banal sa Winter Quarters**
Ni Arie Van De Graaff

67 **Natatanging Saksi: Paano Nangungusap si Jesucristo sa mga propeta?**
Ni Elder D. Todd Christofferson

68 **Pagtulong kay Violet**
Ni Charlotte Mae Sheppard
*Matagal nang salbahe si Violet kay Emma. Bakit dapat maging mabait si Emma sa kanya?*

70 **Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Ibabahagi Ko ang Ebanghelyo sa Lahat ng Anak ng Diyos**

72 **Si Camille na Taga-New York City**

74 **Ang Ating Pahina**

76 **Para sa Maliliit na Bata**

81 **Larawan ng Propeta: David O. McKay**

**OKTUBRE 2013 TOMO 16 BLG. 10**
**LIAHONA 10790 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon
**Mga Tagapayo:** Shayne M. Bowen, Bradley D. Foster, Christoffel Golden Jr., Anthony D. Perkins

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Family and Member Support:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr, LaRene Porter Gaunt
**Assistant ng Publikasyon:** Melissa Zenteno
**Writing and Editing Team:** Susan Barrett, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman, Lori Fuller, Garrett H. Garff, Jennifer Grace Jones, Michael R. Morris, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Design Team:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Thomas Child, Nate Gines, Kerry Lynn C. Herrin, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Brad Teare

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2013 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:** October 2013 Vol. 16 No. 10. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.*



PAGLALARAWAN NI CRAIG DIMOND

**"Pagiging Isang Missionary ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*,"** pahina 46: Isiping talakayin bilang pamilya ang limang katangian ng mga missionary ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*. Pagkatapos ay subukang sundin ang mga alituntunin. Maaari ninyong sama-samang repasuhin nang bahagya ang isang bahagi ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* at bigyan ng maiikling pagkakataon ang iba't ibang miyembro ng pamilya na subukang ituro ang mga bahagi ng mga missionary lesson habang nagkukunwari namang mga investigator ang iba pang mga miyembro ng pamilya. Maaari ninyong talakayin ang mga hamon ng gawaing misyonero at mag-isip ng mga paraan para magkaroon ng mga katangiang inilarawan ni Elder David A. Bednar.

**"Maging Matatag, Maging Malusog, Maging Matalino,"** pahina 52: Matapos repasuhin ang artikulo ni Elder Adrián Ochoa, isiping magplano ng aktibidad na nagtutulot sa inyong mga kapamilya na sabay-sabay na igalaw o pasiglahin ang inyong katawan. Maaari kayong maglaro ng isang isport o maglakad-lakad. Tiyaking iakma ang inyong aktibidad sa edad at kakayahan ng mga miyembro ng pamilya (halimbawa, maaari ninyong patulungin ang nakatatandang mga anak sa nakababatang mga anak sa pagtatapos ng aktibidad). Pagkatapos ng aktibidad, talakayin bilang pamilya ang mga pakinabang ng pagkakaroon ng masiglang pangangatawan. Maaari din kayong magplano ng mga paraan para patuloy na magtulungan bilang pamilya na sundin ang payo ng ating mga buhay na propeta na ingatan ang ating katawan.


## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Bata, mga,*** *76*
***Bishop, mga,*** *58*
***Espiritu Santo,*** *41, 46*
***Gawaing misyonero,*** *20, 30, 40, 42, 46, 61, 70, 72*
***Halimbawa,*** *12, 56*
***Integridad,*** *12, 51*
***Jesucristo,*** *7, 76*
***Kalusugan,*** *9, 52*
***Kapatawaran,*** *58, 68*
***Kapayapaan,*** *34*
***Kasaysayan ng Simbahan,*** *64, 66*
***Katangian ni Cristo, mga,*** *54*
**Mangaral ng Aking Ebanghelyo,** *42, 46, 54*
***McKay, David O.,*** *81*
***Mithiin, mga,*** *12, 54*
***Paghahanda,*** *26*
***Paghahayag,*** *67*
***Paghatol,*** *56*
***Paghihirap,*** *42, 64, 68*
***Pag-ibig sa Kapwa-Tao,*** *4, 20, 34, 68*
***Pagkakaibigan,*** *39, 40, 72*
***Paglikha,*** *7*
***Pagmumura,*** *80*
***Pagpapaaktibo,*** *4, 30, 38*
***Pagsisisi,*** *58*
***Pagtatapat,*** *58*
***Pamantayan, mga,*** *56, 80*
***Pananalita,*** *80*
***Pioneer, mga,*** *64*
***Priesthood,*** *62, 76*
***Propeta, mga,*** *67*
***Templo,*** *18, 34*
***Tukso,*** *51, 80*
***Word of Wisdom,*** *9, 51, 52*



Ni Pangulong
Thomas S. Monson

# ANG PANANAGUTAN NATING Sumagip

Para sa mga Banal sa mga Huling Araw, ang pangangailangang sagipin ang ating mga kapatid na sa anumang dahilan ay nalihis ng landas at hindi na aktibo sa Simbahan ay walang hanggan ang kahalagahan. May kilala ba tayong ganitong tao na minsan ay tinanggap ang ebanghelyo? Kung gayon, ano ang pananagutan nating sagipin sila?

Isipin ang naliligaw na matatanda, balo, at maysakit. Kadalasan ay matatagpuan sila sa tuyot at mapanglaw na kasukalan ng pag-iisa na tinatawag na kalungkutan. Kapag naglaho na ang kabataan, kapag unti-unti nang bumagsak ang kalusugan, kapag nabawasan ang lakas, kapag umandap-andap ang liwanag ng pag-asa, matutulungan at masusuportahan sila ng kamay na tumutulong at ng pusong mahabagin.

Mangyari pa, may iba pang kailangang sagipin. Ang ilan ay nagkakasala samantalang ang iba naman ay natatakot o walang pakialam o walang alam. Anuman ang dahilan, inilayo nila ang kanilang sarili sa Simbahan. At halos tiyak na mananatili silang naliligaw maliban kung hangarin natin—na aktibong mga miyembro ng Simbahan—na sagipin o iligtas sila.

### Isang Taong Magtuturo ng Daan

Ilang taon na ang nakararaan nakatanggap ako ng liham mula sa isang lalaking napalayo sa Simbahan. Inilalarawan nito ang napakarami sa ating mga miyembro. Matapos ilarawan kung paano siya naging di-aktibo, isinulat niya:

"Mayaman ako dati at napakahirap ko na ngayon. Hindi ako masaya at pakiramdam ko'y bigo ako sa lahat ng bagay. Hindi nawala ang patotoo ko sa ebanghelyo kailanman, kahit hindi ko ito lubusang naipamuhay. Ipagdasal sana ninyo ako.

"Huwag sana ninyo kaming kalilimutan na naririto sa labas—ang naliligaw na mga Banal sa mga Huling Araw. Alam ko kung nasaan ang Simbahan, pero kung minsan ay iniisip ko na kailangan ko ng ibang taong magtuturo sa akin ng daan, hihikayatin ako, papawiin ang takot ko, at magpapatotoo sa akin."

Habang binabasa ko ang sulat na ito, nabaling ang isipan ko sa pagbisita ko sa isa sa magagandang art gallery sa mundo—ang bantog na Victoria and Albert Museum sa London, England. Doon, nakalagay sa napakagandang kuwadro ang isang obra-maestrang ipininta ni Joseph Mallord William Turner noong 1831. Tampok sa painting ang makakapal at maiitim na ulap at ang pagngangalit ng maalong dagat na nagbababala ng panganib at kamatayan. Isang liwanag mula sa isang barkong naipit sa karagatan ang mababanaag sa malayo. Sa gawing harapan, isang malaking lifeboat ang sinisiklot nang mataas ng dumarating na mabulang mga alon ng karagatan. Panay ang sagwan ng mga lalaki habang sinisiklut-siklot ang lifeboat sa gitna ng unos. Nakatayo sa dalampasigan ang isang babae at dalawa niyang anak, basa sa ulan at hinahagupit ng hangin. Balisa silang nakatingin sa karagatan. Pinaikli ko sa aking isipan ang pangalan ng painting. Para sa akin ito ay naging *Pagsagip.*[1]

Sa gitna ng mga unos ng buhay ay nakaamba ang panganib. Nalalagay sa kagipitan ang mga lalaki at babae, kapwa bata at matanda, sa kanilang kinaroroonan at nahaharap sa kapahamakan. Sino ang gagabay sa mga lifeboat, iiwanan ang kaginhawahan ng tahanan at pamilya, at hahayo para sumagip?

Hindi mabigat ang ating tungkulin. Naglilingkod tayo sa Panginoon; may karapatan tayo sa Kanyang tulong.

Noong narito ang Panginoon, nanawagan Siya sa mga mangingisda sa Galilea na iwanan ang kanilang mga lambat at sumunod sa Kanya, na nagsasabing, "Gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao."[2] Nawa'y makabilang tayo sa mga mamamalakaya ng kalalakihan at kababaihan, upang makatulong tayo sa anumang paraan.



*LIFE-BOAT AT MANBY APPARATUS PAPUNTA SA NAIPIT NA BARKONG HUMIHINGI NG TULONG (GAMIT ANG ASUL NA ILAW),* NI JOSEPH MALLORD WILLIAM TURNER © VICTORIA AND ALBERT MUSEUM, LONDON, WWW.VANDAIMAGES.COM

Tungkulin nating tulungan ang mga taong lumayo sa kaligtasan ng pagiging aktibo, upang madala natin sila sa hapag ng Panginoon at magpakabusog sa Kanyang salita, mapatnubayan ng Kanyang Espiritu, at "hindi na . . . maging mga taga ibang lupa at mga manglalakbay, kundi . . . mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Dios."[3]

## Ang Alituntunin ng Pagmamahal

Nalaman ko na dalawang pangunahing bagay ang dahilan para bumalik sa pagkaaktibo at magbago ang mga ugali, gawi, at kilos. Una, nagbabalik ang mga tao dahil may nagpakita sa kanila ng kanilang mga walang-hanggang potensiyal at natulungan silang magpasiya na kamtin ang mga ito. Hindi makukuntento ang mga di-gaanong aktibo na manatiling pangkaraniwan kapag nakita nila na kaya naman nilang magpakahusay.

Ikalawa, nagbabalik ang iba dahil sinunod ng kanilang mga mahal sa buhay o "mga kababayan na kasama ng mga banal" ang payo ng Tagapagligtas, inibig nila ang kanilang kapwa tulad sa kanilang sarili,[4] at tinulungan nila ang iba na makamit ang kanilang mga pangarap at ambisyon.

Ang nagtutulak—at patuloy na magtutulak—sa prosesong ito ay ang alituntunin ng pagmamahal.

Sa tunay na kahulugan, ang mga taong nalagay sa kagipitan sa maunos na karagatang ipininta ni Turner ay katulad ng marami sa ating di-gaanong aktibong mga miyembro na naghihintay na masagip ng mga taong gumagabay sa mga lifeboat. Umaasam sila na matulungan. Ipinagdarasal ng ina at ama ang kanilang mga anak. Sumasamo sa langit ang mga babae na masagip ang kanilang asawa. Kung minsan ay ipinagdarasal ng mga bata ang kanilang mga magulang.

Dalangin ko na magkaroon tayo ng hangaring sagipin ang mga di-gaanong aktibo at ibalik sila sa kagalakan ng ebanghelyo ni Jesucristo, nang makasama natin sila sa pakikibahagi sa lahat ng maipagkakaloob ng pagkakapatirang iyan.

Nawa'y tumulong tayo sa pagsagip sa mga naliligaw na nakapaligid sa atin: matanda, balo, maysakit, may kapansanan, di-gaanong aktibo, at mga taong sumusuway sa mga kautusan. Nawa'y iunat natin ang ating kamay para tulungan sila at kahabagan. Sa paggawa nito, magdudulot tayo ng galak sa kanilang puso, at makadarama tayo ng lubos na kasiyahan kapag tinulungan natin ang iba sa landas tungo sa buhay na walang hanggan. ■

**MGA TALA**

1. Ang buong pamagat ng painting ay *Life-Boat at Manby Apparatus Papunta sa Naipit na Barkong Humihingi ng Tulong (Gamit ang Signal ng Asul na Ilaw).*
2. Mateo 4:19.
3. Mga Taga Efeso 2:19.
4. Tingnan sa Mateo 22:39.

### PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Isiping tanungin ang mga taong binibisita ninyo kung mayroon silang kakilala na nahihirapang magsimba. Makakapili kayo ng isang tao at talakayin ninyo ang mga paraan para magpakita ng pagmamahal, tulad ng pag-anyaya sa kanya na makilahok sa family home evening o kumain sa inyong tahanan.

## Ang Kaloob sa Akin na si Jen

Ni Josi S. Kilpack

Nakagawa ako ng sunud-sunod na maling desisyon noong sophomore ako sa high school. Masasamang bunga at kalungkutan ang kinahantungan ng mga desisyong iyon, at nagpasiya akong gamitin ang aking bakasyon para simulang gumawa ng pagbabago. Nang muling magsimula ang pasukan, sa loob ng banyo o sa pasilyong walang tao ako nananghalian para makaiwas ako sa masamang barkadang naghihintay sa akin.

Noon lang ako nakaramdam ng pag-iisa.

Pagkatapos ay may regalong ibinigay sa akin ang Diyos: ipinadala Niya sa akin Jen. Hindi niya ako hinusgahan kailanman sa mga pagkakamali ko at sa halip ay hinikayat akong magpatuloy sa tamang direksyon. Ang kaalaman na nasa paaralan siya ay nakatulong para patuloy kong basahin ang aking mga banal na kasulatan at pangalagaan ang aking patotoo. Pagsapit ng graduation, napatunayan ko sa aking sarili na handa na akong magbago.

Iniisip ko kung minsan kung nasaan na kaya ako ngayon kung hindi ako tinulungan ni Jen. Nasunod ko kaya ang mga prinsipyo ko kung wala siya? Mabuti na lang, hindi ko iyon malalaman kailanman dahil naroon siya at handang tulungan ako nang buong puso.

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

MGA BATA

## Mga Paraan ng Pagsagip

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson na dapat nating tulungan ang iba, pati na ang matatanda, balo, maysakit, at di-gaanong aktibo, at ang mga nangangailangan ng dagdag na tulong. Tingnan ang mga larawan sa ibaba at bilugan ang mga nagpapakita ng magagawa ninyo para tulungan ang iba.





Sa mga linya sa ibaba, isulat ang ilang paraan na matutulungan ninyo ang iba. Magagamit ninyo ang mga larawan para sa mga ideya.

MGA PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi sa kababaihan na binibisita ninyo. Paano madaragdagan ng pagkaunawa sa buhay at misyon ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo? Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa* **reliefsociety.lds.org**.

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

# Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Tagapaglikha

*Ito ang una sa serye ng mga Mensahe sa Visiting Teaching na nagtatampok sa mga aspeto ng misyon ng Tagapagligtas.*

"Nilikha [ni Jesucristo] ang kalangitan at ang lupa" (3 Nephi 9:15). Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood, sa ilalim ng pamamahala ng ating Ama sa Langit (tingnan sa Moises 1:33).

"Dapat tayong magpasalamat nang husto sa matalinong Tagapaglikha na lumalang ng isang mundo at inilagay tayo rito," sabi ni Pangulong Thomas S. Monson, ". . . para subukan tayo, isang pagkakataon upang patunayan ang ating sarili at maging karapat-dapat sa lahat ng inihanda ng Diyos na tanggapin natin."[1] Kapag ginamit natin ang ating kalayaang sundin ang mga utos ng Diyos at magsisi, nagiging karapat-dapat tayong bumalik sa piling Niya.

Tungkol sa Paglikha, sinabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan:

"Tayo ang dahilan kaya Niya nilikha ang sansinukob! . . .



"Ito ang kabalintunaan ng tao: kung ihahambing sa Diyos, ang tao ay walang-kabuluhan; subalit tayo ang pinakamahalaga sa Diyos."[2] Ang pagkabatid na nilikha ni Jesucristo ang daigdig para sa atin dahil tayo ang lahat sa Ama sa Langit ay magpapaibayo sa ating pagmamahal sa Kanila.

## *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Juan 1:3; Sa mga Hebreo 1:1–2; Mosias 3:8; Moises 1:30–33, 35–39; Abraham 3:24–25

**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, "Ang Takbo ng Buhay," *Liahona,* Mayo 2012, 91.
2. Dieter F. Uchtdorf, "Mahalaga Kayo sa Kanya," *Liahona,* Nob. 2011, 20.
3. Joseph Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 199.
4. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 199.
5. Joseph Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 197.

## *Mula sa Ating Kasaysayan*

Tayo ay nilikha sa wangis ng Diyos (tingnan sa Moises 2:26–27), at may banal na potensiyal. Pinayuhan ni Propetang Joseph Smith ang kababaihan sa Relief Society na "maging marapat sa [kanilang] mga pribilehiyo."[3] Sa panghihikayat na iyan bilang pundasyon, tinuruan ang kababaihan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na maging marapat sa kanilang banal na potensiyal sa pamamagitan ng pagsasakatuparan sa mga layunin ng Diyos para sa kanila. "Habang nauunawaan nila kung sino sila talaga—mga anak na babae ng Diyos, na may angking kakayahan na magmahal at mangalaga—naaabot nila ang kanilang potensiyal bilang banal na kababaihan."[4]

"Nasa sitwasyon kayo ngayon na makakakilos kayo ayon sa habag na itinanim ng Diyos sa puso ninyo," sabi ni Propetang Joseph Smith. "Kung ipamumuhay ninyo ang mga alituntuning ito, napakadakila at napakaluwalhati nito!—kung magiging marapat kayo sa inyong mga pribilehiyo, hindi mapipigilan ang mga anghel na makihalubilo sa inyo."[5]

**ANO ANG MAGAGAWA KO?**

1. Paano mag-ibayo ang ating pagmamahal sa Tagapagligtas sa paghahangad na maunawaan ang ating banal na katangian?
2. Paano natin maipapakita ang ating pasasalamat sa mga likha ng Diyos?

LARAWAN NG *CHRISTUS* NI DAVID NYSTUL; BACKGROUND NI HEMERA/THINKSTOCK

# MGA IDEYA SA PANGKALAHATANG KUMPERENSYA

Ni Tina Spencer



## "Hulaan Ninyo Kung Sino ang Darating sa Hapunan?"

Labinlimang araw bago magsimula ang bawat pangkalahatang kumperensya, isinasabit ng aming pamilya ang aming karatula na ibinabalita ang simula ng "Hulaan Ninyo Kung Sino ang Darating sa Hapunan?" Pagkatapos ay idinaragdag namin ang mga pinakahuling larawan ng ating mga propeta, tagakita, at tagapaghayag mula sa edisyon ng mga magasin ng Simbahan tungkol sa nakaraang kumperensya.

Naghahanda ako sa pamamagitan ng pagsasaliksik tungkol sa propetang darating sa gabing iyon. Kung minsan ay nakakakita ako ng mga bagay sa paligid ng bahay na kakatawan sa ilang bagay na nalaman ko, at inilalagay ko ang mga ito sa isang plato. Sa hapunan, habang nagkukuwento ako tungkol sa bawat bagay na iyon, sinusubukang hulaan ng lahat kung sino iyon. Sa ibang mga pagkakataon, may isa o dalawang kuwento ako na ibinahagi ng propetang iyon sa nakaraang pangkalahatang kumperensya.

Namamangha ako sa mga bagay na naaalala ng mga anak ko tungkol sa ating pinakamamahal na mga propeta at apostol, at alam ko na ang simpleng larong ito ay nagpaibayo rin sa pagmamahal at kaalaman ko tungkol sa mga dakilang lalaking ito.

## Sarili Kong Kopya ng Kumperensya

Nang bumisita si Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol at ang kanyang asawang si Kathy sa stake conference namin, may ikinuwento sa amin si Sister Andersen. Noong nakatira daw sila sa France, gumawa siya ng mga photocopy ng mga mensahe sa kumperensya para sa bawat isa sa kanilang mga anak—pati na sa mga batang-bata pa. Nagulat siya nang malaman niya ang presyo ng mga photocopy, na napakamahal. Pagkatapos ay naisip niya: "Gaano kahalaga sa inyo na magkaroon ang pamilya ninyo ng mga salita ng mga propeta?"

Talagang naantig ako sa kuwentong ito, at tiniyak ko na may sariling kopya ng mga mensahe sa kumperensya ang bawat isa sa aming pamilya. Tuwang-tuwang ang mga anak naming babae. Ginamit namin ang mga ito sa family home evening at sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Gustung-gusto kong nakikita ang isa kong anak na babae na binabasa ang mga mensahe at minamarkahan ang mga ito gamit ang kanyang highlighter. Nakiusap sa akin ang isa ko pang anak, na nabinyagan kamakailan, na basahin naming dalawa ang mga mensahe.

## Hamon sa Kumperensya

Bilang bahagi ng itinuro ko sa Relief Society, hinamon ko ang bawat babae na basahin ang mga mensahe mula sa nakaraang kumperensya; muling binasa ng ilan ang mga mensahe, ang iba naman ay pinanood ito sa Internet. Ipinahayag ng ilang kababaihan kung paano nila nadama na mas handa sila para sa susunod na kumperensya. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Washington, USA.*

PAGLALARAWAN NG CARLOS ISRAEL GUTIÉRREZ ROBLES



# KALUSUGANG PISIKAL AT EMOSYONAL

Para sa ilang kabataan, ang hindi pamumuhay ng mga tuntunin ng kalusugan ng katawan ay maaaring maging malaking hadlang sa pagkakaroon ng mga kaibigan at tiwala sa sarili. Bukod pa riyan, ang kalusugang pisikal at emosyonal ay mahalaga ngunit kadalasa'y hindi napagtutuunang mga aspeto ng paghahanda para sa misyon. Sa mga pahina 52–53 ng isyung ito, tinalakay ni Elder Adrián Ochoa ng Pitumpu kung paano mapangangalagaan ng pag-iingat sa ating katawan ang kalusugang pisikal at emosyonal. Pinaalalahanan niya tayong mag-ehersisyo at sundin ang Word of Wisdom (tingnan sa D at T 89) para tayo maging mas malusog at masaya. Kapag tinulungan ninyo ang inyong mga anak na matutuhan at sundin ang mga alituntunin ng kalusugang pisikal at emosyonal, mag-iibayo ang kanilang tiwala sa sarili at makapaghahanda sa paglilingkod sa hinaharap.

Sabi nga ni Elder Ochoa: "Ang pag-aalaga sa inyong katawan ay nagpapala rin sa inyong isipan at nagpapaalala sa inyo na kayo ay anak ng Diyos at maaaring maging tiwala sa sarili at masaya. Ang ating damdamin, katawan, at espirituwalidad ay pawang magkakaugnay."

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Kabataan

- Sama-samang basahin ang artikulo ni Elder Ochoa at magplano ng ehersisyo para sa pamilya na may partikular at makatotohanang mithiin sa pagiging malusog.
- Kasama ang inyong mga anak na tinedyer, basahin ang bahagi tungkol sa kalusugang pisikal at emosyonal sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (mga pahina 25–27). Talakayin ang ibig sabihin ng maging malusog ang emosyon o panatag ang damdamin.
- Sama-samang kantahin ang "Kayrami Man ng Pagsubok" (*Mga Himno,* blg. 69) at talakayin kung ano ang itinuturo sa atin ng pagkabuhay na mag-uli tungkol sa kahalagahan ng ating pisikal na katawan.
- Pag-aralan ang mga talata sa banal na kasulatan na nakalista sa artikulong ito at talakayin kung ano ang itinuturo nito tungkol sa kalusugang pisikal at emosyonal.

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Bata

- Ipakita sa inyong anak ang larawan ng isang templo. Talakayin kung ano ang ibig sabihin ng itinuro ni Apostol Pablo na ang ating katawan "ang templo ng Espiritu Santo" (I Mga Taga Corinto 6:19) at kung paano makakatulong iyan sa atin na pangalagaan ang ating katawan at isipan.
- Gumawa ng listahan ng makabuluhang mga gawaing panlibangan na gustong gawin ng inyong anak bilang pamilya. Pagkatapos ay planuhin kung paano magagawang bahagi ng buhay-pamilya ang mga aktibidad na ito.
- Talakayin kung paano mauunawaan at mapipigilan ang damdamin, pati na ang galit o kalungkutan. Kantahin ang "Kung Ikaw ay Masaya" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 125), "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 40), o isa pang awitin tungkol sa damdamin at pagpili ng tama. ■

### KAUGNAY NA MGA BANAL NA KASULATAN

Mga Kawikaan 16:32
Daniel 1:3–20
Lucas 21:19
Mga Taga Roma 12: 1–2
I Mga Taga Corinto 6:19–20
I Mga Taga Tesalonica 5:14
Alma 38: 12; 53:20
Doktrina at mga Tipan 88:15; 89

PAGLALARAWAN NI TAIA MORLEY

# MGA BALITA SA SIMBAHAN

*Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.*

## Maaaring Humiling ng Priesthood Line of Authority ang mga Miyembro

**Ni Ryan Morgenegg**
*Mga Balita sa Simbahan*

Ang Simbahan ay maaari na ngayong magbigay ng impormasyon tungkol sa priesthood line of authority bilang serbisyo sa mga miyembro na hihiling nito. Ang priesthood line of authority ay ang pagkakasunud-sunod ng mga ordinasyon na matutunton pabalik sa pagsisimula ng Simbahan hanggang sa Tagapagligtas.

Bagama't ang isang priesthood holder sa katungkulang Pitumpu ay maaaring isama sa personal line of authority ng isang miyembro, walang hiwalay na line of authority para sa katungkulan ng Pitumpu. Gayundin, ang priesthood line of authority ng naorden na mga bishop at patriarch ay matutunton sa kanilang ordinasyon bilang high priest.

Impormasyon lamang tungkol sa mga Melchizedek Priesthood line of authority ang maaaring hilingin mula sa Simbahan; walang makukuhang mga Aaronic Priesthood line of authority. Ang mga miyembro ay maaaring humiling ng impormasyon tungkol sa Melchizedek Priesthood line of authority para lamang sa kanilang sarili, sa isang anak na nakatira sa bahay nila, o sa isang binatang missionary na kasalukuyang nasa misyon. Ang mga dokumentong ito ay hindi mga opisyal na rekord ng Simbahan.

Kung nais ninyong hilingin ang inyong priesthood line of authority, isama ang inyong buong legal na pangalan, petsa ng kapanganakan, membership record number (makukuha sa temple recommend o sa inyong ward clerk), pangalan ng taong nag-orden sa inyo sa katungkulang elder o high priest (kung alam), at kung saan ito ipadadala at ang numero ng inyong telepono o email address.

Ipadala ang inyong kahilingan sa:
Priesthood Line of Authority
Global Service Center
120 North 200 West
Salt Lake City, Utah 84103-1514, USA
Fax: 1-801-240-6816
Telepono: 1-800-453-3860, extension 2-3500
Email: Magpadala ng email sa lineofauthority@ldschurch.org na may "PLA" sa subject line. Tatanggap naman kayo ng isang form na pupunan at ibabalik (may automated reply sa anumang mensaheng may nakasulat na "PLA" sa subject line). ■

*INOORDEN NI CRISTO ANG LABINDALAWANG APOSTOL,* NI HARRY ANDERSON © IRI



***Ang priesthood line of authority para sa mga nagsasagawa ng mga ordenansa ay matutunton pabalik sa Tagapagligtas.***



LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG MONGOLIA ULAANBAATAR MISSION

***Binuo ng mga mananayaw na may mga pamaypay ang numerong "20" sa pagtatanghal na idinaos upang ipagdiwang ang ika-20 anibersaryo ng Simbahan sa Mongolia.***

## Ipinagdiwang ng Mongolia ang Ika-20 Taon ng Simbahan

Noong Lunes, Abril 15, 2013, mahigit 300 miyembro ng Simbahan ang nagtipon sa Zaisan Hill sa Ulaanbataar, Mongolia, upang ipagdiwang ang ika-20 anibersaryo ng Simbahan sa bansang iyon. Isang koro na may 50-miyembro ang kumanta, at ang grupo ay nakinig sa nakarekord na tinig ni Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) habang inilalaan niya ang Mongolia para sa pagtuturo ng ebanghelyo noong 1993.

Nakita ni Elder Tai Kwok Yuen, dating miyembro ng Asia Area Presidency na kasama ni Elder Maxwell sa Mongolia noong 1993, kung paano "patuloy na kumikilos ang kamay ng Panginoon sa bahaging ito ng Kanyang ubasan."

Iba't ibang aktibidad ang idinaos sa buong linggo ng anibersaryo. Isang mission reunion ang dinaluhan ng 200 mga returned missionary. Mahigit 1,000 Mongolian ang nakapaglingkod bilang mga full-time missionary—halos 1 sa bawat 10 miyembro sa Mongolia. Ang pagbibinyag ay idinaos sa buong Mongolia sa Biyernes ng gabi; 24 na tao ang nabinyagan sa araw na iyon. Si Mary N. Cook, na ini-release kamakailan mula sa Young Women general presidency, ay nagsalita sa Young Women devotional, at isang family history open house ang nagpalabas ng isang video na may mga instruksyon para sa bagong Family Tree project. Isang malaking pagtatanghal ang nagtampok sa mayamang kultura ng Mongolia at mga talento ng maraming miyembro ng Simbahan.

## Nagdiwang ng Anibersaryo at Tumulong sa Pagtatanim ng mga Puno ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Haiti

Noong Mayo 1, 2013, nakibahagi ang mga miyembro ng Simbahan sa Haiti sa isang malawakang proyekto ng pagtatanim ng puno na idinaos sa buong bansa. Napakaraming mga batang puno ang itinanim sa unang araw ng proyekto, at marami pang susunod. Kapag tapos na ang proyekto, mga 400,000 mga bagong puno ang lalago sa Haiti, kabilang na ang mga puno ng lemon, dalandan, niyog, papaya, at oak.

Binili ng Simbahan ang mga puno bilang bahagi ng patuloy nitong pagsuporta sa pagbangon ng Haiti sa pinsala ng lindol. Dahil sa proyekto ang mga miyembro ay nakapaglingkod para sa pagdiriwang ng ika-30 anibersaryo ng Simbahan sa bansang ito. Tatlong dekada na ang nakararaan binisita ni Pangulong Thomas S. Monson, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang Haiti at inilaan ang lupain para sa pangangaral ng ipinanumbalik na ebanghelyo.

Si Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol ay naroon sa Haiti sa pagdiriwang ng anibersaryo at nangulo sa pag-aalis ng takip ng isang commemorative plaque na tanda ng pagsisimula ng Simbahan sa Haiti.

## Nagbigay ang Simbahan ng Isang Milyong Libra ng Pagkain sa Feeding America

Noong Mayo 2013 ang Simbahan, sa pamamagitan ng organisasyon nito sa pagkakawanggawa na Latter-day Saint Charities, ay nagbigay ng mahigit isang milyong libra ng pagkain sa Feeding America, ang pinakamalaking nonprofit hunger-relief organization sa Estados Unidos. Ang donasyon ay kinabilangan ng mga de-latang pagkain tulad ng mga prutas, gulay, at beans, na ipamamahagi sa mga pamilyang nangangailangan sa iba't ibang komunidad at tahanan sa Estados Unidos.

Sinabi ni Bob Aiken, president at chief executive officer ng Feeding America, na ang donasyon ay makapaglalaan ng mga 625,000 pagpapakain.

***Ang mga missionary at miyembro sa Haiti ay nagtatanim ng mga puno sa kabundukan sa kabiserang lungsod ng Port au Prince, na makikita sa background.***




LARAWANG KUHA NI JASON SWENSEN



**Ni Elder Quentin L. Cook**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# GAMPANANG MABUTI ANG IYONG TUNGKULIN



Madalas ikuwento ni Pangulong David O. McKay (1873–1970) ang isang pangyayaring naganap nang magmisyon siya sa Scotland. Nangulila siya pagkaraan lamang ng maikling panahon sa misyon at nag-ikut-ikot nang ilang oras sa kalapit na Stirling Castle. Pagbalik nila ng kanyang kompanyon mula sa pagbisita sa kastilyo, may nadaanan silang gusali na may nakaukit na sipi sa batong nasa ibabaw ng pintuan, na karaniwang sinasabing kay Shakespeare, na mababasang, “Maging Ano Ka Man, Gampanang Mabuti ang Iyong Tungkulin.”

Sa paggunita sa karanasang ito, ipinaliwanag ni Pangulong McKay: “Sinabi ko sa sarili ko, o ng Espiritung sumaakin, ‘Ikaw ay



*Maging matwid. Bumuo ng isang pamilya. Maghanap ng angkop na paraan para matustusan ang pamilya. Maglingkod kapag tinawag. Maghandang humarap sa Diyos.*

LARAWAN NI ELDER QUENTIN L. COOK NA KUHA NI CRAIG DIMOND; MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT DAVIS

miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Higit pa riyan, narito ka bilang kinatawan ng Panginoong Jesucristo. Tinanggap mo ang responsibilidad bilang kinatawan ng Simbahan.' Pagkatapos ay naisip ko ang [tungkol sa] ginawa namin noon bago sumapit ang tanghali. Nag-ikut-ikot kami; tinuruan kami at nagtamo ng kaalaman tungkol sa kasaysayan, iyon ay totoo, at tuwang-tuwa ako roon. . . . Gayunman, hindi iyon gawaing misyonero. . . . Tinanggap ko ang mensaheng ibinigay sa akin sa batong iyon, mula noon ay sinikap na naming gawin ang aming tungkulin bilang mga missionary sa Scotland."[1]

Napakahalaga ng mensaheng ito at napakalaki ng epekto nito sa kanya kaya habambuhay itong naging inspirasyon ni Pangulong McKay. Nagpasiya siya na anuman ang kanyang responsibilidad, gagawin niya ang lahat.

### Iwasang Kumilos nang Wala sa Ayos

Dahil sa malaking potensiyal ninyo na nakababatang henerasyon ng Simbahan na makagawa ng kabutihan, ano ang ipinag-aalala ko sa kinabukasan ninyo? Ano ang maipapayo ko sa inyo? Una, mahaharap kayo sa matinding pamumuwersang kumilos nang wala sa ayos—magbalatkayo—at maging isang taong kaiba sa inyong pagkatao o sa taong gusto ninyong kahinatnan.

Sa kasaysayan ng Simbahan noong araw, sina Propetang Joseph, Emma, at ang kambal nilang sina Joseph at Julia na 11 buwan ay nasa Hiram, Ohio, sa tahanan nina John at Alice Johnson. May tigdas ang dalawang bata. Natutulog si Joseph at ang kanyang musmos na anak sa isang tiheras malapit sa pintuan sa harapan.

Sa gabi pumasok sa pintuan ang isang grupo ng kalalakihang may pinturang itim sa mukha at kinaladkad ang Propeta palabas, kung saan nila binugbog at binuhusan ng alkitran ito at si Sidney Rigdon.


Ang lubhang nakalulunos na bahagi ng pandurumog na ito ay ang pagkalantad ng munting si Joseph sa malamig na hangin sa gabi at sinipon nang malubha nang

kaladkarin ang kanyang ama palabas. Dahil dito, namatay siya makalipas ang ilang araw.[2]

Pininturahan din ng mga nakilahok sa Pagpaslang sa Propeta at sa kanyang kapatid na si Hyrum ang kanilang mukha para itago ang tunay nilang pagkatao.[3]

Sa ating panahon, na mas madali nang hindi magpakilala, may mahahalagang tuntunin sa hindi pagbabalatkayo at sa "katapatan [sa] pananampalataya[ng] ipaglalaban."[4]

Ang isa sa pinakamalalakas na proteksyon ninyo laban sa pagpili ng masama ay ang huwag itago ang tunay ninyong pagkatao. Kung nasumpungan ninyo na gusto ninyong gawin ito, dapat ninyong malaman na ito ay tanda ng panganib at isa ito sa mga kasangkapan ng kaaway para mahikayat kayong gawin ang isang bagay na hindi ninyo dapat gawin.



***Ginampanang mabuti ni Elder L. Tom Perry ang kanyang tungkulin habang nasa Japan siya.***

Karaniwan na ngayon ang pagtatago ng tunay na pagkatao kapag sumusulat ng kasuklam-suklam, malupit, at panatikong mga pakikipag-usap online nang hindi nagpapakilala. Ang tawag dito ng ilan ay *flaming* o pagpo-post ng masasakit na salita sa Internet.

Isinulat ni Apostol Pablo:

"Huwag kayong padaya: Ang masasamang [pag-uusap] ay sumisira ng magagandang ugali.

"Gumising kayo ng ayon sa katuwiran, at huwag mangagkasala; sapagka't may mga ibang walang pagkakilala sa Dios" (I Mga Taga Corinto 15:33–34).

Malinaw na ang masasamang pag-uusap ay hindi lamang masamang pag-uugali. Kapag ginawa ito ng mga Banal sa mga Huling Araw, masama ang magiging epekto nila sa mga taong walang alam tungkol sa Diyos o walang patotoo sa Tagapagligtas.

Ang anumang paggamit ng Internet para mang-inis, manira ng reputasyon, o magpahiya ng tao ay maling-mali. Nakikita natin sa lipunan na kapag nagbabalatkayo at hindi nagpapakilala ang mga tao, mas nakakagawa sila ng ganitong klaseng paninira, na lubhang nakakasira sa magandang pag-uusap. Nilalabag din nito ang mga pangunahing alituntuning itinuro ng Tagapagligtas.

Ipinaliwanag ng Tagapagligtas na hindi Siya naparito upang hatulan ang sanlibutan kundi upang iligtas ang sanlibutan. At inilarawan niya ang ibig sabihin ng kahatulan:

"At ito ang kahatulan, na naparito ang ilaw sa sanglibutan, at inibig pa ng mga tao ang kadiliman kay sa ilaw; sapagka't masasama ang kanilang mga gawa.

"Sapagka't ang bawa't isa na gumagawa ng masama ay napopoot sa ilaw, at hindi lumalapit sa ilaw, upang huwag masaway ang kaniyang mga gawa.

"Datapuwa't ang gumagawa ng katotohanan ay lumalapit sa ilaw, upang mahayag na ang kaniyang mga gawa ay ginawa sa Dios" (Juan 3:19–21; tingnan din sa mga talata 17–18).

Hindi kailangang magbalatkayo ang mabubuti para itago ang kanilang tunay na pagkatao.

### Kumilos Ayon sa Inyong mga Tunay na Pinaniniwalaan

Kumilos kayo ayon sa inyong mga tunay na pinaniniwalaan sa pamamagitan ng pag-uukol ng oras ninyo sa mga bagay na magpapatatag at magpapaunlad sa inyong pagkatao at tutulong sa inyo na maging higit na katulad ni Cristo. Sana'y hindi isipin ng sinuman sa inyo na ang buhay ay puro saya at laro lamang kundi isang panahon para "maghanda sa pagharap sa Diyos" (Alma 34: 32).

Isang napakagandang halimbawa ng pagganap sa inyong tungkulin at angkop na paggamit ng oras ang makikita sa buhay ni Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, nang siya, bilang isang marino, ay naging bahagi ng sumasakop na puwersa ng Estados Unidos sa Japan sa pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ikinuwento ito ni Elder Perry nang itala niya ang kanyang natatanging pagsaksi sa Tagapagligtas.

"Kasama ako sa unang bugso ng mga Marino sa dalampasigan ng Japan kasunod ng paglagda sa kasunduang pangkapayapaan nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Pagpasok namin sa nawasak na lungsod ng Nagasaki, isa iyon sa pinakamalulungkot na karanasan ko

LARAWAN NI ELDER L. TOM PERRY © IRI

sa buhay. Malaking bahagi ng lungsod ang tuluyang nasira. Ang ilan sa mga namatay ay hindi pa nailibing. Bilang mga sundalo, nagtayo kami ng headquarters at nagsimula nang kumilos.

"Napakahirap ng sitwasyon, at gusto pang makatulong ng ilan sa amin. Nagpunta kami sa aming division chaplain at humingi ng pahintulot na muling itayo ang mga simbahang Kristiyano. Dahil sa paghihigpit ng gobyerno noong panahon ng digmaan, halos hindi na [nagamit] ang mga simbahang ito. Ang ilang gusali ay lubhang nasira. Isang grupo namin ang nagboluntaryong kumpunihin at palitadahang muli ang mga kapilyang ito kapag wala kaming trabaho para muling makapagdaos ng serbisyo doon ang mga Kristiyano.

". . . Nakita namin ang mga pastor na hindi nakapagsilbi noong panahon ng digmaan at hinikayat namin silang mangaral muli sa kanilang pulpito. Nagkaroon kami ng matinding karanasan sa mga taong ito nang muli silang magkaroon ng kalayaang ipamuhay ang kanilang mga paniniwala bilang Kristiyano.

"May nangyari noong pauwi na kami mula sa Nagasaki na hinding-hindi ko malilimutan. Habang pasakay kami ng tren na magdadala sa amin sa aming mga barko para umuwi, tinukso kami ng maraming iba pang marino. Kasama nila ang kanilang mga kasintahan at nagpapaalam na sila sa mga ito. Pinagtawanan nila kami at sinabihan na pinalagpas namin ang kasiyahan sa Japan. Nagsayang lang daw kami ng oras sa pagtatrabaho at pagpapalitada ng mga pader.

"Sa kasukdulan ng kanilang panunukso, sa isang maliit na burol malapit sa istasyon ng tren ay nagdatingan ang mga 200 sa mababait na Kristiyanong Hapones na ito mula sa mga simbahang kinumpuni namin, na kumakanta ng 'O mga Sundalong Sakop ni Cristo.' Bumaba sila at binigyan kami ng napakaraming regalo. Pagkatapos ay humanay silang lahat sa gilid ng riles. At nang umandar na ang tren sa riles, inabot namin ang aming mga kamay at hinipo ang kanilang mga daliri habang papaalis kami. Hindi kami makapagsalita; napakatindi ng aming kalungkutan. Ngunit nagpasalamat kami na nakatulong kami sa ilang maliliit na paraan sa muling pagtatatag ng Kristiyanismo sa isang bansa pagkaraan ng digmaan."[5]

Mag-isip sana kayong mabuti at maging maagap sa pagpili kung paano ninyo gagamitin ang oras ninyo. Tulad ng nakikita ninyo sa halimbawa ni Elder Perry, hindi ko sinasabing ipaalam ninyo sa lahat ang inyong relihiyon o ipakitang tapat kayo kahit hindi. Maaaring mapahiya ka at ang Simbahan dahil diyan. Ang sinasabi ko ay maging katulad kayo ng dapat ninyong kahinatnan.



*Ang isa sa pinakamalalakas na proteksyon ninyo laban sa pagpili ng masama ay ang huwag itago ang tunay ninyong pagkatao.*

## Magtakda ng Tamang mga Mithiin

Ang ikatlong payo ko ay may kaugnayan sa ilan sa mga mithiing dapat ninyong isaalang-alang. Halos kasabay ng pananatili ni Elder Perry sa Japan bilang marino, naglingkod si Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, sa Japan sa air force sa pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Noong 2004, sinamahan ko si Pangulong Packer at ang iba pa sa Japan. Nagkaroon siya ng pagkakataong balikan ang ilan sa mga lugar na kanyang napuntahan at balikan ng tanaw ang ilan sa mga karanasan at desisyong ginawa niya noong panahong iyon. Sa kanyang pahintulot,



*Napagpala si Pangulong Boyd K. Packer sa pagtatakda ng mabubuting mithiin.*

ibabahagi ko ang ilan sa kanyang mga naiisip at nadarama.

Inilarawan ni Pangulong Packer ang mga naranasan niya sa isang pulo sa baybayin ng Okinawa. Itinuturing niya ito na kanyang bundok sa ilang. Pinalalim ng kanyang personal na paghahanda at pakikipag-usap sa iba pang mga miyembro ang kanyang paniniwala sa mga turo ng ebanghelyo. Ang kulang pa sa kanya ay katibayan—tiyak na kaalaman tungkol sa mga bagay na nadama na niyang totoo.

Inilarawan ng sumulat ng talambuhay ni Pangulong Packer ang nangyari: "Salungat sa kapayapaan ng katibayang hinangad niya, naharap siya sa impiyerno ng digmaan laban sa mga walang-muwang. Sa paghahanap ng oras na mapag-isa at makapag-isip, umakyat siya, isang araw, sa isang burol na mas mataas sa karagatan. Doo'y nakita niya ang mga labi ng natupok na kubo ng isang magbubukid, ang nakaligtaang bukid ng kamote na kalapit nito. At sa gitna ng lantang mga pananim nakita niya ang mga bangkay ng isang pinaslang na ina at dalawang anak nito. Ang tanawin ay pumuspos sa kanya ng kalungkutan na may halong pagmamahal sa sarili niyang pamilya at sa lahat ng pamilya."[6]

Pagkaraa'y pumasok siya sa loob ng isang pansamantalang hukay, kung saan siya nagmuni-muni, nagnilay-nilay, at nanalangin. Nang gunitain ni Pangulong Packer ang pangyayaring ito, inilarawan niya ang tatawagin kong nagpapatibay na espirituwal na karanasan. Nakadama siya ng inspirasyon tungkol sa nararapat niyang gawin sa kanyang buhay. Mangyari pa, wala siyang kamalay-malay na tatawagin siya sa mataas at banal na tungkuling hawak niya ngayon. Ang pangarap niya noon ay maging isang guro, na nagbibigay-diin sa mga turo ng Tagapagligtas. Nagpasiya siya na mamumuhay siya nang matwid.

Nakintal sa isip niya na kailangang makahanap siya ng mabuting asawa at magkasama nilang bubuuin ang isang malaking pamilya. Natanto ng binatang sundalong ito na ang pinili niyang trabaho ay maglalaan ng sapat na kita at na kailangan silang magkaisa ng kanyang mahal na kabiyak sa mga prayoridad na iyon at maging handang mamuhay nang walang ilang materyal na bagay. Para kay Pangulong Packer, si Sister Donna Packer ang perpektong kabiyak na iyon. Hindi sila nagkaroon ng sobrang pera kailanman, ngunit hindi nila nadama na napagkaitan sila sa anumang paraan. Nagkaroon sila ng 10 anak, at nagsakripisyo sila. Ngayon ay mayroon na silang 60 apo at mahigit 80 apo-sa-tuhod.

Ikinuwento ko ang totoong salaysay na ito dahil ang ating mga mithiin kadalasan ay batay sa mga pinahahalagahan ng mundo. Talaga namang simple lang ang mahahalagang bagay na kailangang gawin ng mga miyembrong nakatanggap ng nakapagliligtas na mga ordenansa. Maging matwid. Bumuo ng isang pamilya. Maghanap ng angkop na paraan para matustusan ang pamilya. Maglingkod kapag tinawag. Maghandang humarap sa Diyos.

Itinuro ng Tagapagligtas na "ang buhay ng tao ay hindi sa kasaganaan ng mga bagay na tinatangkilik niya" (Lucas 12:15).

## Patatagin ang Inyong Bansa at Komunidad

Bukod sa personal na mga katangian, kahusayan, at pagpapasiya, para kayo maging henerasyon na kailangan ninyong kahinatnan, patatagin ninyo ang bansa at komunidad na inyong tinitirhan. Kailangan ng inyong henerasyon na protektahan ang kabutihan at kalayaan sa relihiyon. Ang

LARAWAN NI PANGULONG BOYD K. PACKER, HINDI MAAARING KOPYAHIN



*Ang pamana ng mga Judio at Kristiyano sa atin ay hindi lamang katangi-tangi kundi mahalaga rin sa plano ng ating Ama sa Langit. Kailangan natin itong ingatan para sa darating na mga henerasyon.*

pamana ng mga Judio at Kristiyano sa atin ay hindi lamang katangi-tangi kundi mahalaga rin sa plano ng ating Ama sa Langit. Kailangan natin itong ingatan para sa darating na mga henerasyon. Kailangan tayong makisama sa mabubuting tao, pati na sa mga miyembro ng lahat ng relihiyon—lalo na sa mga taong nakadarama na pananagutan nila sa Diyos ang kanilang ginagawa. Sila ang mga taong makauunawa sa payo na "maging ano ka man, gampanang mabuti ang iyong tungkulin." Ang matagumpay na pagdaragdag ng mga pinahahalagahan ng mga Judio at Kristiyano at kalayaan sa relihiyon ay magiging tanda na ang inyong henerasyon ang dakilang henerasyong nararapat nitong kahinatnan.

Sa mga hamon sa mundo ngayon, partikular na ipinapayo ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol na makilahok kayo sa pulitika at iboto ang karapat-dapat sa bansang inyong tinitirhan. Ang Simbahan ay walang kinikilingan sa eleksyon at hindi sumusuporta sa mga kandidato o partido. Gayunman, inaasahan namin na ang ating mga miyembro ay magiging lubos na abala sa pagsuporta sa mga kandidato at partidong pinili nila batay sa mga tuntuning magtataguyod sa mabuting pamamahala. Malinaw ang ating doktrina: ang "matatapat at marurunong . . . ay nararapat na matiyagang hanapin" (D at T 98:10).

Malaki ang tiwala namin sa inyo. Ang pamunuan ng Simbahan ay taos-pusong naniniwala na maitatayo ninyo ang kaharian nang higit pa sa nagdaang henerasyon. Hindi lamang nasa inyo ang aming pagmamahal at tiwala [kundi] pati [na] rin ang aming mga panalangin at basbas. Alam namin na ang tagumpay ng inyong henerasyon ay mahalaga para patuloy na mapatatag ang Simbahan at mapaunlad ang kaharian. Dalangin namin na gampanan ninyong mabuti ang inyong tungkulin habang umiiwas kayo sa pagsusuot ng balatkayo, kumilos kayo ayon sa inyong tunay na pagkatao, magtakda kayo ng angkop na mga mithiin, at patatagin ninyo ang inyong bansa at komunidad. ■

*Mula sa isang Church Educational System fireside para sa mga young adult na ibinigay sa Brigham Young University–Idaho noong Marso 4, 2012. Para sa buong teksto sa Ingles, bumisita sa lds.org/broadcasts/archive/ces-devotionals/2012/01?lang=eng.*

**MGA TALA**


1. David O. McKay, sa Francis M. Gibbons, *David O. McKay: Apostle to the World, Prophet of God* (1986), 45.
2. Tingnan sa Mark L. Staker, "Remembering Hiram, Ohio," *Ensign,* Okt. 2002, 32, 35.
3. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 26.
4. "Tapat sa Pananampalataya," *Mga Himno,* blg. 156.
5. L. Tom Perry, sa "Joy—for Us and Others—Comes by Following the Savior," http://lds.org/prophets-and-apostles/what-are-prophets-testimonies?lang=eng.
6. Lucile C. Tate, *Boyd K. Packer: A Watchman on the Tower* (1995), 58–59.

# *Mga* TINEDYER *at mga* TIPAN SA TEMPLO

*Dahil ibinaba ang edad na kailangan para sa mga full-time missionary, libu-libo pang tinedyer ang gumagawa ngayon ng mga tipan sa templo.*

**Nina Gary at Susan Carter**

Bilang mga temple worker, napagpala na kaming makausap ang mga young adult na pumapasok sa templo upang tanggapin ang sarili nilang endowment. Nakita namin na nakatulong sa kanila ang temple preparation seminar, pero mas malaki ang naging impluwensya ng mabubuting magulang at lider sa pagtulong sa kanila na maghandang gumawa ng mga tipan sa templo. Bilang mga magulang at lider, kailangan nating tulungan ang mga kabataan hindi lamang sa paghahandang maglingkod bilang full-time missionary, na tumatagal lamang nang ilang buwan, kundi maging sa paggawa at pagtupad ng mga tipan sa templo, na tumatagal hanggang sa kawalang-hanggan. Ang mga unang hakbang ay maaaring magsimula sa pagkabata.

## Paghahanda sa mga Bata

Maipapakita ng mga magulang sa kanilang mga anak ang kahalagahan ng templo sa pagsamba sa loob ng templo at pagbabahagi ng kanilang patotoo tungkol sa gawain sa templo. Maging sa mga lugar kung saan hindi posibleng makapunta sa templo nang madalas, maaaring itanim ng mga magulang sa isipan ng kanilang mga anak ang hangaring makapasok sa templo.

Itinuro ni Pangulong Howard W. Hunter (1907–95) sa mga magulang: “Ibahagi natin sa ating mga anak ang espirituwal na damdamin natin sa templo. At mas masigasig nating ituro sa kanila sa mas komportableng paraan ang mga bagay na nararapat nating sabihin tungkol sa mga layunin ng bahay ng Panginoon.”[1] Kailangang malaman ng ating mga anak na ang templo ay isang lugar kung saan natin natanggap ang mga sagot sa ating mga dalangin at nadarama natin ang pagmamahal ng Diyos.

Maaari ding ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak na asaming makakuha ng sarili nilang limited-use recommend at mamuhay nang karapat-dapat para dito upang magkaroon sila ng pagkakataong maging karapat-dapat pagsapit nila ng 12 taong gulang. Kapag panahon na para pumasok na sa templo ang mga kabataang ito, nakikita namin ang kanilang galak at pagmamalaki kapag ipinakita nila ang mga recommend na ito sa templo.

## Paghahanda sa mga Kabataan


Matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na makibahagi sa family history research para kapag 12 taong gulang na sila ay madala nila ang pangalan ng kanilang mga kamag-anak sa templo. Sa mga kabataang gumagawa nito, nangako si Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Ang pagmamahal at pasasalamat ninyo sa inyong mga ninuno ay mag-iibayo. Ang inyong patotoo at pananalig sa Tagapagligtas ay lalalim at mananatili. At ipinapangako ko na mapoprotektahan kayo laban sa tumitinding impluwensya ng kaaway.”[2]

Marami na kaming nakitang halimbawa ng katuparan ng pangakong ito. Kamakailan sinabi sa amin ng isang dalaga na matapos niyang masaliksik ang pangalan ng kanyang lola, nagpunta na siya sa templo upang gawin ang gawain para sa kanya. Nang binyagan daw siya para dito, nagkaroon siya ng malinaw na impresyon na sasalubungin siya ng kanyang lola sa kabilang-buhay. Ang mga karanasang katulad nito ay nagpapalakas ng patotoo at nagkikintal ng hangaring makibahagi sa iba pang mga ordenansa sa templo.

Marami sa mga kabataan ang natutuksong magsuot ng mahalay na kasuotan. Kapag ang mga magulang at lider

PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP





ay nagsusuot ng maganda at disenteng damit na masusuutan ng garment sa ilalim, matatanto ng mga kabataan na magagawa rin nila ito. Kailangang maunawaan ng mga kabataan na ang paraan ng kanilang pananamit at pagtrato nila sa kanilang katawan ay nagpapakita ng kanilang pagkadisipulo.

Matutulungan ng mga magulang ang mga kabataan na maghandang makapasok sa templo sa pagtulong sa kanila na maunawaan ang mga tipan na gagawin nila roon. Kabilang sa mga tipan sa templo ang mga pangako na "sundin ang batas ng mahigpit na kabutihan at kalinisang-puri, maging mapagmahal sa kapwa-tao, mapagkawanggawa, mapagparaya at dalisay; ialay kapwa ang talino at yaman sa pagpapalaganap ng katotohanan at pag-aangat ng lahi [ng tao]; panatilihin ang katapatan sa kapakanan ng katotohanan; at hangarin sa bawat paraan na tumulong sa malaking paghahanda upang ang daigdig ay maihanda sa pagtanggap sa kanyang Hari—ang Panginoong Jesucristo."[3] Mapapatotohanan ng mga magulang na ang mga kabataan ay tatanggap ng personal at nakaaantig na mga pagpapala habang sila ay nabubuhay kapag sinunod nila ang mga tipang ito, at ang mga tipang ito ay magiging mas makahulugan sa mga kabataan kapag tinulungan sila ng kanilang mga magulang na maunawaan na ang mga pagpapala at mga tipan ay kapwa ginawang posible sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Maraming paraan para maihanda natin ang ating mga anak at kabataan na matanggap ang mga pagpapala ng templo. Kapag mas handa sila, mas malamang na magkaroon sila ng kapayapaan at madama nila ang Espiritu at sa gayon ay magkaroon sila ng mga dakilang espirituwal na karanasan kapag tinanggap nila ang kanilang endowment. Ang isang nagbibigay-inspirasyong karanasan sa templo ay gagawin silang mas matatapat na disipulo ni Cristo at mahuhusay na missionary—na nahikayat na tulungan ang mga tinuturuan nila na maghandang tanggapin ang sarili nilang sagradong mga ordenansa sa templo. ■

**MGA TALA**

1. Howard W. Hunter, "Follow the Son of God," *Ensign,* Nob. 1994, 88.
2. David A. Bednar, "Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalikloob," *Liahona,* Nob. 2011, 26–27.
3. James E. Talmage, sa *Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo* (2002), 37–38.

# ANG DAKILANG Pamana ng mga Misyonero SA ATIN

*Lahat ng missionary, noon o ngayon, ay naglilingkod sa pag-asang mas mapabuti ang buhay ng ibang tao.*

**Nina LaRene Porter Gaunt at Linda Dekker Lopez**
Mga Magasin ng Simbahan

Ipinagpapatuloy ng mga missionary ngayon ang dakilang pamana na punuin ang mundo ng kaalaman tungkol sa Panginoon (tingnan sa Isaias 11:9). Mula kay Abraham hanggang kay Pablo at kay Ammon at kay Wilford Woodruff, ang mga missionary sa mga banal na kasulatan at kasaysayan ng Simbahan ay naglalaan ng magagandang huwaran sa mga makabagong missionary.

Tayo man ay mga member missionary, naghahandang maglingkod bilang full-time missionary, naglilingkod sa mission, o pauwi na mula sa mission, makakahugot tayo ng tapang at inspirasyon sa mga halimbawang ito.

### Ang Pamana sa Atin ng mga Misyonero sa Biblia at Mahalagang Perlas

Ang mga misyonero sa Lumang Tipan, tulad ni Jonas, ay tinawag upang maghatid ng babala sa mga tao (tingnan sa Ezekiel 3:17–19). Mula sa halimbawa ni Jonas nakikita natin ang kahalagahan ng pagsisisi at pagsunod. Itinuturo sa atin ng kuwento ni Abraham ang angkan at kapangyarihan ng Melchizedek Priesthood.


Ang mga misyonero sa Bagong Tipan, tulad nina Pedro at Pablo, ay nagsikap na pangalagaan ang mga turo ni Jesucristo. Gayunman, sa paglipas ng panahon ay nag-apostasiya ang mundo. Ipinanumbalik ng Diyos ang ebanghelyo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Ngayon ay sinisikap natin, tulad ng ginawa ng mga misyonerong iyon, na pangalagaan at ibahagi ang mga turo ni Jesucristo.



© 2002 DANIEL A. LEWIS

Si Jonas sa Dalampasigan ng Ninive, *ni Daniel A. Lewis. Nagsisi si Jonas at naglibot na nangangaral at nagpapatibay na naghahari si Jehova sa lahat ng dako at hindi lamang isang bansa o isang lahi ang Kanyang minamahal (tingnan sa Jonas 1–4).*

### ISANG TINIG NG BABALA



"Dahil mabait ang Panginoon, tumatawag Siya ng mga tagapaglingkod para balaan ang mga tao tungkol sa panganib. . . . Halimbawa ay si Jonas. Tinanggihan niya noong una ang tawag ng Panginoon na balaan ang mga tao ng Nineve na hindi nakakakita sa panganib ng kasalanan. Alam niya na tinanggihan na ng masasamang tao sa nagdaang mga panahon ang mga propeta at sa ilang pagkakataon ay pinapatay pa ang mga ito. Subalit nang humayo si Jonas nang may pananampalataya, pinagpala siya ng Panginoon ng kaligtasan at tagumpay."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ating Iparinig ang Ating Tinig na Nagbababala," *Liahona,* Ene. 2009, 3.**

SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM



SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

Sina Pedro at Juan sa Harap ng mga Pinuno sa Jerusalem, *ni Simon Vedder. Iniharap sina Pedro at Juan sa kapulungan, at tinanong sila ng mataas na saserdote, "[Hindi ba ibinabala] naming mahigpit sa inyo na huwag kayong mangagturo sa pangalang ito? at narito, pinuno ninyo ang Jerusalem ng inyong aral. . . . Datapuwa't [sumagot] si Pedro . . . at [nagsabi], Dapat muna kaming magsitalima sa Dios bago sa mga tao (Mga Gawa 5: 28–29).*

Si Apostol Pablo, *ni Karel Skreta. Sa kanyang mga paglalakbay at liham, nagbahagi si Pablo ng malakas na patotoo tungkol sa Tagapagligtas sa buong Asia Minor at sa malaking bahagi ng mundong ginagalawan nila noong panahong iyon.*




BPK, BERLIN / GEMAELDEGALERIE ALTE MEISTER, STAATLICHE KUNSTSAMMLUNGEN, DRES / ELKE ESTEL / HANS-PETER KLUT / ART RESOURCE, NY



Binasbasan ni Melchizedek si Abram [Abraham], *ni Walter Rane. Binasbasan ni Melchizedek si Abram (tingnan sa Genesis 14:18–20) at ibinigay rin nito sa kanya ang priesthood (tingnan sa D at T 84:14). Sa isa pang pagkakataon, nagpakita ang Panginoon kay Abram, na nagsasabing, "Hangad kong . . . gawin kang isang mangangaral upang dalhin ang aking pangalan sa isang di kilalang lupain. . . . At ikaw ay magiging isang pagpapala sa iyong mga binhi na susunod sa iyo, na sa kanilang mga kamay ay dadalhin nila ang pangangaral na ito at Pagkasaserdote sa lahat ng bansa" (Abraham 2:6, 9).*



© GARY L. KAPP, HINDI MAARING KOPYAHIN



## PAGTUTURO SA MGA WALANG PANANALIG

"Ang mga anak ni Mosias . . . ay nagpunta sa mga Lamanita. Hindi man nakahihikayat ng espirituwal na pag-unlad ang mga tradisyon ng mga Lamanitang ito, nakahikayat pa rin ng malaking pagbabago ang pagtuturo ng matatapat na misyonerong ito sa kanila. Alam natin na . . . 'kasindami ng mga Lamanita na naniwala sa kanilang pangangaral, at mga nagbalik-loob sa Panginoon, kailanman ay hindi nagsitalikod.' (Alma 23:6)."

**Elder James B. Martino ng Pitumpu, "Repentance That Brings Conversion,"** ***Ensign,*** **Set. 2012, 58.**

Si Ammon sa Harapan ni Haring Lamoni, *ni Gary L. Kapp. Iniligtas ni Ammon, isa sa mga anak ni Mosias, ang mga kawan ni Haring Lamoni. Nang tanungin ng hari si Ammon kung isinugo siya ng Diyos, sinabi ni Ammon na siya ay isang taong tinawag ng Banal na Espiritu upang ituro ang ebanghelyo "sa mga tao [ni Lamoni], upang sila ay madala sa kaalaman ng yaong makatarungan at totoo" (Alma 18:34).*

### Ang Pamana sa Atin ng mga Misyonero sa Aklat ni Mormon

Sina Alma, Amulek, mga anak ni Mosias, at Samuel na Lamanita ay ilan lamang sa mga dakilang huwaran ng mga misyonero na matatagpuan natin sa Aklat ni Mormon. Mula sa kanila ay nakikita natin ang mga halimbawa ng pagsisisi, pananampalataya, pagsunod, at katapangan. Gaya nila, makakaasa tayo sa inspirasyon at paghahayag mula sa Diyos upang gabayan ang ating paglilingkod bilang missionary.



Naghatid nga Siya ng Masayang Balita sa Aking Kaluluwa, *ni Walter Rane. Binisita ng isang anghel si Samuel na Lamanita at naghatid ito ng "masayang balita sa [kaluluwa ni Samuel]" hinggil sa pagparito ng Tagapagligtas (Helaman 13:6–7). Bilang bahagi ng kanyang tungkuling mangaral sa mga Nephita, inakyat ni Samuel ang pader ng lungsod ng Zarahemla at ibinahagi ang masayang balitang ito sa mga tao.*

### Ang Pamana sa Atin ng mga Misyonero sa Doktrina at mga Tipan

Pagkatapos ng Panunumbalik ng ebanghelyo, lubhang kinailangan ang mga misyonero. Ibinahagi ng mga misyonerong tulad nina Dan Jones, Orson Hyde, at Parley P. Pratt ang Aklat ni Mormon at ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ang ilan, gaya ng kapatid ni Propetang Joseph na si Samuel, ay naglingkod malapit sa kanilang tahanan. Ang iba naman ay naglakbay nang malayo para ibahagi ang ebanghelyo sa mga lugar na tulad ng Thailand, Sandwich Islands (Hawaii), Denmark, at England.

Ang mga unang misyonerong ito ay naglingkod nang matagal at sa maraming mission. Iniwan nila ang kanilang mga magulang, kasintahan, asawa, anak, at apo tulad ng ginagawa natin. Sila ay nagsisilbing mga halimbawa sa atin ngayon ng pananampalataya, katapangan, pagsunod, pagtitiis, at kasigasigan.



© IRI, SA KAGANDAHANG-LOOB NI ARNOLD FRIBERG

Mga Mangangaral na Mormon, *ni Arnold Friberg, batay sa orihinal na gawa ni Christen Dalsgaard. Ang tagpong ito ng isang sinaunang Latter-day Saint missionary na nagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo sa isang pamilyang Danish na nakatipon sa bahay nila sa lalawigan ay karaniwang halimbawa ng pagtuturo ng ebanghelyo noong ika-19 na siglo. Nagturo din ang mga misyonero sa mga kanto ng kalsada o sa mga pasilyo ng pamahalaang bayan.*



SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

Naghahanda si Wilford Woodruff para sa mga Pagbibinyag sa Benbow Farm, *ni Richard A. Murray. Inakay ng Panginoon si Wilford Woodruff noong 1840s sa bukirin ni John Benbow sa Herefordshire, England. "May isang lahi roon na matagal nang ipinagdarasal ang sinaunang kaayusan ng mga bagay-bagay," pagsulat ni Wilford. "Ang naging bunga nito ay, sa unang tatlumpung araw pagdating ko roon ay nakapagbinyag ako ng anim na raan. . . . Sa walong buwan kong pagsisikap sa bansang iyon nakapagdala ako ng isang libo't walong daang kaluluwa sa Simbahan. Bakit? Dahil may isang lahing handa nang tumanggap sa Ebanghelyo" ("Discourse,"* Deseret Weekly, *Nob. 7, 1896, 643).*

*Bininyagan ng kadarating na mga missionary ang mga katutubo sa Sandwich Islands (Hawaii) noon pa mang 1851. Kailan lang kinunan ang retratong ito.*



HINDI MAAARING KOPYAHIN

**Pagsandig sa Pamana sa Atin ng mga Misyonero**


Simula nang ipaalam ni Pangulong Thomas S. Monson sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2012 na maaari nang magmisyon ang mga kabataang lalaki at babae sa mas batang edad, libu-libong Banal sa mga Huling Araw ang nagmisyon.

Sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2013, idinagdag ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol ang kanyang patotoo tungkol sa gawaing misyonero at hinikayat ang bawat isa sa atin na maging mahalagang bahagi ng lumalaganap na himalang ito sa pagtulong sa paghahanap sa mga taong handang makinig sa ebanghelyo: "Yamang binigyang-inspirasyon ng Panginoon ang mas maraming missionary na maglingkod, ginigising din Niya ang isipan at pinalalambot ang puso ng mas maraming mabubuti at tapat na tao upang tanggapin ang Kanyang mga missionary. Kilala na ninyo sila o makikilala pa lang ninyo sila. Sila ay nasa inyong pamilya at nakatira sa inyong paligid. Nadaraanan nila kayo sa kalye, nakakatabi kayo sa eskuwela, at nakakausap kayo sa Internet" ("Ito ay Isang Himala," *Liahona,* Mayo 2013, 78). ■

Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Kalsada, *ni Ken Spencer. Ang dalawang missionary na ito ay nagbabahagi ng ebanghelyo sa isang lalaki sa harapan ng isang bookstore sa New Brunswick, New Jersey, USA.*



SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM



## ANG IYONG MISSIONARY BADGE

"Kung hindi kayo full-time missionary na may nakakabit na missionary badge sa inyong polo, panahon na para isulat ito sa inyong puso—isinulat, tulad ng sabi ni Pablo, 'hindi . . . ng tinta, kundi ng Espiritu, ng Dios na buhay.' "

**Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ito ay Isang Himala," *Liahona* Mayo 2013, 78.**



SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

Ang mga Lamanita ay Mamumukadkad na Tulad ng Rosas, *ni Joselito Jesus Acevedo Garcia. Naipakita ng larawang ito ang diwa ng gawaing misyonero sa mga taong nagsasalita ng Espanyol. Dalawang missionary ang naghahandang magturo ng ebanghelyo habang patuloy na ginagawa ng mga tao ang kanilang pang-araw-araw na trabaho. Ang Lima Peru Temple, na nasa gitna ng maliliit na bahay at mga hayop sa lugar na iyon ay kumakatawan sa pag-unlad ng Simbahan.*




© IRI, SA KAGANDAHANG-LOOB NI JUEI ING CHEN

Walang Kupas na mga Missionary, *ni Juei Ing Chen. Ang mga miyembro ng Simbahan sa Taiwan, gaya ng mga member missionary sa lahat ng dako, ay hangad ibahagi ang kanilang kagalakan sa ebanghelyo at sa mga banal na kasulatan. Ang mga banal na kasulatan ay nasa ibabaw ng mesa; at ang mataas na asul ay lalagyan ng mga scroll na may larawan ng Taipei Taiwan Temple.*



SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

Mga Latter-day Saint Missionary sa Sierra Leone, *ni Emile Wilson. Ang unang mission sa Sierra Leone ay inorganisa sa Freetown noong Hulyo 1, 2007. Ang Freetown ang naging ika-3,000 stake sa Simbahan noong Disyembre 2, 2012.*



**Ni Elder Eduardo Gavarret**
Ng Pitumpu

# HANDA SA ARAW NG DIGMAAN

*Tayo nawa, sa pagtitiwala natin sa Tagapagligtas, ang Panginoon ng mga Hukbo, ay maging handa at hindi matisod sa larangan ng digmaan.*

Noong 1485, si Richard III ang nakaluklok sa trono ng England. Panahon iyon ng kawalan ng katatagan, at hindi lang minsan kinailangang ipagtanggol ni Richard ang kanyang korona. Ngunit isa siyang bihasang sundalong beterano, isang matapang at matalas ang isip na mandirigma na may hukbong kinabibilangan ng 8,000 hanggang 10,000 kalalakihan.

Sa taon ding iyon, isang tao na hangad maluklok sa trono ng England, si Henry Tudor, Earl ng Richmond, ang humamon at humarap kay Richard sa isang lugar na pinaghanguan ng itinawag sa digmaan: Bosworth Field. Si Henry, di-tulad ni Richard, ay kakaunti ang karanasan sa pakikipaglaban, at ang kanyang hukbo ay 5,000 lamang. Ngunit magagaling ang kanyang mga tagapayo—mga taong maharlika na nakasama na sa mga gayong digmaan, kabilang na ang ilang pakikidigma laban kay Richard. Sumapit ang umaga ng digmaan, at lahat ay nagpahiwatig na si Richard ang magtatagumpay.

Ibinuod sa isang bantog na dula ang mga pangyayari noong Agosto 22, 1485. Nang umagang iyon, naghanda si Haring Richard at ang kanyang mga tauhan na



MGA PAGLALARAWAN NI GREG NEWBOLD





harapin ang hukbo ni Henry. Ang mananalo sa digmaan ang magiging pinuno ng England. Bago nagsimula ang digmaan, nagsugo ng isang alipin si Richard para tingnan kung handa na ang paborito niyang kabayo.

"Sapatusan mo agad," pag-utos ng alipin sa panday. "Gustong manguna ng hari sa kanyang mga sundalo."

Sumagot ang panday na kailangan niyang maghintay. "Nasapatusan ko na ang buong hukbo ng hari nitong nakaraang ilang araw," sabi niya, "at kailangan kong kumuha pa ng bakal."

Sinabi ng naiinip na alipin na hindi siya makapaghihintay. "Sumusugod na ang mga kaaway ng hari, at kailangan namin silang harapin," sabi niya. "Gamitin mo na lang kung ano ang nariyan."

Tulad ng ipinag-utos, ginawa ng panday ang lahat ng makakaya niya, at gumawa ng apat na sapatos ng kabayo mula sa isang baretang bakal. Matapos gawin ang mga sapatos, ipinako niya sa kabayo ang tatlo rito. Gayunman, nang tangkain niyang ikabit ang ikaapat na sapatos, natanto niya na kulang ang pako.

"Kailangan ko ng isa o dalawa pang pako, at ipapako ko pa ang mga ito," sabi niya sa alipin.

Gayunman, hindi na makapaghintay ang alipin. "Naririnig ko na ang mga trumpeta," sabi nito. "Puwede bang gamitin mo na lang kung ano ang nariyan?"

Sumagot ang panday na gagawin niya ang lahat sa abot ng kanyang makakaya, ngunit hindi niya magagarantiyahan na kakapit na mabuti ang ikaapat na sapatos.

"Ipako mo na lang," pag-utos ng alipin. "At bilisan mo, at baka magalit si Haring Richard sa ating dalawa."


Hindi nagtagal nagsimula na ang digmaan. Para magkaisa ang kanyang mga tauhan, pabalik-balik na nangabayo si Richard sa pinagdarausan ng digmaan, na nakikipaglaban at nananawagan sa kanila na, "Sugod! Sugod!"

Gayunman, nang tumingin si Richard sa paligid, nakita niyang umaatras ang ilan sa kanyang mga tauhan. Sa takot na magsimulang umatras ang iba pa niyang mga sundalo, pinapaspasan niya ang takbo ng kabayo papunta sa mga tauhan niyang umaatras para hikayatin silang lumaban. Ngunit bago pa nakarating sa kanila si Richard, natisod ang kanyang kabayo at natumba, kaya tumilapon ang hari sa lupa. Natanggal ang isa sa mga sapatos ng kabayo, tulad ng pinangambahan ng panday, nang desperadong paspasan ng hari ang takbo ng kabayo.

Tumindig si Richard mula sa pagkatumba nang tumayo ang kanyang kabayo at kumaripas ng takbo. Habang papalapit ang hukbo ni Henry, ikinaway ni Richard ang kanyang espada, na sumisigaw, "Isang kabayo! Isang kabayo! Ang aking kaharian kapalit ng isang kabayo!"

Ngunit huli na ang lahat. Sa sandaling iyon, nagsisitakas





**ALALAHANIN ANG MALILIIT NA BAGAY**

"Maging masunurin sa mga turo ng propeta na nais ni Cristong sundin ninyo. Huwag balewalain ang kaligayahan sa hinaharap sa paggawa ng mga bagay na panandalian lamang sa halip na isabuhay ang magagandang alituntunin ng ebanghelyo. Alalahanin: ang maliliit na bagay ay humahantong sa malalaking bagay. Ang mga maling pasiya o kapabayaan na tila walang halaga ay maaaring humantong sa malalaking problema. Ang mas mahalaga, ang simple, palagian, at mabubuting gawi ay humahantong sa buhay na puno ng saganang mga pagpapala."

**Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Para sa Kapayapaan sa Tahanan," *Liahona,* Mayo 2013, 29.**

na ang mga tauhan ni Richard dahil sa takot sa pasugod na hukbo ni Henry, at natalo sila sa digmaan. Magmula noon binigkas na ng mga tao ang kasabihang:

*Dahil walang pako, natanggal ang sapatos,*
*Dahil walang sapatos, nawala ang kabayo,*
*Dahil walang kabayo, natalo sila sa digmaan,*
*Dahil natalo sa digmaan, nawala ang kaharian,*
*At lahat ng ito'y dahil walang pako ang sapatos ng kabayo.*[1]

### Pagkapit nang Mahigpit sa Ating mga Alituntunin

Habang iniisip ko ang kuwentong ito, naiisip ko kung paano nagbago ang mga pangyayari dahil sa isang bagay na kasingsimple ng sapatos ng kabayo na hindi naipakong mabuti. Maihahambing natin ang nawawalang pako sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Dahil sa kawalan ng mga alituntunin ng ebanghelyo at ng kaugnay na mga pinahahalagahan at kaugalian nito ay maaari tayong mawalan ng pag-asa sa larangan ng digmaan laban sa tukso at kasamaan.

Anong mga kaugalian ang hindi natin nagagawa sa ating buhay at pamilya? Kinaliligtaan ba natin ang ating personal na panalangin o panalangin ng pamilya? Ang masigasig na pag-aaral ng mga banal na kasulatan? Ang regular na family home evening? Ang pagbabayad ng buong ikapu? Paglilingkod sa ating mga kapatid? Paggalang sa araw ng Sabbath? Pagsamba sa templo? Pagmamahal sa ating kapwa?

Maaaring suriin ng bawat isa sa atin ang ating buhay at tingnan kung saan tayo nagkukulang—kung aling alituntunin o kaugalian ang kailangan nating mas *ikapit nang mahigpit* sa buhay natin at sa ating pamilya. Pagkatapos, kapag natukoy natin ang alituntunin o kaugaliang iyon, maaari tayong kumilos nang may kasigasigan at determinasyong *pukpukin na maigi ang pako*—na ipamuhay ang alituntuning iyon nang mas lubusan at mas ihanda ang ating sarili at ating pamilya na manindigan sa tama.

Sa Doktrina at mga Tipan, ipinayo ng Panginoon, "Taglayin ninyo ang turbante ng kaligtasan, at ang espada ng aking Espiritu, na aking ibubuhos sa inyo, at [a]ng aking salita, na aking ihahayag sa inyo, at . . . maging matapat hanggang sa ako ay pumarito" (27:18).

Sa Kanyang matatapat na tagapaglingkod, nangako ang Tagapagligtas, "Ang kanilang bisig ay magiging aking bisig, at ako ang kanilang magiging pananggalang at kanilang kalasag; at aking bibigkisan ang kanilang balakang, at sila ay matapang na makikipaglaban para sa akin; . . . at sa pamamagitan ng apoy ng aking kapootan sila ay aking pangangalagaan" (D at T 35:14).


Nawa'y matandaan natin na kung "ang kabayo ay handa laban sa kaarawan ng pagbabaka," sabi sa Mga Kawikaan, "ang pagtatagumpay ay sa Panginoon" (21:31). Nawa'y sundin natin ang paanyaya ni Moroni na "lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya" (Moroni 10:32). At tayo nawa, sa pagtitiwala natin sa Tagapagligtas, ang Panginoon ng mga Hukbo, ay maging handa at hindi matisod sa larangan ng digmaan laban sa kasamaan. ■

**TALA**

1. Tingnan sa "For Want of a Horseshoe Nail," sa William J. Bennett, ed., *The Book of Virtues: A Treasury of Great Moral Stories* (1993), 198–200.

# Pagpapabilis SA GAWAIN NG KALIGTASAN

*Kapag nag-aanyaya, nagmamahal, at naglilingkod tayo sa iba, nagiging tunay tayong mga disipulo ni Jesucristo at tumutulong tayong mapabilis ang gawain ng kaligtasan.*



PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

Bagama't kinasasabikan ang tungkol sa paggamit ng Internet ng mga full-time missionary sa gawaing misyonero at pagsama sa paglibot sa mga tao sa mga meetinghouse, ang mga pagbabagong iyan ay maliit na bahagi lamang ng malaking plano sa gawain ng kaligtasan. Ang mas mahalaga ay kung paano tayo naaakma bilang mga miyembro sa malaking plano ng pagpapabilis ng gawain ng kaligtasan. Hindi tayo inuutusang makibahagi sa isang bagong programa. Hinihikayat lamang tayong maging mga tunay na disipulo ni Jesucristo. Ang ating tungkulin ay mahalin at paglingkuran ang mga nakapaligid sa atin—tulungan ang isang katrabahong nangangailangan, anyayahan ang ating mga kaibigan sa binyag, tulungan ang isang matandang kapitbahay na linisin ang kanyang bakuran, anyayahan ang isang di-gaanong aktibong miyembro na kumain, o tulungan ang isang kapitbahay na gawin ang kanyang family history. Ang mga ito ay pawang natural at masasayang paraan ng pag-anyaya sa mga di-gaanong aktibong miyembro at di-miyembro sa ating buhay at kalaunan ay sa liwanag ng ebanghelyo. Ang isama sila sa masasayang oras at mga sagradong oras ng ating buhay ay maaaring siyang pinakamabisang paraan na "[magagawa ng sinuman sa atin sa] ubasan [ni Jesucristo] para sa kaligtasan ng mga kaluluwa ng [mga lalaki at babae]" (D at T 138:56).

### Ano ang Gawain ng Kaligtasan?

Ang gawain ng kaligtasan ay gawain ng Ama sa Langit na "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Ang mahalagang gawaing ito ay kinabibilangan ng gawaing misyonero ng mga miyembro, pagpapanatili sa mga nabinyagan, pagpapaaktibo sa di-gaanong aktibong mga miyembro, gawain sa templo at family history, at pagtuturo ng ebanghelyo.[1] Kadalasan, iniisip natin na hindi magkakaugnay ang mga aspetong ito ng ebanghelyo. Ngunit sa *Ang Gawain ng Kaligtasan: Pandaigdigang Brodkast sa Pamumuno* noong Hunyo 23, 2013, itinuro ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol na "magkakaugnay lahat iyan. Hindi magkakabukod ang mga pagsisikap na ito; lahat

ng ito ay bahagi ng gawain ng kaligtasan."[2]

Ang mga katagang "Pagpapabilis ng Gawain ng Kaligtasan"—ang titulo ng website ng brodkast (hasteningthework.lds.org)—ay tumutukoy sa pangako ng Panginoon: "Masdan, aking mamadaliin ang aking gawain sa panahon nito" (D at T 88:73).

Ang kailangang mga ordenansa ng priesthood—binyag, kumpirmasyon, ordinasyon sa priesthood para sa kalalakihan, at mga ordenansa sa templo—ay mahahalagang pangyayari sa landas ng ating buhay para makabalik sa ating Ama sa Langit. Kapag nakibahagi tayo sa gawain ng kaligtasan, tinatahak at hinihikayat natin ang iba na sundan ang landas na ito ng tipan.

## Ang mga Miyembro at Missionary ay Nagtutulungan sa Ilalim ng mga Susi ng Priesthood

Dumating na ang panahon upang muli tayong magtuon sa pangunahing alituntunin na ang ibig sabihin ng pagiging miyembro sa Simbahan ng Panginoon ay ang maglingkod nang lubos sa Kanyang gawain ng kaligtasan. Hawak ng mga stake president at bishop ang mga susi ng priesthood ng gawaing misyonero sa kanilang unit ng Simbahan[3] at tinutulungan nila ang mga miyembro na gawin ang gagawin ng mga tunay na disipulo ni Cristo—ibahagi ang liwanag ng ebanghelyo. Hawak ng mga mission president ang mga susi ng priesthood na nagbibigay-kakayahan sa kanila na pamahalaan ang gawain ng mga missionary na pinamumunuan



nila.[4] Ang mga full-time missionary ay sinasanay na magturo sa mga taong naihanda nang tanggapin ang ebanghelyo. Tinutulungan nila ang mga miyembro sa paggawa ng gawaing misyonero, hindi ang kabaligtaran nito. Kung gayon ay magkatuwang ang mga full-time missionary at mga member missionary sa paghahatid ng ebanghelyo sa buhay ng mga taong naihanda ng Panginoon na tanggapin ito.

Sa brodkast, sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: "Panahon na para ang mga miyembro at missionary ay magsama-sama, magtulungan, magsigawa sa ubasan ng Panginoon upang magdala ng mga kaluluwa sa Kanya. Naghanda Siya ng maraming paraan para maibahagi natin ang ebanghelyo, at tutulungan Niya tayo sa ating mga pagsisikap kung gagawin natin nang may pananampalataya ang Kanyang gawain."[5]

Binanggit ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol ang kahalagahan ng pagmamahal. Sabi niya, "Sama-sama tayong kumikilos nang may pananampalataya at pagkakaisa—nananalig na gagabayan ng Panginoon ang ating mga hakbang at pakikipagkaisa sa isa't isa at sa mga missionary, na laging pinasisigla ng pagmamahal natin [kay Jesucristo], sa isa't isa, at sa ating mga pinaglilingkuran."[6]

### Mga Ward Council ang Namumuno, mga Ward Mission Leader ang Nag-uugnay

Sa ilalim ng pamamahala ng bishop, pinadadali, sinusuportahan, at pinag-uugnay ng ward council ang mga ginagawa ng mga miyembro ng ward sa pamamagitan ng pagpaplano at pamumuno sa gawain ng kaligtasan para sa ward.[7]

Bilang miyembro ng ward council, ang ward mission leader ang "nag-uugnay ng gawain ng ward na maghanap, magturo, at magbinyag ng mga investigator. Iniuugnay niya ang gawaing ito sa gawain ng mga full-time missionary."[8]

Nang magsalita siya sa mga ward mission leader, sinabi ni Elder Nelson: "Tulungan [ang mga missionary na] punuin ang kanilang appointment book ng mga makabuluhang oportunidad at nakatakdang pagtuturo upang hindi na sila magbahay-bahay sa paghahanap ng mga taong tuturuan.



. . . [Kayo] ang nag-uugnay sa mga missionary, sa ward council, at sa mga miyembro ng ward."[9]

### Ang Tunay na Tanda ng Tagumpay

Bilang mga Banal sa mga Huling Araw mapalad tayong mabuhay sa panahong ito na pinabibilis ng Panginoon ang Kanyang gawain. Dahil may layunin ang Diyos sa pagsilang natin sa mundo sa panahong ito, may kakayahan tayong gumawa ng higit pa kaysa inaakala natin. Basta't tumutulong tayo nang may kabaitan at pagmamahal sa mga nangangailangan ng ating pakikipagkaibigan at tulong, hindi tayo mabibigo. Ang tagumpay ng missionary ay dumarating sa pagsunod sa inspirasyong dumadaloy sa ating puso't isipan at sa pag-anyaya lamang sa iba sa ating buhay na nakasentro sa ebanghelyo. Ang pag-anyaya ang tanda ng tagumpay, hindi kung magpapabinyag ang mga tao o magiging aktibo sila sa Simbahan. Tulad ng sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol tungkol sa malaking hukbo ng mga missionary na nagpupunta ngayon sa misyon: "Panahon na para sabihin nating, 'Narito na sila.' Dapat nating pagplanuhan at gamitin ang tulong na ito ng langit sa pinakamahusay na paraan."[10]

Panahon na para maunawaan nating lahat nang mas malinaw ang ating tungkulin sa pagpapabilis ng gawain ng kaligtasan. Kapag ginawa nating likas na bahagi ng ating buhay ang gawaing misyonero ng miyembro, pagpapanatili ng mga miyembro, pagpapaaktibo ng di-gaanong aktibong mga miyembro, gawain sa templo at family history, at pagtuturo ng ebanghelyo, lubos tayong magagalak at pagkakalooban tayo ng espirituwal na mga kaloob na kailangan natin para mapalakas ang Simbahan sa ika-21 siglo. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), kabanata 5.
2. Russell M. Nelson, *Ang Gawain ng Kaligtasan: Pandaigdigang Brodkast sa Pamumuno,* Hunyo 23, 2013, hasteningthework.lds.org.
3. Tingnan sa *Handbook 2,* 5.1.6; 5.1.9.
4. Tingnan sa *Handbook 2,* 5.1.6.
5. Thomas S. Monson, *Ang Gawain ng Kaligtasan,* hasteningthework.lds.org.
6. Neil L. Andersen, *Ang Gawain ng Kaligtasan,* hasteningthework.lds.org.
7. Tingnan sa *Handbook 2,* 5.1.2.
8. *Handbook 2,* 5.1.3.
9. Russell M. Nelson, *Ang Gawain ng Kaligtasan,* hasteningthework.lds.org.
10. Jeffrey R. Holland, *Ang Gawain ng Kaligtasan,* hasteningthework.lds.org.

Para sa video ng *Ang Gawain ng Kaligtasan: Pandaigdigang Brodkast sa Pamumuno* sa 26 na wika, bisitahin ang **hasteningthework.lds.org.** Makikita rin ninyong naka-archive ang brodkast sa 59 na wika sa **lds.org/broadcasts.** Ang *Handbook 2: Administering the Church* ay matatagpuan sa 29 na wika sa **lds.org/manual/handbook.**








MGA PAGLALARAWAN NINA JOHN LUKE AT CODY BELL

***Ang pagpapasakay niya sa mga missionary sa taksi ang naging simula ng pagtahak ni Roger Randrianarison sa landas tungo sa pagiging disipulo.***





MGA LARAWAN NG PAMILYA RANDRIANARISON NA KUHA NI MATTHEW D. FLITTON

# PAGIGING ISANG
# Tao ng Kapayapaan

*Ang templo, mission, at paglilingkod ay nakatulong kay Roger at sa kanyang pamilya na maging isang walang-hanggang pamilya.*

**Ni Matthew D. Flitton**
Mga Magasin ng Simbahan

Alam ni Roger Randrianarison na may kulang sa buhay ng kanyang pamilya.

"Nagdasal ako sa Diyos na tulungan akong makahanap ng isang bagay na aakay sa aking pamilya," sabi niya. "Hinangad kong akayin ang pamilya ko sa isang mabuting bagay, isang bagay na aakay sa amin sa tamang landas."

Nag-alala siya kung paano palalakihin ang kanyang tatlong anak—sina Randrianandry at Sedinirina na mga lalaki, at ang anak niyang babaeng si Nirina. Malungkot siya na nagkaroon ng mga hamon sa pamilya dahil madali siyang magalit. Gusto niyang maging mas mabait na magulang.


"Ipinasiya ko na ako ang kailangang magbago dahil nakita ko ang naging pagkatao ko," sabi niya.

Nawala kay Roger ang kanyang construction business ilang taon na ang nakararaan at nagtrabaho siya bilang drayber ng taksi sa Antananarivo, Madagascar. Isang araw dalawang sister missionary ang naisakay niya.

"Pagsakay nila sa kotse, itinanong nila ang pangalan ko at kung may pamilya ako," sabi niya. "Itinanong nila kung kilala ko ang Diyos at kung nagdarasal ako sa Kanya."

Kinantahan ng mga missionary si Roger habang nagbibiyahe at inanyayahan siya sa simbahan. Sinikap niyang magpunta nang ilang beses pero hindi niya ito maiakma sa iskedyul niya, at nawalan siya ng kontak sa mga missionary.

Makaraan ang mga limang buwan, nagtatrabaho si Roger sa bahay isang araw nang makarinig siya ng dalawang missionary na may kausap sa labas ng kanyang bakod. Alam ni Roger na pupunta sila para kausapin siya. Nadama niya na dapat niyang sagutin ng oo ang anumang itanong nila sa kanya.





*Ang pag-aaral ng ebanghelyo bilang pamilya ay nakatulong sa pamilya Randrianarison na maging mas malapit sa isa't isa.*

Matapos magpakilala, tinanong siya ng mga missionary kung may alam siya tungkol sa Diyos. Oo. Gusto ba niyang manalangin sa Diyos? Oo. Gusto ba niyang kausapin ang mga missionary? Oo. Kailan? Ngayon na. Sinabi ng mga missionary na babalik sila pagkaraan ng 20 minuto. Nang bumalik sila, may kasama na silang miyembro na nakatira sa malapit.

Tinuruan ng mga missionary si Roger nang maraming beses sa loob ng isang buwan sa bahay niya. Dahil sa mga narinig nilang laban sa Simbahan, ayaw magpaturo ng iba pa niyang mga kapamilya sa mga missionary. Pagkaraan ng isang buwan ng pag-aaral tungkol sa ebanghelyo, nagsimba si Roger na kasama ng mga missionary. Hinangaan niya ang malugod na pagtanggap sa kanya roon. "Tinanggap ako ng mga miyembro na para bang napakatagal na nila akong kilala," sabi niya.

Umuwi si Roger mula sa simbahan at sinabi sa kanyang pamilya na bibinyagan na siya sa susunod na buwan at malaya silang piliin kung sasapi sa Simbahan o hindi. Hiniling nila na maghintay siya para makasama niya sila. Nagsimula silang dumalo sa mga pulong at nasiyahan din sila sa kanilang naranasan.

Hindi malimutan ng panganay ni Roger na si Randrianandry ang una niyang pagdalo sa mga pulong ng Simbahan. "Sa unang pagsisimba ko nagulat ako dahil napakababa ng kalooban ng mga tao," sabi niya. "Una, angkop ang pananamit nila sa simbahan. Pagkatapos niyon natanto ko na naroon sila talaga para sa isang layunin, hindi lang para magyabang sa ibang tao."

Nabinyagan ang buong pamilya ng mga Randrianarison noong Pebrero 20, 2003. Noon ay 8 anyos si Nirina, 17 si Sedinirina, at si Randrianandry ay 19. Tumigil sa pagtatrabaho ang pamilya tuwing Linggo at ginawa nilang prayoridad ang pamumuhay ng ebanghelyo.

**Mga Pagbabago**

"Matapos akong mabinyagan, nakakita ako ng maraming pagbabago sa aming tahanan," sabi ni Arelina, na asawa ni Roger. "Naging espirituwal na tahanan ito, at napakaraming biyaya, kapwa temporal at espirituwal, na nagmula sa pamumuhay ng ebanghelyo."

Sa temporal na pananaw, pinasasalamatan ni Roger ang Ama sa Langit sa pagtulong sa kanya na muling maitayo ang kanyang negosyo. Pagkaraan ng dalawang taon ng pagmamaneho ng taksi at paggawa ng anumang makakaya niya para matustusan ang kanyang pamilya, nagsimula siyang makatanggap ng mga kontrata sa konstruksyon. "Naniniwala ako na lagi akong pinagpapala ng Diyos kapag nagpapasiya akong sundin Siya," sabi niya.

Ngunit sabi ng mga anak niya, ang pinakamalaking pagbabago raw na nakita nila ay sa ugali ng kanilang ama. Inilalarawan siya ngayon ng mga ito bilang halimbawa ng pagpapakumbaba at kabaitan. Sabi ni Roger, nakumbinsi siya ng ebanghelyo na kailangan niyang magbago. Simula

nang pag-aralan niya ito, sinikap na ni Roger na punuin ang buhay niya ng mabubuting bagay.

"Dahil sa mga turo ng ebanghelyo, hinding-hindi na ako nagagalit," sabi niya. "Kung minsan ay may mga nag-uudyok sa aking magalit, pero ang ebanghelyo ay nasa aking kalooban, isipan, at kaluluwa. Tinutulungan ako nitong manatiling mahinahon."

Kapag may mga nakakagalit na sitwasyon, si Roger ang nagpapahinahon sa mga kapamilya niya at ipinapaalala sa kanila na tularan ang gagawin ng Tagapagligtas.

"Ang aking ama ay naging mapagpakumbaba at mapagmahal na nagmamalasakit na ngayon sa aming pamilya," sabi ni Sedinirina. "Kapag tinitingnan ko ang pagbabago niya, nagpapasalamat ako sa Ama sa Langit, sa ebanghelyo, at sa pagiging miyembro namin sa Simbahan."

**Isang Walang-Hanggang Pamilya**

Noong 2006, sa tulong ng General Temple Patron Assistance Fund, nakapunta sina Roger at Arelina sa Johannesburg, South Africa, para mabuklod sa templo.

Mula 2009 hanggang 2011, nagmisyon sina Sedinirina at Randrianandry sa South Africa—si Sedinirina sa Cape Town at si Randrianandry sa Johannesburg. Bahagi ng nakahikayat sa kanila na maglingkod ang tulungan ang iba pang mga pamilya na magbago, tulad ng nangyari sa kanilang pamilya.

"Maaaring mangyari ang ganitong himala, at nangyari ito dahil sa mga missionary na pumunta sa bahay namin," sabi ni Randrianandry. "Kaya hinangad kong gawin din iyon mismo para sa isang pamilya sa ibang dako."

Ang desisyong iyon ay naghatid ng isa pang pagpapala sa pamilya Randrianarison. Siyam na araw na nagkasama sina Sedinirina at Randrianandry sa Johannesburg Missionary Training Center. Isinaayos ni Roger ang paglipad nila ni Arelina at ng anak nilang si Nirina papuntang South Africa para mabuklod ang buong pamilya sa templo. Sabi ni Nirina na 14 anyos noon, mahirap daw ipaliwanag ang karanasan at nadama niya.


"Napalakas nito ang aking pananampalataya at natulungan ako nitong mapalapit sa Diyos," sabi niya.

Ngayon ay pinatatatag at pinalalakas ng mga miyembro ng pamilya ang mga nasa paligid nila. Si Roger ang bishop sa kanyang ward. Si Arelina ay tumutulong sa Primary sa programang Pananampalataya sa Diyos. Si Sedinirina ang assistant stake clerk. Si Randrianandry ang assistant ward clerk. Si Nirina ang ward music director.

Ang ebanghelyo ang naging sagot sa mga panalangin sa tahanan ng mga Randrianarison. Pinaghilom nito ang mga pagdaramdam sa nakaraan, lalo silang pinaglapit nito sa isa't isa, at binigyan sila nito ng pagkakataong magkasama-sama magpakailanman. Tinuruan nito si Roger na magmahal. "Ang buhay-pamilya," sabi niya, "ay buhay na puno ng pagmamahalan." ■

***Ang paglalakbay papuntang South Africa para mabuklod sa Johannesburg Temple ay nagpalakas sa pamilya Randrianarison.***





**ANG TEMPLE PATRON ASSISTANCE FUND**

"May mga lugar pa rin sa mundo na napakalayo ng mga templo sa mga miyembro kaya't hindi nila matustusan ang pagpunta rito. Dahil diyan hindi nila makamit ang sagrado at walang hanggang mga pagpapala ng templo. Upang matulungan sa bagay na ito, inilalaan natin ang General Temple Patron Assistance Fund. Sa pondong ito tutustusan ang unang pagbisita sa templo ng mga miyembrong hindi kayang makapunta sa templo ngunit matagal nang inaasam ang oportunidad na iyon. Sinumang nais magambag sa pondong ito ay punan lamang ang impormasyon sa contribution slip na ibinibigay sa bishop."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Sa Muli Nating Pagkikita," *Liahona,* Nob. 2011, 5.**

ITAAS: LARAWANG KUHA NI DAVID WILLIAM NEWMAN © IRI; IBABA: LARAWAN © LAURA PARKER

# BABALIK KAYA SI MATTHEW?

Matatag ang grupo ng mga kabataang lalaki sa ward namin, pero nabarkada ang anak naming si Matthew sa isang di-miyembro na katulad niyang mahilig sa kotse at anumang bagay na de-makina. Sa kasamaang-palad, ang binatilyong ito ay nagmula sa isang pamilyang walang pagpapahalaga sa relihiyon. Pinapayagan ng mga magulang niya ang inuman at paninigarilyo sa bahay nila at hindi sila naniniwala na mahalaga ang may malinis na pagkatao.

Natamo ni Matthew ang pinakamataas na ranggo sa Scouting, pero hindi siya dumalo sa awards meeting dahil hindi na niya sinusunod ang mga pamantayan ng Scouting. Tinipon ko ang lahat ng Scouting award niya at ginawan ko ito ng display case. Pagkatapos ay itinago ko ito, sa pag-asang balang-araw ay magiging mahalaga ito sa kanya. Nang mag-16 anyos si Matthew, naninigarilyo na siya, umiinom, at nagdodroga. Tumigil siya sa pag-aaral at nagsama sila ng kanyang kasintahan. Sa loob ng dalawang taon, bihira namin siyang makita.

Nanlumo kami. Hindi namin alam kung babalik pa siya sa kanyang pamilya at pananampalataya, pero nagpasiya kaming sundin ang halimbawa ni Alma sa pakikitungo sa kanyang suwail na anak. Patuloy na minahal ni Alma ang kanyang anak at nanalangin siya nang may pananampalataya na "madala [ito] sa kaalaman ng katotohanan" (Mosias 27:14).

Ipinagdasal namin palagi na mamagitan ang Panginoon sa buhay ni Matthew, at sinamantala namin ang lahat ng pagkakataon na ipakita sa salita at sa gawa kung gaano namin siya kamahal. Tuwing uuwi siya, wala kaming sinasabing anuman na maaari niyang ipalagay na pinipintasan namin siya o hinuhusgahan. Ipinakita lang namin na nagagalak kaming makita siya.

Isang araw umuwi si Matthew at sinabi na gusto niyang makipag-usap. Sinabi niya na may nakilala siyang babae sa isang party na may mga tanong tungkol sa Simbahan. Bago pa niya nasabi na hindi na niya alam ang mga sagot, nagsimulang lumabas ang mga salita sa kanyang bibig. Nasumpungan na lang niya ang kanyang sarili na sinasagot niyang mabilis ang mga tanong nito. Sinabi ni Matthew na hindi niya maalala na natutuhan niya ang mga bagay na sinabi niya, pero alam niya na ang mga sinabi niya ay totoo. Inisip niya kung bakit siya nabubuhay nang gayon samantalang naniniwala pa siya sa ebanghelyo.

Pagkaraan ng tatlong araw ng malalim na pag-iisip, nagpasiya siyang talikuran ang kanyang pamumuhay. Umuwi siya para magpatulong na makapagsimulang muli.

Tumawag si Matthew sa isang pinsan niya sa ibang estado na dumanas at nalampasan ang gayon ding mga suliranin at nagtanong kung maaari siyang makitira doon. Pumayag ang pinsan niya, at nagsimulang sumama si Matthew rito sa pagdalo sa mga pulong ng Simbahan at kinausap niya ang bishop para magpatulong sa proseso ng pagsisisi. Nakadama siya ng pagmamahal at suporta at naging aktibo sa Simbahan.

Kalaunan ay nakilala niya ang isang maganda at butihing dalaga. Nagkaibigan sila at ikinasal sa templo.

Nang isilang ang una nilang anak, bumisita ako at dinala ko ang ginawa kong display case ng kanyang mga Scouting award. Tuwang-tuwa siya at nagmamalaking isinabit ito sa isang lantad na lugar sa bahay niya.

Walang nagpakitang anghel sa aming anak, na tulad ng nangyari kay Nakababatang Alma. Ngunit ang pagbalik ni Matthew sa katotohanan ay mahimala ring katulad niyon. ■

Hindi ibinigay ang pangalan




Tinipon ko ang lahat ng Scouting award ni Matthew at ginawan ko ito ng display case. Pagkatapos ay itinago ko ito, sa pag-asang balang-araw ay magiging mahalaga ito sa kanya.

MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY CLARK

# NAKAUWI NA AKO

Bilang bahagi ng isang proyektong paglilingkod, naglakbay ako sa Rwanda kasama ang iba pang manggagamot para tumulong sa mga pangangailangang medikal. Pagkaraan ng dalawang linggo, nang matatapos na ang aking paglalakbay, na-homesick na ako. Nangulila ako sa pamilya ko, sa komportableng kama ko, at sa aming tahanan.

Sa huling Linggo ko sa Africa, naisaayos ko ang iskedyul ko para makasimba ako. Bagama't hindi pa pormal na kinikilala noon ang Simbahan sa Rwanda, nakakita ako ng oras ng mga pulong at direksyon sa website ng Simbahan.

At ang direksyon ay: "Lumakad sa batu-batong daan sa tapat ng gusali ng Ministry. Hanapin ang nakabukas na tarangkahan. Pagkatapos ay bumaba ng hagdan."

Nang sundan ko ang direksyong ito, nakarinig ako ng malinaw na koro ng isang pamilyar na himno. Bumaba ako sa hagdan, at narinig kong kinakanta ang "Saligang Kaytibay" (*Mga Himno,* blg. 47). Humantong ang mga baitang sa isang maliit na gusali, kung saan napakaraming nakangiting mga tao na nakatayo sa may pasukan. Sa kabila ng katotohanan na estranghero ako sa kongregasyon, nadama ko kaagad na kabilang ako sa kanila. Napakaraming miyembrong Rwandan ang lumapit para kamayan ako, at nang gawin nila ito, naglaho ang matinding pangungulila—nakauwi na ako!

Pagpasok sa gusali, dumalo ako sa isang karaniwang tatlong-oras na pulong na hindi naiiba sa home ward ko sa California. Ipinasa ng mga mayhawak ng Aaronic Priesthood ang sakramento, nakatuon sa Tagapagligtas ang mga mensahe, at maging ang Sunday School lesson ay ang itinuro din sa home ward ko nang linggong iyon.

Sa kabila ng katotohanan na estranghero ako sa kongregasyon, nadama ko kaagad na kabilang ako sa kanila. Napakaraming miyembrong Rwandan ang lumapit para kamayan ko.



Ang pinakamahalaga, pinuspos ng Espiritu ng Panginoon ang mga serbisyo. Malinaw na nalugod ang Panginoon sa mabubuting taong ito na ginagawa ang lahat para mapaglingkuran Siya. Nalaman ko na sa nakalipas na taon, iilan lang sa mga Rwandan ang nagsisimba rito. Pero mahigit 100 ang bilang ko sa mga dumalo, at kalahati sa kanila ay nakangiting mga bata.

Ngayong nabuksan na ang Rwanda sa gawaing misyonero, palagay ko malaking tagumpay ang naghihintay sa mga missionary dahil nagpapatotoo ang Espiritu sa dumaraming investigator na Rwandan na ang ipinanumbalik na Simbahan ang kaharian ng Diyos para sa buong mundo—sa bawat kontinente, bawat lahi, at bawat anak ng Diyos. Labis akong nagpapasalamat para sa Simbahan, kahit sa gitnang baybayin man ng California ito matagpuan o sa ibaba ng batu-batong daan sa gitnang Africa. ■

Steven Sainsbury, California, USA

# BAKIT KAYO NAPARITO SA REXBURG?

Pagkaraan ng maraming taon ng pamumuhay sa isang lugar na kakaunti ang mga miyembro ng Simbahan, lumipat kaming mag-asawa sa isang lugar sa Rexburg, Idaho, USA, na dalawang pamilya lamang ang hindi miyembro. Mapalad kaming maging kapitbahay ang isa sa kanila.

Tinatabas ng ama ang kanyang damuhan nang una kaming pumasok sa aming garahe. Tumawid kaming mag-asawa sa aming damuhan para makipagkilala. Nang kamayan ko siya, itinanong ko, "Bakit naparito ang pamilya mo sa Rexburg?"

Sagot niya, "Dahil sa trabaho ko—at naghanap talaga kami ng isang bayan na kailangang ipakilala kay Cristo."

Para akong binuhusan ng isang timba ng malamig na tubig, pero ngumiti ako. Ipinasiya ko sa sandaling iyon na anuman ang sinabi o ginawa ng bago naming kapitbahay, kami ang magiging *pinakamabait* sa lahat ng naging kapitbahay ng pamilya. Sisikapin naming tumugon sa bawat pakikipag-ugnayan sa kanila sa mabait, mapagmahal, at makatwirang paraan, tulad ng gagawin ng Tagapagligtas.

Sa sumunod na walong taon ay nagkasama ang aming mga pamilya sa maraming aktibidad. Inanyayahan at dumalo ang ina sa mga aktibidad ng Relief Society. Inanyayahan niya ako at ang marami sa mga kapitbahay naming Banal sa mga Huling Araw sa isang retreat ng kababaihan na inisponsor ng kanyang simbahan. Inanyayahan nila kaming mag-asawa sa mga dance at piano recital ng kanilang mga anak. Kasama ang pamilya nila sa mga cookout at party ng magkakapitbahay. At tinatawagan kami ng kanilang nakatatandang mga anak kapag kailangan nila ng sundo pauwi mula sa trabaho at hindi nila makontak ang kanilang mga magulang.

Nag-alala ang mga magulang na baka masyado nang magustuhan ng kanilang mga anak ang mga Banal sa mga Huling Araw, kaya hindi nila pinayagan ang kanilang mga anak na sumapi sa aming ward Scouting program. Ngunit itinuring nilang ligtas na lugar ang aming tahanan, kung saan pinayagan nilang maglaro ang kanilang mga anak kapag bumibisita ang aming mga apo.

Tuwing susubukan ng aming mga kapitbahay na ipakita sa amin "ang aming mga kamalian," ipinapaalala namin sa kanila na lubos ang paggalang namin sa kanilang mga paniniwala at sa kanilang pamumuhay at pag-aaruga sa kanilang mga anak. Idinagdag pa namin na inaasahan namin na igagalang din nila ang aming mga paniniwala, na nakatuon din sa mga turo ng Tagapagligtas.

Nang subukang gamitin ng ina ang mga pagkakaiba ng aming paniniwala para ilayo ang kanilang sarili sa amin magpakailanman sa pagsasabing "ibang Jesus" ang pinaniniwalaan ng mga Banal sa mga Huling Araw, ipinaalala ko sa kanya na pareho kaming naniniwala na Siya ay banal at Siya ang pinakamamahal na Anak ng Diyos. Kalaunan ay naging magiliw na ang aming pagkakaibigan.

Lumipat ng tirahan ang pamilya nila nang hindi sumasapi sa Simbahan. Ngunit kung masasabi nilang, "Nakasama namin ang mga Mormon; mababait sila at magagalang at tapat makisama," palagay ko ay nagtagumpay kami sa pagiging pinakamabait na kapitbahay at sa pagtulong sa kanila na maging mas bukas at patas sa kanilang pagkakilala sa mga Banal sa mga Huling Araw. ■

Sandra Rush, Idaho, USA



Ipinasiya ko na anuman ang sinabi o ginawa ng bago naming kapitbahay, kami ang magiging pinakamabait sa lahat ng naging kapitbahay ng pamilya.

# ISANG KAHON NG MGA RETRATO

Ilang taon na ang nakararaan nang magtapon kaming mag-asawa ng basura sa tambakan ng basura sa aming lugar, napansin ko na dinampot ng isa sa mga babaeng nagtatrabaho roon ang isang kahon para ipasok sa dapugan [incinerator]. Biglang nabuksan ang mga kahon, at nalaglag ang ilang retrato.

Habang nakamasid ako, may nagtulak sa aking puntahan at kunin ang kahon ng mga retrato. Mabilis akong bumaba ng kotse para tumulong sa pagdampot ng mga retrato. Kapwa namin nadama ng babae na hindi sadya ang pagkatapon sa mga retrato, at kinumbinsi ko siyang ibigay sa akin ang mga retrato para makahanap ako ng isang taong gugustuhing kunin ang mga ito.

Habang sinusuri ko ang daan-daang retrato sa kahon, nakita ko ang isang sobreng nakaukol sa isang tao sa Warburg, Alberta, Canada. Nang sumunod na ilang taon, sumulat ako ng ilang liham sa mga taong gayon din ang apelyido, pero wala ni isang sumagot.

Nang magkaroon ng access ang pamilya ko sa Internet, natuklasan ko na may isang historical society sa Warburg. Itinanong ko kung may nagtatrabaho doon na pamilyar sa mga pangalang nakita ko sa likod ng mga retrato.

Pagkaraan ng isang buwan nakatanggap kami ng tawag mula sa isang lalaking nakontak ng historical society. Sinabi niya na nakatira ang kapatid niyang babae malapit sa amin, at itinanong niya kung maaaring makita nito ang mga retrato. Siyempre pumayag kami.

Kinabukasan, dumating sina Floyd at Beth Hawthorn, kapwa mga Banal sa mga Huling Araw, para tingnan ang mga retrato. Nang buksan ko ang kahon, sabi ni Brother Hawthorn, "Hayan siya, o," habang nakaturo sa retratong nasa ibabaw. Retrato iyon ng lolo ni Sister Hawthorn.

Habang isa-isa nilang dinadampot ang mga retrato, nagkuwento sa amin sina Brother at Sister Hawthorn tungkol sa mga taong nasa bawat retrato. Hindi sigurado ang mga Hawthorn kung may kaugnayan sila sa taong nagtapon ng mga retrato, at hindi nila alam kung bakit napunta ang mga retrato sa tambakan ng basura.

Malakas ang pakiramdam ko na tinulungan ako ng Ama sa Langit na maibalik ang mga retrato sa pamilya Hawthorn. Pinatototohanan ko na ang gawain sa family history ay isa sa pinakamahahalagang gawaing dapat gawin. Kung handa tayong gawin ito, tutulungan tayo ng Panginoon. ■

Cindy Heggie, Alberta, Canada

Biglang nabuksan ang kahon, at nalaglag ang ilang retrato. Habang nakamasid ako, may nagtulak sa aking puntahan at kunin ang kahon ng mga retrato.



# Paano Ako Magiging MATAGUMPAY na Missionary?

*Kahit gaano kasigasig kaming nagtrabaho ng kompanyon ko, tinanggihan pa rin ng lahat ang aming mensahe. Ano ang magagawa namin para maging matagumpay na missionary?*

**Ni Lauren Bangerter Wilde**

Mahigit isang taon na ako sa misyon nang makaranas ako ng mahirap na pagsubok. Nasa kalagitnaan kami ng isang malungkot at mapanglaw na panahon—katatapos lang ng taglamig at paparating na ang tagsibol. At kahit gaano kasigasig kaming nagtrabaho ng kompanyon ko, lahat ng nakausap namin ay tinatanggihan kaagad ang aming mensahe. Nang makausap namin ang iba pang mga missionary, nalaman namin na tuluy-tuloy ang pagtuturo nila. Wala akong maisip na dahilan kung bakit hindi kami nagtatagumpay. Matagal na ako sa misyon at bihasa na sa wika, maganda ang samahan namin ng kompanyon ko, tiwala na sa amin ang mga miyembro, at sinikap naming sundin ang Espiritu at lubos na sumunod sa mga patakaran sa misyon.

Pero anuman ang gawin namin, tinatanggihan nila kami palagi. Makalipas ang mga linggo na palaging ganito, nadama kong masama na ang loob ko. Minsan habang nagpaplano kami ay nasabi kong, "Bakit pa? Wala namang makikinig sa atin." Ang kompanyon ko, na mas maganda ang pananaw kaysa akin, ay ganito lang ang sinabi, "Nagtatakda tayo ng mga mithiin para ipakita ang pananampalataya natin. Inaalam natin kung nakakamit natin ang ating mga mithiin para mabilang natin ang mga pagpapalang nasa atin."

Nang pag-isipan kong mabuti ang sinabi niya, natanto ko na mali ang paraan ko ng paghusga sa tagumpay ko bilang missionary. Nakasaad sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* ang mga pag-uugali ng matatagumpay na missionary,[1] at natanto ko na maaaring taglayin ng missionary ang lahat ng pag-uugaling iyon kung gusto niya. Hindi ko mapipilit ang mga tao kung gusto o ayaw nilang tanggapin ang mensahe ng ebanghelyo, ngunit maaari kong piliin kung anong klaseng missionary ang gusto kong maging. Ipinakita sa akin ng kompanyon ko na ang mas malaking pananampalataya kay Jesucristo at pasasalamat sa Kanyang mga pagpapala ay magpapaalam sa akin na matagumpay akong missionary.

## Ang Pananampalataya ay Tumutulong para Makita Natin ang mga Himala

Nakadama ako ng pagpapakumbaba nang matanto ko na kulang ang aking pananampalataya. Hinanap ko kung saan ko mapapalakas ang aking pananampalataya at nalaman ko na kapag hindi umayon sa plano ang mga pangyayari, hinahayaan kong manghina ang loob ko. Sabi sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*: "Ang panghihina ng kalooban ay makapagpapahina sa iyong pananampalataya. Kung bababaan mo ang ekspektasyon mo, mababawasan ang pagiging epektibo mo, hindi ka na masyadong maghahangad, at mas mahihirapan kang sumunod sa Espiritu."[2] Natanto ko na hinayaan kong pahinain ng mga problema namin ang aking pananampalataya.

Sinimulan kong ipagdasal na magbago ang puso ko at maragdagan ang aking pananampalataya. Nagtiwala rin ako sa pangakong ibinigay sa Mormon 9:21: "Sinumang naniniwala kay Cristo, nang walang pag-aalinlangan, anuman ang kanyang hingin sa Ama sa pangalan ni Cristo ay ipagkakaloob sa kanya; at ang pangakong ito ay para sa lahat, maging hanggang sa mga nasa dulo ng mundo." Ang pangakong ito ay naghikayat sa akin na mas taimtim na manalangin para sa mga pagpapala at himalang sa

MGA PAGLALARAWAN NI DEL BENSON



**PAGIGING MATAGUMPAY NA MISSIONARY**

Malalaman mong naging matagumpay kang missionary kapag:

- Nadama mong nagpapatotoo ang Espiritu sa mga tao sa pamamagitan mo.
- Mahal mo ang mga tao at hangad mo ang kanilang kaligtasan.
- Sinusunod mo ang lahat ng patakaran nang may katumpakan.
- Tinataglay mo ang mga katangiang taglay ni Cristo.
- Binabalaan mo ang mga tao tungkol sa mga bunga ng kasalanan. Iniimbita mo silang gumawa at tumupad ng mga pangako.
- Patuloy kang gumagawa ng mabuti at naglilingkod sa mga tao sa lahat ng pagkakataon, tanggapin man nila o hindi ang iyong mensahe.

**Mula sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 12–13.**



**HANGARIN ANG PAGTANGGAP NG PANGINOON**

"Buong puso ko kayong inaanyayahan na hangarin ang pagtanggap ng Panginoon at tamasahin ang Kanyang ipinangakong mga pagpapala. . . . Malalaman natin na tinanggap Niya tayo, anuman ang ating posisyon, katayuan sa buhay, o mga limitasyon sa mortal na buhay. Ang Kanyang mapagmahal na pagtanggap ang hihikayat sa atin, magpapalakas sa ating pananampalataya, at tutulong sa atin sa pagharap sa lahat ng bagay sa buhay. Sa kabila ng kinakaharap nating mga hamon, tayo ay magtatagumpay, uunlad [tingnan sa Mosias 2:22], at makadarama ng kapayapaan [tingnan sa Mosias 2:41]."

**Elder Erich W. Kopischke ng Pitumpu, "Pagiging Katanggap-tanggap sa Panginoon," *Liahona*, Mayo 2013, 106.**

pakiramdam namin ng kompanyon ko ay kailangan namin, na laging idinaragdag na, "Mangyari nawa ang Inyong kalooban." Ang mga panalanging ito ay nakatulong sa akin na tanggapin ang binagong mga plano at problema nang may mas malakas na pananampalataya, batid na laging sinasagot ng Ama sa Langit ang mga panalanging may pananampalataya—kahit dumating pa ang mga sagot sa mga paraang hindi namin inaasahan. Mas naunawaan ko na ginagabayan kami ng mga paraan ng Panginoon sa buong maghapon.

Nang sikapin kong palakasin ang aking pananampalataya, nakita ko na totoo ang magandang pahayag sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*: kung tataasan mo ang iyong ekspektasyon, madaragdagan ang pagiging epektibo mo, lalo kang maghahangad, at mas masusunod mo ang Espiritu. Bukod pa rito, naging mas maganda ang pananaw ko tungkol sa gawaing misyonero at sa paglilingkod ko bilang missionary nang maunawaan at mapahalagahan ko na ang mga himalang nangyari sa araw-araw.

### Dinaraig ng Pasasalamat ang Inggit

Sinimulan ng Panginoon na ipakita sa akin na naghihimala Siya para sa atin araw-araw—pero nakita ko lamang ito nang sikapin kong tunay na magpasalamat. Ang pagpapasalamat ay higit pa sa isang mabuting gawi o magandang asal. Nang magpasalamat ako sa Panginoon at sa iba, nagkaroon ako ng lakas. Nadama ko na masaya ako para sa iba pang mga missionary kapag nagtatagumpay sila sa halip na mainggit ako sa kanila (tingnan sa Alma 29:14, 16). Mas nakapagtuon ako sa kung ano ang mayroon ako at kung ano ang tamang nangyari kaysa sa kakulangan ko at kung ano ang maling nangyari.

Nalaman ko na pasasalamat ang lunas para maiwasan nating ihambing ang ating sarili sa iba. Ang mga panahong iyon na hindi ko nadama na matagumpay akong missionary ay dumating kadalasan dahil sinabi ko sa aking sarili na, "Hindi ako kasinggaling nila," o, "Mas magaling sila sa ganito kaysa sa akin." Nalaman ko rin na bagama't pamamaraan ng Panginoon na bigyan tayo ng mabubuting halimbawang tutularan at susundan, tinutukso naman tayo ni Satanas na ihambing ang ating sarili sa kanila para malaman ang ating kahalagahan o tagumpay. Pero malinaw na nagpahayag tungkol dito ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*: "Iwasang ihambing ang iyong sarili sa ibang mga missionary at sukatin o bilangin ang bunga ng iyong pagsisikap kung ihahambing sa nagawa nila."[3] Sa huli, nakatulong sa akin ang pasasalamat na iwasan ang kapalaluan at napaalalahanan ako na ang Panginoon ang namamahala sa Kanyang gawain. Hindi ko kailangang mainggit kapag mukhang mas matagumpay ang kapwa ko mga missionary.[4]

### Ang Tunay na Sukatan ng Tagumpay

Bago ko naunawaan ang pagbabagong ito, masyado akong natuon sa isang uri ng pagpapala kaya nalimutan kong pansinin ang iba pang mga paraan ng pagsagot ng Panginoon sa aming mga panalangin at pagpapala sa aming gawaing misyonero. Sa huli, sinimulang pagpalain ng Panginoon ang gawaing misyonero sa aming lugar sa maganda at di-inaasahang mga paraan. Nakahanap nga kami ng mga taong handang tanggapin ang aming mensahe, pero natutuhan ko na noon na huwag sukatin ang aking tagumpay batay sa mga pagpapasiya ng iba.

Ibinahagi ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) ang payo ng isang mission president tungkol sa gawaing misyonero: "Gawin ang lahat ng makakaya mo, ang pinakamahusay na magagawa mo. Manalangin ka at magpakasipag at ipaubaya mo ang pag-ani sa Panginoon."[5] Ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ay may



***Sa maraming paraan, masusukat ang tagumpay ko bilang missionary batay sa kahandaan kong magsisi at sa determinasyon kong patuloy na magsikap.***

itinuturo ding katulad niyan tungkol sa matatagumpay na missionary: "[Gawin mo] ang lahat para magdala ng mga kaluluwa kay Cristo, at taimtim na [maghangad] na matuto at lalo pang bumuti."[6]

Basta't handa akong magsisi, basta't tapat kong nasasabi sa Panginoon na ginagawa ko ang lahat ng makakaya ko, makapagtitiwala ako na matagumpay akong missionary—tanggapin man ng mga tao ang aming mensahe o hindi. Sa maraming paraan, masusukat ang tagumpay ko bilang missionary batay sa kahandaan kong magsisi at sa determinasyon kong patuloy na magsikap.

Marami akong naitalang himala sa journal ko sa panahong ito ng aking misyon. Nang sikapin kong maging mas tapat at mapagpasalamat, nagkaroon ako ng mas magandang pananaw, naiwasan kong panghinaan ako ng loob, at higit kong nadama ang Espiritu sa gawain. Nalaman ko na ang itinuturo sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ay totoo: "Kapag nagawa mo na ang lahat sa abot ng iyong makakaya, maaaring dumanas ka pa rin ng kabiguan, pero hindi ka makadarama ng kabiguan sa iyong sarili. Madarama mong natutuwa ang Panginoon sa iyo kapag nadama mong kumikilos ang Espiritu sa pamamagitan mo."[7] At nang madama kong nasiyahan ang Panginoon sa akin, nakayanan ko ang anumang pagsubok. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Maine, USA.*

**MGA TALA**
1. Tingnan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 12–13.
2. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* 12.
3. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* 12.
4. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, "Ang mga Manggagawa sa Ubasan," *Liahona,* Mayo 2012, 31.
5. Gordon B. Hinckley, "Find the Lambs, Feed the Sheep," *Liahona,* Hulyo 1999, 120.
6. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo,* (2004), 12.
7. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo,* 12.


## IBAHAGI ANG IYONG KARANASAN

*"Kababalik ko lang mula sa misyon, at parang nawalan na ako ng layunin sa buhay. Ano ang dapat kong gawin?"*

Mga returned missionary, sabihin ninyo sa amin kung paano ninyo hinarap ang pagbabago mula sa misyon hanggang sa pag-uwi ninyo at pagbalik sa pag-aaral, pagtatrabaho, o iba pang mga aktibidad. Ipadala sa e-mail ang inyong karanasan sa liahona@ldschurch.org o ipadala ito online sa liahona.lds.org. Isama ang inyong buong pangalan, kapanganakan, at pangalan ng ward o branch.



# Pagiging Isang Missionary na Nagtuturo nang Ayon sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*



**Ni Elder David A. Bednar**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Magagawa ninyo ito! Alam ng Panginoon na kinakatawan at pinaglilingkuran ninyo na magagawa ninyo ito. Alam kong magagawa ninyo ito.*

Una, higit sa lahat, at sa tuwina, ang isang Apostol ay isang missionary. Dahil diyan, ikinalulugod kong magsalita sa inyo bilang kapwa ninyo tagapaglingkod sa dakilang gawaing ito sa mga huling araw.

## ANO ANG ISANG MISSIONARY NA NAGTUTURO AYON SA *MANGARAL NG AKING EBANGHELYO*?

Ang isang missionary na nagtuturo ayon sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ay isang tagapaglingkod ng Panginoon, tinawag sa pamamagitan ng propesiya at binigyan ng awtoridad sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, na nagpapahayag ng walang hanggan at ipinanumbalik na ebanghelyo ng Tagapagligtas sa Kanyang pamamaraan (tingnan sa D at T 50:13–14, 17–24; D at T 68:1).

Ang malawak na layunin ng isang missionary na inilarawan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ay "imbitahan ang iba na lumapit kay Cristo sa pagtulong sa kanila na matanggap ang [ipinanumbalik] na ebanghelyo sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, pagsisisi, binyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas."[1]

Ang sagradong responsibilidad na ipahayag ang ebanghelyo nang may awtoridad at pangasiwaan ang nakapagliligtas na mga ordenansa ay

ginagampanan na simula pa noong itaboy si Adan mula sa Halamanan ng Eden at magpapatuloy hanggang sa "ang dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap na."[2]

## MGA KAILANGANG GAWIN PARA MAGING MGA MISSIONARY NA NAGTUTURO AYON SA *MANGARAL NG AKING EBANGHELYO*

Gusto kong talakayin ang limang pangunahing kailangan para maging mga missionary na nagtuturo ayon sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*.

### Kailangan #1: Nauunawaan ng mga missionary na nagtuturo ayon sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* na sila ay naglilingkod at kumakatawan kay Jesucristo.

Nalalaman at nauunawaan ng mga missionary na nagtuturo ayon sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* kung sino ang kanilang kinakatawan, bakit sila naglilingkod, at ano ang dapat nilang gawin. Ang mga full-time missionary ay tinawag na maglingkod at angkop na itinalaga bilang mga tagapaglingkod at kinatawan ng Panginoong Jesucristo. Pinatototohanan natin ang Kanyang pangalan at ang katotohanan, kabanalan, at misyon ni Jesucristo sa bawat bansa, lahi, wika, at tao (tingnan sa D at T 133:37).

Mahal natin ang Panginoon. Naglilingkod tayo sa Kanya. Sinusunod natin Siya. Kinakatawan natin Siya.

Ang Kanyang mga layunin ay dapat maging mga layunin natin. Ang mga hangarin Niya ay dapat maging mga hangarin natin. Ang Kanyang gawain ay dapat maging gawain natin. Ang Kanyang mga pamamaraan ay dapat maging mga pamamaraan natin. Ang Kanyang kalooban ay lalong dapat maging kalooban natin.

Bilang mga kinatawan ng Manunubos, ipinangangaral natin ang mga pangunahing doktrina at alituntunin ng Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo sa simple at malinaw na paraan. Hindi tayo nagsasabi ng personal na





mga opinyon o haka-haka. Ipinapahayag at pinatototohanan natin ang simpleng ipinanumbalik na katotohanan sa pamamaraan ng Panginoon at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Espiritu.

Nauunawaan ng mga missionary na nagtuturo ayon sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* na ang responsibilidad na kumatawan sa Tagapagligtas at magpatotoo tungkol sa Kanya ay walang katapusan. Alalahanin Siya sa lahat ng inyong iniisip, sa lahat ng inyong ginagawa, at sa lahat ng sinisikap ninyong kahinatnan, at angkop na kumatawan sa Kanya sa lahat ng anak ng Ama sa Langit na nakakasalamuha ninyo ngayon at sa tuwina.

### Kailangan #2: Ang mga missionary na nagtuturo ayon sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ay karapat-dapat.

Ang mahalagang kailangan para maging mga missionary na nagtuturo ayon sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ay maging karapat-dapat sa harapan ng Tagapagligtas.

Babanggit ako ng ilang simpleng katotohanan hangga't kaya kong ipahayag ito nang malinaw.

- Tayo ay awtorisadong mga kinatawan ng Manunubos at Tagapagligtas ng mundo.
- Tinawag tayo upang ipahayag ang Kanyang ipinanumbalik at walang-hanggang ebanghelyo.
- Hindi tayo madudungisan ng mundo at awtorisado tayong katawanin Siya at kumilos nang may kapangyarihan sa Kanyang banal na pangalan.
- Hindi natin matutulungan ang iba na makalaya mula sa pagkaalipin sa kasalanan kung tayo mismo ay makasalanan (tingnan sa D at T 88:86).
- Hindi natin matutulungan ang iba na matutong magsisi kung tayo mismo ay hindi pa natututong magsisi nang wasto at lubusan.
- Maipapahayag at maipapangaral lang natin nang may kapangyarihan ang bagay na pinagsisikapan nating kahinatnan.
- Tayo ay pananagutin sa harapan ng Diyos sa ating mabubuting hangarin at pagkamarapat na kumilos bilang Kanyang mga kinatawan.

Hindi tayo kinakailangang maging perpekto ngayon. Ngunit inuutusan tayong maging malinis at lumakad nang matwid sa harapan ng Manunubos ng Israel. "Maging malinis kayo na nagtataglay ng sisidlan ng Panginoon" (D at T 38:42).

Ang pagsisisi ay isang alituntunin ng pag-asa at paggaling—hindi ng panghihina ng loob at kalungkutan. Ang pagsisisi ay tunay na


MGA LARAWANG KUHA NG PUBLISHING SERVICES DEPARTMENT; *HIGIT MO BA AKONG MAHAL KAYSA SA MGA ITO?* NI DAVID LINDSLEY

nagpapababa ng kalooban—ngunit hindi naninindak. Ang pagsisisi ay kapwa mahirap at nakapapanatag, matindi at nakagiginhawa. Ang pagsisisi ay isang walang-katumbas na kaloob na naging posible dahil sa Pagbabayad-Sala Niya na ating minamahal, pinaglilingkuran, at sinusunod.

Kahit nakagawa kayo ng mabibigat na kasalanan, sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at taospusong pagsisisi, muli kayong nalinis o magiging malinis at karapat-dapat.

May mga kabataan na kailangan pang lubusang magsisi. Ngayon na ang panahon. Nakikiusap akong huwag ninyong ipagpaliban ang araw ng inyong pagsisisi.

May mga kabataan na nagsisi na at patuloy na nagsisisi at nag-iisip kung nagawa na nila ang lahat ng kailangan para tanggapin sila ng Panginoon (tingnan sa D at T 97:8). Alalahanin ninyo, na inaasahan ng Panginoon na maging malinis kayo ngunit hindi perpekto. Matitiyak ninyo na napatawad na kayo ng Panginoon kapag nadama na ninyong muli ang patnubay ng Espiritu Santo dahil "ang Espiritu ng Panginoon ay hindi nananahanan sa mga hindi banal na templo" (Helaman 4:24). At





unawain na kabilang sa utos na "magpatawad sa lahat ng tao" (D at T 64:10) ang patawarin ang inyong sarili.

Ang mga missionary na nagtuturo ayon sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ay mga disipulo ng Panginoong Jesucristo na tumutupad sa tipan at sumusunod sa mga utos. Lagi Siyang alalahanin at maging dalisay at karapat-dapat na maging kinatawan Niya.

### Kailangan #3: Ang mga missionary na nagtuturo ayon sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ay pinahahalagahan ang mga salita ng buhay na walang hanggan.

Inaanyayahan ko kayo na "papagyamanin sa inyong mga isipan tuwina ang mga salita ng buhay" (D at T 84:85). Ang pagpapahalaga sa mga salita ng buhay na walang hanggan ay hindi lamang pag-aaral o pagsasaulo, tulad rin na ang "[p]agpapakabusog sa [mga]salita ni Cristo" (2 Nephi 31:20; tingnan din sa 2 Nephi 32:3) ay hindi lamang pagtikim o pagkain ng kaunti. Ang pagpapahalaga para sa akin ay pagtutuon at pagsusumigasig, pagsasaliksik at pag-unawa, pagbubulaybulay at pagdarasal, pagsasagawa at pagkatuto, pagpapahalaga at pasasalamat, at pagtatamasa at pagnamnam.

Gunitain kung paanong ang mga anak na lalaki ni Mosias—apat na tunay na kahanga-hangang missionary na sina Ammon, Aaron, Omner, at Himni—"ay naging malakas sa kaalaman ng katotohanan; sapagkat sila'y mga lalaking may malinaw na pangunawa at sinaliksik nila nang masigasig ang mga banal na kasulatan" (Alma 17:2).

Talagang patuloy na pinahalagahan ng magigiting na missionary na ito ang mga salita ng buhay na walang hanggan. Hindi nila kinaligtaan o hindi lang sila basta nag-aral ng banal na kasulatan nang mag-isa o kasama ang kanilang kompanyon. Ang espirituwal na kaalaman at pagkaunawa ay tumagos sa kaibuturan ng kanilang kaluluwa, at ang mga doktrina at alituntunin ng ebanghelyo ay pinagtibay na totoo sa kanilang mga puso ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Bilang mga kinatawan ng Tagapagligtas, tayo ay may patuloy na responsibilidad na masigasig na kumilos at ikintal sa ating puso't isipan ang mga pangunahing doktrina at alituntunin ng ipinanumbalik na ebanghelyo, lalo na ang mula sa Aklat ni Mormon. Kapag ginawa natin ito, may ipinangakong pagpapala na ang Espiritu Santo ay "magpapaalaala ng lahat" [sa atin] (Juan 14:26) at bibigyan tayo ng kakayahan kapag nagturo at nagpatotoo tayo. Ngunit mapapatnubayan at magagabayan lamang tayo ng Espiritu kung bibigyan natin Siya ng pagbabatayan.

Hindi Niya tayo matutulungang alalahanin ang mga bagay na hindi pa natin natutuhan (tingnan sa Alma 31:5).

Ang mga missionary na nagtuturo ayon sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ay patuloy na pinahahalagahan ang mga salita ng buhay na walang hanggan, umaasa sa bisa ng salita, at taglay ang kapangyarihan ng salita. Lagi Siyang alalahanin, laging maging karapat-dapat na maging kinatawan Niya, at pahalagahan at asahan ang bisa ng salita.

**Kailangan #4: Nauunawaan ng mga missionary na nagtuturo ayon sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* na ang Espiritu Santo ang dakila at tunay na guro.**

Ang Espiritu Santo ang pangatlong miyembro ng Panguluhang Diyos, at Siya ang saksi sa lahat ng katotohanan at ang pinakadakila at tunay na guro. Ang mga araling itinuturo natin at ang mga patotoong ibinabahagi natin ay naghahanda sa isang investigator na kumilos at matuto para sa kanyang sarili.

Bilang mga missionary, ang isa sa pinakamahahalagang tungkulin natin ay anyayahan ang mga investigator na gamitin ang kanilang kalayaang moral at kumilos ayon sa mga turo ng Tagapagligtas. Ang paggawa at pagtupad ng mga espirituwal na pangako, tulad ng pagdarasal na magkaroon ng patotoo sa katotohanan, pag-aaral at pagdarasal tungkol sa Aklat ni Mormon, pagdalo sa mga pulong ng Simbahan, at pagsunod sa mga utos, ay nangangailangan ng pananampalataya, pagkilos, at pagbabago ng isang investigator.

Gaano man tayo kasigasig sa ating paglilingkod, hindi natin maipipilit ang katotohanan sa puso ng mga investigator. Ang pinakamatitindi lamang nating pagsisikap ang makapagdadala ng mensahe ng katotohanan *sa* puso (tingnan sa 2 Nephi 33:1). Sa huli, kailangang kumilos ang investigator nang may kabutihan nang sa gayon ay tumimo ang katotohanan *sa* kanyang sariling puso. Sa ganitong paraan lamang magkakaroon ng espirituwal na kakayahan ang mga bagong miyembro at matatapat na naghahanap ng katotohanan na mahanap ang mga sagot para sa kanilang sarili.

Yamang responsibilidad nating tulungan ang mga investigator na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya at sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang gawaing ito ay hindi kailanman tungkol sa akin ni sa inyo. Kailangan nating gawin ang lahat ng ating makakaya na gampanan ang ating responsibilidad bilang missionary at kasabay nito ay "huwag humadlang" upang magawa ng Espiritu Santo ang Kanyang sagradong layunin at gawain. Katunayan, anumang gawin natin bilang mga kinatawan ng Tagapagligtas na alam at sinadya natin para mapuri tayo—sa mga mensaheng inilalahad natin, sa mga pamamaraang ginagamit natin, o sa ating kilos at anyo—ay isang uri ng huwad na pagkasaserdote na humahadlang sa epektibong pagtuturo ng Espiritu Santo.

"Ipinangangaral ba niya ito sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan o sa ibang pamamaraan? At kung ito ay sa ibang pamamaraan ito ay hindi sa Diyos" (D at T 50:17–18).

Lagi Siyang alalahanin, maging karapat-dapat na kinatawan Niya, pahalagahan ang Kanyang salita, at tulutan ang pinakadakila at tunay na guro, ang Espiritu Santo, na magpatotoo sa lahat ng katotohanan.

**Kailangan #5: Nauunawaan ng mga missionary na nagtuturo ayon sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* na ang pagtuturo ay higit pa sa pagsasalita at pagsasabi.**

Habang nakaupo ang Tagapagligtas sa Bundok ng Olibo, ipinahayag Niya: "Huwag kayong mangabalisa kung ano ang inyong sasabihin: datapuwa't ang ipagkaloob sa inyo sa oras na yaon, ay siya ninyong sabihin; sapagka't hindi kayo ang magsasalita, kundi ang Espiritu Santo" (Marcos 13:11).

Tinagubilinan ng Tagapagligtas ang mga missionary sa pagsisimula ng dispensasyong ito na "ibuka ang inyong mga bibig at ang mga ito ay mapupuno" (D at T 33:8, 10) at "itaas ang inyong mga tinig sa mga taong ito; sabihin ninyo ang mga bagay na ilalagay ko sa inyong mga puso, at hindi kayo malilito sa harapan ng mga



tao; sapagkat ibibigay sa inyo sa mga oras na yaon, oo, sa sandali, kung ano ang inyong sasabihin" (D at T 100:5–6).

Binibigyang-diin ng mga banal na kasulatang ito ang pinakamatindi at pinakatumpak na huwaran sa pangangaral at pagtulong sa mga investigator na malaman ang katotohanan. Alam ng mga missionary na nagtuturo ayon sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* na hindi tayo nagtuturo ng mga aralin; nagtuturo tayo ng mga tao. Hindi lamang tayo bumibigkas o naglalahad ng kabisadong mga mensahe tungkol sa mga paksa ng ebanghelyo. Inaanyayahan natin ang mga naghahanap ng katotohanan na maranasan ang malaking pagbabago ng puso. Nauunawaan natin na ang pagsasalita at pagsasabi lamang ay hindi pagtuturo.

Kasama sa pangangaral ng ebanghelyo sa pamamaraan ng Panginoon ang pagmamasid at pakikinig at paghiwatig bago ang pagsasalita. Ang pagkakasunud-sunod ng apat na magkakaugnay na prosesong ito ay mahalaga. Pansinin na kailangan munang masusing magmasid at makinig bago makahiwatig at kailangan munang magmasid, makinig, at makahiwatig bago magsalita. Ang paggamit ng huwarang ito ay magbibigay-kakayahan sa mga missionary na matukoy ang mga pangangailangan ng mga investigator at magturo ayon dito.

Kapag tayo ay nagmasid, nakinig, at nakahiwatig maibibigay sa atin "sa oras na iyon yaong bahagi na nararapat ipagkaloob sa bawat tao" (D at T 84:85)—ang mga katotohanang bibigyang-diin at mga sagot na ibibigay na tutugon sa tiyak na mga pangangailangan ng isang investigator. Tanging sa pagmamasid, pakikinig, at paghiwatig tayo magagabayan ng Espiritu na sabihin at gawin ang mga bagay na lubos na makatutulong sa mga taong pinaglilingkuran natin.

Ang pagmamasid ay isang mahalagang paghahanda upang matanggap



ang espirituwal na kaloob na makahiwatig. Ang makahiwatig ay ang makakita gamit ang espirituwal na mga mata *at* makadama gamit ang puso—makita at madama ang kabulaanan ng isang ideya, ang kabutihan sa ibang tao, o ang susunod na alituntuning kailangan para matulungan ang isang investigator. Ang paghiwatig ay pakikinig gamit ang espirituwal na mga tainga *at* pagdama gamit ang puso—pagdinig at pagdama sa di-masambit na alalahanin sa isang puna o tanong, sa katotohanan ng isang patotoo o doktrina, o sa kapanatagan at kapayapaang nagmumula sa kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Ang mga missionary na nagtuturo ayon sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ay kumikilos nang may pananampalataya at ginagabayan ng Espiritu para tulungan ang mga investigator na malaman ang katotohanan. Lagi Siyang alalahanin; maging karapat-dapat na katawanin Siya; pahalagahan ang Kanyang salita; tulutang magpatotoo ang Espiritu Santo sa lahat ng katotohanan; at magmasid, makinig, at makahiwatig kapag nagpatotoo kayo tungkol kay Jesucristo sa matatapat na naghahanap ng katotohanan.

## MAGAGAWA NINYO ITO!

Maaari ninyong basahin ang aking mensahe at maniwala na lahat ng iba pang kabataan ay magagawa at gagawin ang sinasabi ko. Ngunit iniisip ninyo marahil kung magagawa ba ninyo ito. Nakikiusap ako na makinig kayo. Magagawa ninyo ito!

Kung matatamo ko lang ang mithiin ng aking puso, mag-uukol ako ng ilang sandali sa bawat isa sa inyo. Kakamayan ko kayo, yayakapin ko kayo, tititigan ko ang inyong mga mata, at sasabihin kong, "Magagawa ninyo ito! Alam ng Panginoon na kinakatawan at pinaglilingkuran ninyo na magagawa ninyo ito. Alam kong magagawa ninyo ito. At bilang Kanyang lingkod, ipinapangako ko na tutulungan Niya kayo. Mangyaring lagi ninyong tandaan na sa tulong at lakas Niya, magagawa ninyo ito!"

Mahal ko kayo at dalangin ko na habang sinisikap ninyong marating ang nararapat ninyong kahinatnan, makilala at matugunan ninyo nang may pananampalataya ang tinig at patnubay ng Panginoon. Sa gayon kayo ay tunay na magiging makapangyarihan at mahuhusay na kinatawan ng Panginoong Jesucristo. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal na ibinigay sa Provo Missionary Training Center noong Hunyo 24, 2011.*

**MGA TALA**

1. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 13.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 165.

# NGUMITI *Lamang at* MAGSABI *ng* HINDI

Ni Hazel Marie Tibule

Isang tag-init, sumali ako sa internship sa isang isla sa Bicol, Philippines. Napakaganda ng karagatan, at sabik ako sa pagsapit ng bawat umaga.

Gayunman, kinatakutan ko ang pagsapit ng gabi. Iyon ang oras na nag-iinuman at nagdaraos ng mga party ang mga tao sa kampo. Madalas akong maimbitahan sa mga party na iyon, at kailangan kaming dumalo ng mga kapwa ko intern, dahil kawalang-galang ang hindi pagdalo.

Ang una ay welcome party para sa mga bagong intern. Natakot akong dumalo, dahil siguradong aalukin nila kami ng alak at hindi ako sigurado kung paano ito tanggihan. Tinawagan ko ang isang kaibigan sa ward namin, at binigyan niya ako ng magandang payo na nakaragdag sa tiwala ko sa aking sarili.

Nang magsimula ang party, inalok nila kami ng alak pero, mabuti na lang, hindi nila kami pinilit uminom. Dahil tanggap ng mga kapwa ko intern na hindi ako umiinom, ang pagtanggi sa sumunod na mga alok na uminom ay naging madali na para sa akin—hanggang sa sumapit ang isang gabi. Sa isa sa mga party, dumating ang presidente ng kumpanya. May dala siyang bote ng *lambanog* (isang lokal na alak na gawa mula sa niyog). Hindi nagtagal pagdating niya, nakita ko siyang nagsasalin ng alak. Pagkatapos ay sinabi niya, "Dapat kayong matutong uminom ng alak" at iniabot niya ang baso sa isa sa mga intern. Mabilis niya itong ininom.

Nagsimulang kumabog ang dibdib ko. Hindi magtatagal at ako na ang susunod. Ibinulong ko sa aking sarili, "Hindi ko iinumin iyan. Hindi ko iinumin iyan." Pagkatapos ay nakita kong iniaabot sa akin ng presidente ang baso ng alak. Hindi ko alam ang gagawin ko. Nakatingin sa akin ang mga kapwa ko intern, at inaabangan ang gagawin ko. Nginitian ko ang presidente at mapagpakumbaba kong sinabi, "Sori po, sir, pero hindi ako umiinom."

*Marami na akong tinanggihang alok na uminom, ngunit ngayon ang presidente ng kumpanya ang nag-aalok sa akin ng isang baso ng alak.*



Alam kong nadismaya siya. Itinanong niya kung bakit hindi ako umiinom. Sabi ko, "Mormon po ako."

Sabi niya, "Ngayon ko lang narinig ang relihiyong iyan. Parang pagkain ang tunog." Nagtawanan ang lahat.

Napangiti rin ako, hindi dahil sa biro niya kundi dahil alam kong tama ang ginawa ko.

Wala nang nag-alok sa aking uminom mula noon. Pero hindi pa rin tumigil ang pangungutya, kahit ng sarili kong mga kaibigan. May nagsabi pa na sinungaling ako at mahirap isipin na hindi umiinom ng alak ang mga miyembro ng Simbahan. Sa sandaling iyon nadama ko ang tensyong nararanasan ng mga miyembro ng Simbahan.

Marami akong natutuhan sa paglagi ko sa islang iyon, hindi lamang sa akademya kundi sa espirituwal. Nalaman ko na maaaring hindi tumigil ang pangungutya kailanman, ngunit lagi kang gagabayan ng Espiritu ng Panginoon na gawin ang tama. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Metro Manila, Philippines.*

PAGLALARAWAN NI SUDI MCCOLLAN



**Ni Elder Adrián Ochoa**
Ng Pitumpu

# MAGING MATATAG, MAGING MALUSOG, MAGING MATALINO

*Gusto mo bang gumanda ang pakiramdam mo at lumaki ang tiwala mo sa sarili sa pisikal at emosyonal? Makatutulong ang regular na ehersisyo.*

Nabasa ko kamakailan ang isang nakatutuwang konsepto tungkol sa pag-eehersisyo. Nabasa ko na kung gigising ka nang maaga, magsusuot ka ng damit pang-ehersisyo, at iisipin mo, "Isusuot ko lang ito, maglalakad-lakad ako sa labas, at kung maganda ang pakiramdam ko, sisimulan kong mag-jogging," malamang na makapag-ehersiyo ka nang maayos bago mo pa man ito malaman. Ang simpleng pagplanong ito ay makatutulong sa iyo na ugaliing mag-ehersisyo at pangalagaan ang iyong katawan. Para sa marami, pagsisimula at pagpapatuloy na mag-ehersisyo ang pinakamahirap gawin. Kung tatandaan mo na hindi lamang katawan mo ang pinalulusog ng pag-eehersisyo kundi pati na ang isipan at talino mo, tutulungan ka nitong gustuhin pang maging mas malusog. Kapag nag-ehersisyo ka, magiging masigla ka at madarama mong ikaw ay malakas, may tiwala sa sarili, alerto, at panatag.

Naaalala ko ang kuwento tungkol sa isang ibon na nagsimulang ibigay ang kanyang mga balahibo kapalit ng mga bulate. Madaling makakuha ng pagkain sa gayong paraan, at iniisip naman ng ibon na marami siyang balahibo. Habang patuloy nitong ipinagpapalit ang kanyang mga balahibo, masaya ang ibon dahil hindi na niya kailangang gumising nang maaga para manghuli ng mga bulate. Makakaupo na lang siya sa pugad maghapon at hindi na niya kailangang kumilos pa kahit kailan. Sa huli, gayunman, masyadong nahirati ang ibon dito at natanto na lamang niya na hindi na siya makalipad dahil naubos na ang mahahalaga niyang balahibo.

Nangyayari ito sa sinumang nagkakaroon ng masamang pag-uugali, nagiging tamad, o gumagamit ng nakalululong na mga bagay. Sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* mababasa natin na ang mga bagay na ito ay "pumipinsala sa inyong pisikal, mental, emosyonal, at espirituwal na kapakanan. Sinisira nito ang pakikipag-ugnayan sa inyong pamilya at mga kaibigan at nakababawas ito sa pagpapahalaga ninyo sa sarili. Nililimitahan nito ang inyong kakayahang pumili para sa inyong sarili."[1] Ang pagiging aktibo at pagkain nang tama ay tumutulong sa atin na iwasan ang masasamang ugaling ito. Kung nagpatuloy lang ang ibon sa paglipad at paghuli, hindi sana naubos ang mga balahibo nito. Gayundin, kung tayo ay "kikilos" at mag-eehersisyo nang regular, makakaya nating iwasan ang anumang hilig ng katawan na nakapipinsala at nakapagpapababa sa ating pagkatao.

May mga tao na may problema sa pisikal na kalusugan, ang iba naman ay sa emosyonal na kalusugan. Maaaring mahirap ang buhay, at kung minsan ay nababalisa tayo, nalulungkot, o nawawalan ng pagpapahalaga sa sarili. Ngunit tandaan na para sa pisikal at emosyonal na kalusugan, nakatutulong ang ehersisyo at kasipagan para manatiling maganda ang pananaw. Ang pag-aalaga ng inyong katawan ay pumapayapa rin sa inyong isipan at tinutulungan kayong maalaala na kayo ay anak ng Diyos at maaaring magkaroon ng tiwala sa sarili at maging masaya. Ang ating emosyon, katawan, at espiritu ay magkakaugnay. Itinuturo sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* na: "Ang inyong emosyonal na kalusugan ay mahalaga rin at maaaring makaapekto sa inyong espirituwal at pisikal na kapakanan. Ang kabiguan at paminsan-minsang kalungkutan ay bahagi ng buhay na ito. Gayunpaman, kung matagal na kayong nakadarama ng lungkot, kawalang-pag-asa, pag-aalala, o depresyon, kausapin ang inyong mga magulang at bishop at magpatulong."[2]

Bakit may mga tao sa ating paligid na tila mas masigla at masaya? Ang isang pangunahing dahilan ay ang pag-uugali. Kung titingnan natin ang ating katawan mula sa espirituwal na pananaw at mauunawaan na ito ay "templo, isang kaloob mula sa Diyos," mamahalin natin ito at pananatilihing sagrado.[3]


Para sa akin, ang ibig sabihin ng *sagrado* ay malinis, napapangalagaan, at malakas. Ang isa sa mga paraan na tinutulungan tayo ng Ama sa Langit na panatilihing sagrado ang ating katawan ay sa pagbibigay sa atin ng Word of Wisdom. Ipinaliwanag sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*: "Kapag sinunod ninyo ang batas na ito, mananatili kayong ligtas sa mga nakapipinsalang pagkalulong at makokontrol ninyo ang inyong buhay. Mabibiyayaan kayo ng malusog na katawan, listong isipan, at ng patnubay ng Espiritu Santo. Magiging handa kayong paglingkuran ang Panginoon. Huwag ninyong hayaang malinlang kayo ni Satanas o ng sinuman sa pag-iisip na kapag hindi ninyo sinunod ang Word of Wisdom ay higit kayong liligaya, mas magiging popular, o mas kaakit-akit."[4] Sa pagsunod ninyo sa Word of Wisdom, alalahanin na pinangangalagaan ninyo kapwa ang inyong katawan at isipan at tinutulutan kayo nitong "[makatagpo] ng karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman" (D at T 89:19).

Sa halip na maging tamad na ibon na ipinagpapalit ang mga balahibo, simulan ang pag-eehersisyo. Palaging mag-ehersisyo. Sumali sa paborito ninyong sport o makipagkaibigan sa maaari ninyong makasamang tumakbo o maglibang. Kapag gumagawa kayo ng mga pisikal na bagay, sinasanay ninyo hindi lamang ang inyong katawan kundi pati na ang inyong isipan. Pinalalakas din ng pag-eehersisyo ang emosyonal na kalusugan. Tandaan na ang pinakamahalaga sa lahat ay hindi kung gaano kayo kaliksi o kalakas—ang pinakamahalaga ay kung palagi kayong maliksi o malakas. Kapag nag-ehersiyo kayo nang regular, hindi lamang kayo magiging mas masaya kundi magiging mas malakas, mas malusog, at mas matalino rin kayo. ■

**MGA TALA**

1. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 26.
2. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 27.
3. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 25.
4. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 25.





***Huwag tumulad sa tamad na ibon na ipinagpalit ang mga balahibo para sa mga bulate.***

PAGLALARAWAN NI GREG NEWBOLD



# SUNDAN ANG KANYANG mga Yapak

*Ang pagtulad sa Tagapagligtas ay unti-unti at habambuhay na gawain, at makapagsisimula ka sa maliliit na paghakbang araw-araw.*

**Ni Melissa Zenteno**
Mga Magasin ng Simbahan

Hinihikayat tayo sa mga banal na kasulatan na tularan si Jesucristo at "lumakad na gaya ng inilakad niya" (I Ni Juan 2:6). Ngunit ang unang paghakbang na iyan ay maaaring mahirap—lalo na kapag hindi mo alam kung paano magsimula.

Matutulungan ka ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero.* Maaaring iniisip mo na hanbuk lang ito para sa mga full-time missionary, ngunit ang totoo ay malaki ang maitutulong nito sa pagsisimula mong kamtin ang mithiing tularan ang Tagapagligtas. Layon ng kabanata 6 na tulungan kang maunawaan at maipamuhay ang siyam na katangian ni Cristo.

Narito ang ilang mungkahi kung paano gamitin ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* at ang mga banal na kasulatan sa paghahangad mong taglayin ang mga katangian ni Cristo:

- Para makapagsimula, pumunta sa Aktibiti Patungkol sa Katangian sa dulo ng kabanata 6 sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* (pahina 144). Matutulungan ka ng aktibidad na ito na malaman kung aling mga katangian ang espirituwal na kalakasan mo ngayon at kung alin ang kailangan mong sikaping taglayin.

- Matapos gawin ang aktibidad, mapanalanging pumili ng isang katangiang pagtutuunan ng pansin. Isiping basahin ang bahagi sa kabanata 6 tungkol sa katangiang iyon.
- Magtakda ng partikular na mga mithiing maaaring kamtin na makatutulong sa iyo na magkaroon ng ganitong katangian. Bigyan ng takdang panahon ang iyong sarili para gawin ang iyong mithiin. Pagkatapos ay suriin ang iyong pag-unlad. Halimbawa, kung gusto mong maging mas mapagbigay, maaari kang magtakda ng mithiing magsabi ng magagandang bagay tungkol sa kapatid mong lalaki o babae nang tatlong beses sa isang araw sa loob ng isang linggo. Sa katapusan ng linggo, susuriin mo kung nagawa mo ang iyong mithiin at gagawa ka ng mga pagbabagong makatutulong sa iyo na patuloy na bumuti.
- Ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ay naglalaan ng mga talata sa banal na kasulatan na pag-aaralan sa bawat katangian. Maaaring mapanalangin mong pag-aralan ang mga banal na kasulatan na nakalista at isulat ang mga impresyong natanggap mo habang nagbabasa.
- Hilingin sa Ama sa Langit na tulungan kang magkaroon ng isang katangian ni Cristo. Hingin ang kailangan mong tulong tulad ng, "Bigyan po Ninyo ako ng lakas na huwag magalit kapag kinukuha ng mga kapatid ko ang mga gamit ko." Kapag mas partikular ang iyong mga dalangin, mas madali mong madarama ang mga sagot ng Panginoon.

Ang pagtulad sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo ay unti-unting proseso at panghabambuhay na hangarin. Kung minsan ay parang napakahirap nito. Ngunit huwag mawalan ng pag-asa. Nangako sa atin ang Panginoon: "Siya na tumatanggap ng liwanag, at nagpapatuloy sa Diyos, ay tumatanggap ng marami pang liwanag; at ang liwanag na yaon ay lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw" (D at T 50:24). Sa pagtanggap, pag-aaral, at pamumuhay natin ng liwanag at katotohanan at patuloy nating pagsunod sa Diyos sa bawat araw, makatitiyak tayo na magiging mas katulad tayo ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. ■

## MGA GAWAIN SA ARAW-ARAW

Ang araw-araw na mga kilos ay mga hakbang para maging katulad ng ating Tagapagligtas. Isaalang-alang ang mga karagdagang aktibidad na ito para matulungan kang magkaroon ng mga katangian ni Cristo:

- Basahin ang mga talata sa banal na kasulatan na nakalista sa Topical Guide o sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan na nauugnay sa katangiang hangad mong taglayin.
- Ipagdasal araw-araw ang hangaring magbago at magkaroon ng lakas na magpakabuti.
- Mag-ingat ng journal para maitala ang iyong pag-unlad.
- Kausapin ang iyong mga magulang. Ipaalam sa kanila ang iyong mga mithiin para matulungan ka nila.

MGA ARALING PANG-LINGGO

Ang Paksa sa Buwang ito: Pagiging Higit na Katulad ni Cristo

## SUMALI SA USAPAN



Sa buong Oktubre, pag-aaralan ninyo kung paano maging higit na katulad ni Cristo (kung may mga bagong lesson sa inyong ward o branch sa inyong wika). Matapos basahin ang artikulong ito, mapanalanging pumili ng isang katangian na pagsisikapan mong taglayin sa linggo o buwang ito. Maaari kang magtakda ng mithiin at suriin ang iyong pag-unlad pagkatapos. Halimbawa, naging mas mapagbigay o mas masunurin o mas mapagpasensya ka ba? Paano ka natulungan ng mithiin mong maging higit na katulad ni Cristo na makayanan ang mga paghihirap? Isiping ibahagi ang iyong karanasan sa iba pang mga kabataan o sa inyong pamilya.

PAGHAHANAP SA NAWAWALA, NI LIZ LEMON SWINDLE, HINDI MAAARING KOPYAHIN; PAGLALARAWAN © SHAYLA MARIE FURSOV; BACKGROUND © ISTOCK/THINKSTOCK; FILIGREES © HEMERA/THINKSTOCK

# "Ano ang sasabihin ko sa mga hindi miyembro na nagtatanong kung bakit hindi ipinamumuhay ng ilang miyembro ng Simbahan ang ating mga pamantayan?"

Napakaganda kung lubos na ipinamumuhay ng bawat miyembro ng Simbahan ang ebanghelyo. Hindi lamang nila matatamasa ang iba pang mga pagpapala sa kanilang buhay kundi magiging magandang halimbawa pa sila sa mga nasa paligid nila. Ngunit tayo'y mortal, kaya nagkakamali tayo kahit paano. Ang pangunahing dahilan kaya mas lubos na naipamumuhay ng ilan ang ebanghelyo kaysa sa iba ay dahil magkakaiba ang lalim ng pagbabalik-loob at lakas ng ating patotoo. Magkakaiba ang ating mga pagsubok at pinagkukunan ng tulong at mga taong tumutulong sa atin.

Maaaring hindi nauunawaan ng mga di-miyembro ang mga katagang tulad ng "pagbabalik-loob" at "patotoo," pero mauunawaan nila na mapipili ng bawat tao kung paano mamuhay. Maipaliliwanag mo na nilayon ito ng Ama sa Langit na maging gayon. Binigyan Niya tayo ng kalayaan para espirituwal tayong lumago sa pagpili ng tama. Ngunit alam din ng Ama sa Langit na lahat—maliban kay Jesucristo—ay magkakamali, kaya naglaan Siya ng Tagapagligtas para sa atin. Dahil sa Pagbabayad-Sala, maaari tayong magsisi, mapatawad, matuto sa ating mga pagkakamali, at magpatuloy sa buhay.

Maipaliliwanag mo rin na hindi natin hinuhusgahan ang mga taong hindi sumusunod sa mga pamantayan ng Simbahan. Sa halip, sinisikap natin silang tulungan, unawain, at pagpasensyahan. Bagama't hindi natin kinukunsinti ang kasalanan, hindi natin hinahatulan ang makasalanan (tingnan sa Juan 8:11). Maaari pa rin tayong magsisi, lahat tayo.

### Saliksikin ang mga Banal na Kasulatan



Ang sagot sa tanong ay matatagpuan sa mga banal na kasulatan. Kapag hindi sinusunod ng mga tao ang mga kautusan, huwag natin silang hatulan (tingnan sa Mateo 7:1). Sabi sa Mga Taga Roma 3:23, "Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios." Gayunman, dapat talagang sikapin ng mga miyembro ng Simbahan na maging masunurin.

*Madison M., edad 13, Texas, USA*

### Magturo Tungkol sa Pagbabayad-Sala



Kapag nagsasabi ng ganyang mga bagay ang mga tao, sa halip na hanapan ng mali ang miyembrong hindi sumusunod sa mga tuntunin, ginagamit ko itong pagkakataon para magturo tungkol sa Pagbabayad-sala. Sinasabi ko sa kanila na hindi dahil sa Mormon tayo ay perpekto na tayo at may Pagbabayad-sala naman kaya maaari nating pagsisihan ang ating mga kasalanan at itama ang mga pagkakamaling iyon. Karaniwan ay sinusundan ito ng mas marami pang tanong.

*Jayde H., edad 16, Oregon, USA*

### Itinuturo ng Simbahan na Gumawa Tayo ng Mabuti



Tulad ng iba, dumaranas din ng mga pagsubok at tukso ang mga miyembro ng Simbahan. Lahat tayo ay may mga kahinaan, ngunit hindi iyan nangangahulugan na hindi totoo ang Simbahang ito. Ito ang Simbahan ni Jesucristo, na tumutulong sa mga tao

*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

na malaman ang totoong ebanghelyo at matanggap ang kadakilaan. Ang likas na tao ang sumusuway sa mga kautusan (tingnan sa Mosias 3:19), at hindi ito kasalanan ng Simbahan. Itinuturo sa atin ng Simbahan na gumawa ng mabuti. Pero tayo pa ring lahat ang magpapasiya.

*Lavinia S., edad 19, Bulacan, Philippines*

### Ang mga Pamantayan ay para sa Ating Kaligayahan



Talagang pamilyar sa akin ang tanong na ito dahil may mga kilala ako na gumawa ng mga pasiya na naglayo sa kanila sa ebanghelyo. Binibigyan tayo ng Panginoon ng mga utos para sa ating kaligayahan at upang "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Nais ng Panginoon na makabalik tayo sa Kanya; gayunman, nais Niyang tayo ang magpasiya. Kaya nga hindi ipinamumuhay ng ilang tao ang ating mga pamantayan. Ako mismo ay tinutulungan ng mga pamantayan dahil alam ko na ibinigay ito sa akin ng Ama sa Langit para makabalik ako at makapiling Siya at maging maligaya. Patunay ito na mahal Niya ako.


*Morgane D., edad 18, Languedoc-Roussillon, France*

### Ipagdasal at Bisitahin Sila

Ang mga miyembrong hindi ipinamumuhay ang ating mga pamantayan ay maaaring walang patotoong nakasentro kay Jesucristo. Dapat natin silang ipagdasal, upang hangarin nilang magabayan ng Espiritu at magkaroon sila ng sariling patotoo. Dapat nating bisitahin ang mga taong ito at tulungan silang lumapit kay Cristo.

*Andrea C., edad 13, Lima, Peru*

### Maging Isang Halimbawa



Ang Simbahang ito ay mahalaga para tulungan tayo na sundin ang mga utos ng ating Ama sa Langit at makapiling natin Siyang muli. Ngunit hindi dahil miyembro ng Simbahan ang isang tao ay lagi na siyang mabait. Tingnan ninyo ang mundo natin ngayon, puno ng kasamaan at nakasusuklam na mga gawain, bagama't puno ito ng mga tao na nagpasiyang sundin si Jesucristo sa buhay bago sila isinilang. Palagay ko ang pinakamagandang magagawa natin ay magpakita ng halimbawa sa ating mga kaibigan.


*Kaden S., edad 15, Utah, USA*

### Ipamuhay ang Ating mga Pamantayan



Tulad ng iba pang organisasyon o relihiyon, may ilang tao na mas tapat o hindi ganong tapat. Kailangan lang nating ipamuhay ang ating mga pamantayan sa abot ng ating makakaya at umasa at manalangin na gagawin din iyon ng iba.

*Maren S., edad 16, Arizona, USA*



### TINGNAN ANG IBA AYON SA MAAARING KAHINATNAN NILA

"Responsibilidad nating makita ang mga tao hindi sa kung ano sila ngayon kundi kung ano ang maaaring kahinatnan nila. Makikiusap ako sa inyo na isipin ninyo sila sa ganitong paraan."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Tingnan ang Kapwa Ayon sa Maaaring Kahinatnan Nila," *Liahona,* Nob. 2012, 70.**

## SUSUNOD NA TANONG

"Sinisikap kong huwag mag-isip ng masama, pero napakaraming tukso. Paano ako magkakaroon ng mas malinis na isipan?"

Bago sumapit ang Nobyembre 15, ipadala ang sagot mo at, kung gusto mo, isang high-resolution na retrato sa liahona@ldschurch.org o sa pamamagitan ng koreo sa address na nasa pahina 3.

Ang sumusunod na pahintulot at impormasyon ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at retrato.



Ni Elder
C. Scott Grow
Ng Pitumpu



*Ang tulungan kang magsisi ay espesyal na tungkulin ng bishop. Sasabihin sa iyo ng konsiyensya mo kung kailangan mo siyang kausapin.*

# BAKIT KO KAILANGANG MAGTAPAT AT ANO ANG KAILANGAN KONG IPAGTAPAT SA BISHOP KO?

Maaari kang magtaka kung bakit ka tinuturuang magtapat sa bishop o branch president mo kapag nakagawa ka ng mabibigat na kasalanan. Maaari mong sabihin sa iyong sarili, "Hindi ba't ang pagsisisi ay isang personal na bagay sa pagitan ko at ng Panginoon? Kung itinigil ko na ang maling pag-uugali ko at ipinagtapat ko na ito sa Diyos, bakit ko pa kailangang kausapin ang bishop ko?"

### Bakit ang Bishop at Hindi Ibang Tao?

Maraming kabataan na mas komportableng ipagtapat ang kanilang mga kamalian sa kanilang mga magulang o mga lider ng kabataan. Bagama't makapagbibigay ang mga magulang at lider mo ng kailangang suporta at payo, sinabi ng Panginoon na ang bishop ang pangkalahatang hukom sa Israel (tingnan sa D at T 107:72, 74). Responsibilidad niyang alamin ang pagkamarapat ng mga miyembro ng kanyang ward. Sa pamamagitan ng ordinasyon at matwid na pamumuhay, ang bishop ay may karapatan sa paghahayag mula sa Espiritu Santo tungkol sa mga miyembro ng kanyang ward, pati na sa iyo.

Matutulungan ka ng bishop na magsisi sa paraang hindi kayang ibigay ng iyong mga magulang o iba pang mga lider. Kung mabigat ang kasalanan, maaari niyang ipasiya na dapat limitahan ang mga pribilehiyo mo sa Simbahan. Halimbawa, bilang bahagi ng iyong pagsisisi, maaari ka niyang sabihan na huwag kang makibahagi sa sakramento o huwag gamitin ang priesthood sa loob ng ilang panahon. Tutulungan ka niya at siya ang magpapasiya kapag karapat-dapat ka nang muling gawin ang mga sagradong aktibidad na iyon.

Papayuhan ka ng bishop mo sa mga gagawin mo upang lumakas ang kakayahan mong labanan ang tukso. Maaari ka niyang hikayating pag-aralan ang isang paksa sa doktrina, tulad ng pagsisisi, at pagkatapos ay ibahagi sa kanya ang natutuhan mo. Maaari niyang hilingin sa iyo na mag-usap kayo linggu-linggo para mai-report mo kung nagagawa mong lumayo sa mga nakatutuksong sitwasyon.

### Kailan Ko Siya Dapat Kausapin?

Maaaring iniisip mo, "Magandang pakinggan ang lahat ng iyan, pero paano ko malalaman kung sapat ang bigat ng pagkakamaling nagawa ko para kailanganin kong kausapin ang bishop?" Ang maikling sagot: "Sasabihin sa iyo ng konsiyensya mo." Kapag binagabag ka ng konsiyensya

mo, kumilos kaagad (tingnan sa Alma 34:31–34).

Hinggil sa pagsisisi, itinuro ni Haring Benjamin, "Hindi ko masasabi sa inyo ang lahat ng bagay kung saan kayo ay maaaring magkasala; sapagkat maraming magkakaibang daan at mga paraan, na lubhang napakarami kung kaya't hindi ko na yaon magagawang bilangin" (Mosias 4:29). Kaya sa halip na magbigay ng detalyadong listahan ng mga bagay na kailangan mong ipagtapat sa bishop mo, ibabahagi ko ang ilang alituntuning tutulong sa iyo na magawa ang desisyong iyan.

## Ano ang Kailangan Kong Ipagtapat?

Alam ko na sinikap mo nang maging masunurin, pero siguro'y nakagawa ka ng ilang pagkakamali—ilang mabibigat na pagkakamali. Karamihan sa mga pagkakamaling nagagawa ng mga tao ay malulutas sa pamamagitan ng personal na panalangin at taos-pusong pagsisisi. Ang ilang pagkakamali, lalo na ang may kinalaman sa imoralidad, ay kailangang ipagtapat sa bishop bago ka mapatawad ng Panginoon.

Habang iniisip mo ang mga pagkakamaling nagawa mo, maaari kang makonsiyensya, maasiwa, malungkot, o maging miserable pa nga. Kung nararamdaman mo ang alinman sa mga ito, siguro kailangan mo nang kausapin ang bishop mo tungkol sa mga pagkakamaling iyon.

Huwag mong subukang bigyang-dahilan o pangatwiranan ang pagkakamali mo. Maaaring iniisip mo, "Nakakahiyang sabihin sa bishop ang ginawa ko. Iniisip niyang mabuti akong tao. Magugulat siya kapag sinabi ko sa kanya ang ginawa ko. Hindi na niya ako magugustuhan."

Ipinapangako ko sa iyo na hindi ka niya huhusgahan. Bilang lingkod ng Panginoon, magiging mabait siya at maunawain habang nakikinig sa iyo. Pagkatapos ay tutulungan ka niya sa proseso ng pagsisisi. Siya ang sugo ng awa ng Panginoon para tulungan kang maging malinis sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Sinabi ng Panginoon: "Masdan, siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito.

"Sa pamamagitan nito inyong malalaman kung ang isang tao ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan—masdan, kanyang aaminin ang mga yaon at tatalikdan ang mga yaon" (D at T 58:42–43).

Kapag ipinagtapat at tinalikdan mo ang iyong mga kasalanan, patatawarin ka ng Panginoon. Hindi mo na kailangang panagutan pa sa Kanya ang mga kasalanang iyon pagdating ng panahong ikaw ay hahatulan.

## Paano Kung Hindi Ako Magtapat?

Kung minsan ay titigil ang isang tao sa paggawa ng mali pero hinding-hindi magtatapat sa bishop niya, kapag kailangan. Dahil dito, patuloy na pinapasang mag-isa ng taong iyon ang bigat ng kasalanan, sa halip na hayaang alisin ng Tagapagligtas ang pasanin.

Bibigyan kita ng isang halimbawa. Isang gabi ilang taon na ang nakararaan, nag-iinterbyu ako ng mga adult na kumukuha ng panibagong temple recommend. Isang babaeng nasa katamtamang edad ang dumating para magpainterbyu. Ikinasal siya sa templo at aktibo sa Simbahan sa buong buhay niya.

Nadama ko ang matinding kalungkutan sa kanyang kaluluwa. Habang lumalaon ang interbyu, tumanggap ako ng espirituwal na pahiwatig. Sinabi ko sa kanya, "Sister, palagay ko may nagawa kang mabigat na pagkakamali noong tinedyer ka na hindi mo ipinagtapat sa isang priesthood leader. Handa ka na bang sabihin ito sa akin?"

Napaiyak siya kaagad. Sinabi niya sa akin na totoo iyon, pero lagi siyang nahihiyang ipagtapat ito sa bishop. Nang ipagtapat niya ang kanyang ginawa, sapat ang detalyeng inilahad niya para malaman ko kung karapat-dapat siya.

Ang pagtatapat ng kanyang kasalanan sa isang priesthood leader ang naging katapusan ng proseso ng kanyang pagsisisi sa halip na simula. Mahigit 30 taon niyang dinala nang walang-saysay ang bigat at kalungkutang dulot ng kasalanang iyon.

Dahil natapos na niya ang huling hakbang ng pagsisisi, malinis na ang kanyang konsiyensya. Nakikita ko siya paminsan-minsan pagkatapos ng interbyung iyon. Umaliwalas ang kanyang mukha, at masaya siya.

Nais kong malaman ninyo na hindi ko na maalala ang pangalan niya. Kayang alisin ng Panginoon sa mga bishop ang gayong mga alaala. Ang naaalala ko ay na sa pagtatapat sa kanyang priesthood leader, naalis sa isang babaeng nasa katamtamang edad ang bigat ng kasalanang pinasan niya nang maraming taon.

Huwag sana ninyong gawin ang pagkakamaling iyan. Kung binabagabag ka ng iyong konsiyensya pero hindi mo tiyak kung kailangan mong magtapat sa bishop mo, kausapin siya. Magpatulong ka sa kanya. Huwag mong tangkaing dalhin habambuhay ang walang-saysay na pasanin, na labis na magpapalungkot sa iyo. Sa pamamagitan ng pagtatapat mo sa bishop at pagsisisi, aalisin ng Panginoon ang pasaning iyan sa iyong kaluluwa (tingnan sa Isaias 1:18).

MGA PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH



## Bakit Kailangan Akong Magsisi?

Si Jesucristo ay nagdusa para sa mga kasalanan ng buong sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Inaanyayahan ka Niyang magsisi at iwasang maragdagan pa ang iyong pighati at pagdurusa. "Magsisi, upang . . . ang iyong mga pagdurusa ay [hindi] maging masakit—kung gaano kasakit ay hindi mo nalalaman, kung gaano kasidhi ay hindi mo nalalaman, oo, kung gaano kahirap dalhin ay hindi mo nalalaman.


"Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi;

"Subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko. . . .

"Dahil dito, iniuutos kong muli sa iyo na magsisi, . . . at iyong ipagtapat ang iyong mga kasalanan, kung hindi ay daranasin mo ang mga kaparusahang aking sinabi" (D at T 19:15–17, 20).

Pinatototohanan ko na sa pamamagitan ng Kanyang pagdurusa, napagbayaran na ni Jesucristo ang iyong mga kasalanan. Maaari kang mapatawad kung ikaw ay magsisisi. Huwag mong subukang pagbayaran ang iyong mga kasalanan. Gaano mang pagdurusa ang danasin mo ay hindi ka matutubos nito; ikaw ay makatatanggap ng kapatawaran sa pamamagitan lamang ng Pagbabayad-sala.

Nawa'y manalig ka kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-Sala. Pinatototohanan ko sa pangalan ni Jesucristo na sa pamamagitan ng pagsisisi, kabilang na ang pagtatapat sa bishop mo kung kailangan, ikaw ay malilinis. Bukod pa rito, sa tulong ng biyaya ng Tagapagligtas—ang Kanyang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan—mapapalakas ka sa kakayahan mong labanan ang tukso sa hinaharap. Dahil dito, magkakaroon ka ng kapayapaan ng isipan at kaligayahan sa buhay na ito, at magmamana ka ng buhay na walang hanggan sa mundong darating. ■




### ANG ATING DAKILANG TAGAPAGPAGALING

"Ang Tagapagligtas ay kadalasang tinutukoy na Dakilang Tagapagpagaling. . . . Ang nababagabag na budhi sa ating espiritu ang katumbas ng sakit na nadarama ng ating katawan—isang babala ng panganib at proteksyon mula sa karagdagang pinsala. Mula sa Pagbabayad-Sala ng Tagapagligtas ay dumadaloy ang lunas na nakapagpapagaling sa ating mga espirituwal na sugat at nag-aalis ng pagkabagabag ng budhi. Gayunman, ang lunas na ito ay magagamit lamang sa pamamagitan ng mga alituntunin ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, pagsisisi, at patuloy na pagsunod. Ang mga bunga ng taos-pusong pagsisisi ay kapayapaan ng budhi, kapanatagan, at paggaling sa espirituwal at panibagong sigla.

"Ang inyong bishop o branch president ang espirituwal na katuwang ng tagapagpagaling na awtorisadong tumulong sa inyo upang makapagsisi at gumaling."

**Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Naniniwala Kami sa Pagiging Malinis," *Liahona,* Mayo 2013, 44.**



Ni Elder
O. Vincent Haleck
Ng Pitumpu

# Pag-anyaya sa Tagapagligtas na Pumasok

*"Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya" (Apocalipsis 3:20).*



Noong bata pa ako, naglabas ang nanay ko noong Kapaskuhan ng larawan ng Tagapagligtas na kumakatok sa isang pintuan. Hindi pa kami miyembro ng Simbahan noon, at lagi kong itinatanong, "Bakit kumakatok si Jesus sa pintuan? Sino ang nasa kabila ng pintuan?"

Makaraan ang ilang taon natuklasan ko na walang hawakan sa labas ang pintuang kinakatok ng Tagapagligtas. Kailangang buksan ng taong nasa loob ang pintuan. Alam ko na ngayon kung sino ang nasa kabila ng pintuan. Tayo! Kumakatok ang Tagapagligtas, at kailangang buksan nating lahat ang pintuan at anyayahan Siyang pumasok sa ating buhay.

Noong tinedyer ako, nagpasiya akong anyayahan ang Tagapagligtas sa buhay ko sa pagpapabinyag at pagiging miyembro ng Simbahan. Mabubuting halimbawa sa akin ang mga kaibigan ko. Gayundin ang lola ko. Temple worker siya noon sa Los Angeles California Temple. Umaalis siya ng bahay namin nang alas-4:00 ng umaga para paglingkuran ang Panginoon sa templo.

Dalawang taon lang matapos akong binyagan, nagpasiya akong maglingkod sa Panginoon bilang full-time missionary. Sa aking misyon, marami akong tinuruang tao tungkol sa Tagapagligtas para maanyayahan nila Siya sa kanilang buhay.

Kalaunan, naglingkod ako bilang mission president sa Samoa. Palagi kong itinatanong sa mga bagong missionary kung kailan sila nagpasiyang magmisyon. Maraming nagsabi na nasa Primary pa sila nang magpasiya silang maglingkod!

Tutulungan kayo ng Primary na maghandang maglingkod bilang missionary. Pag-aralan ang lahat ng makakaya ninyong pag-aralan. Magtakda ng mithiin na magmisyon. Sa gayon ay matutulungan mo rin ang mga tao na anyayahan ang Tagapagligtas sa kanilang buhay. Ang pagiging missionary ay magpapabago ng buhay mo—binago nito ang buhay ko. ■

PAGLALARAWAN NI JENNIFER TOLMAN

# Bagong

*Malaking responsibilidad ang magpasa ng sakramento. Paano kung magkamali siya?*

**Ni Jane McBride Choate**
Batay sa tunay na buhay

*"At gayon din lahat sila na tumanggap ng pagkasaserdoteng ito ay tinanggap ako, wika ng Panginoon" (D at T 84:35).*

Tumayo si Benji sa harap ng salamin, inaayos ang kurbata niya. Bagay na bagay ang kanyang puting polo at asul na asul na pantalon. Nakasuklay ang kanyang buhok. Mukha naman talagang handa na siyang maorden na deacon. Pero bakit sobra ang kaba niya?

Kinuha ni Benji ang kanyang mga banal na kasulatan at lumabas ng silid. Pinilit niyang huwag isipin ang mangyayaring kakaiba sa simbahan ngayon. At nariyan pa ang bagong tungkulin sa priesthood na nagpapakaba sa kanya tuwing maiisip niya ito: pagpapasa ng sakramento. Paano kung magkamali siya sa una niyang paggawa nito sa susunod na linggo? Pinilit niyang kalimutan na rin iyon nang umalis siya ng bahay.

Idinaos ang sacrament meeting na tulad ng dati. Pero pagkatapos niyon, nagpunta na si Benji kasama ang pamilya niya sa opisina ni Bishop Salazar. Talagang kakaiba ito. Dati ay nasa opening exercises siya ng Primary sa oras na iyon.



# Deacon



"Kung gagampanan ninyong mabuti ang inyong tungkulin, mga deacon . . . kayo ay magiging mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos kahit ngayon, sapagkat ang priesthood na taglay ng binatilyo ay kasingbisa ng kapangyarihan ng priesthood na taglay ng lalaking gumagamit nito sa kabutihan."

**Elder Tad R. Callister ng Pitumpu, "Ang Kapangyarihan ng Priesthood na Taglay ng Binatilyo,"** ***Liahona,*** **Mayo 2013, 54.**



PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

Umupo si Benji at ipinatong ni Itay, ng bishop, ng Young Men president, at ng mga tagapayo sa bishopric ang kanilang mga kamay sa kanyang ulo. Iginawad sa kanya ni Itay ang Aaronic Priesthood. Habang binabasbasan, nawala ang kaba ni Benji. Panatag at masaya na siya.

Tumayo si Benji at nakipagkamay sa lahat. Pagkatapos ay niyakap niya si Inay at ang kapatid niyang si Jay at ang nakababata niyang kapatid na si Mirasol.

Pagkatapos niyon, nagpunta siya sa Sunday School. Kahit hindi katulad ng Primary ang mga bagong klaseng iyon, komportable pa rin siya. Tungkol sa panalangin ang aralin. Marami na siyang natutuhan noon sa Primary tungkol sa panalangin. Nakahinga nang maluwag si Benjie. Siguro hindi naman napakahirap maging deacon.

"Masaya iyon," sabi ni Jay kay Benji pagkatapos magsimba. "Ako ang magbabasbas ng sakramento, at ikaw ang magpapasa."

Kinabahan siyang muli. "Oo, masaya nga," mahina niyang sabi. Pagpapasa ng sakramento ang talagang inaalala ni Benjie!

Kalaunan nang gabing iyon nadatnan ni Benji si Itay na nagbabasa sa sopa. "Paano kung may malampasan ako at hindi sila makabahagi sa sakramento?" tanong niya. "Paano kung matisod ako?" Napakalinaw nito sa isipan niya, na bumagsak ang tray sa sahig at nagliparan ang mga water cup sa lahat ng dako.

Pinisil ni Itay ang balikat ni Benji. "Naaalala ko noong una akong magpasa ng sacrament. Mas kabado pa siguro ako noon kaysa sa iyo ngayon."

Napakurap si Benji sa gulat. "Kayo po? Wala naman po kayong kinakatakutan!"

Natawa si Itay. "Maraming beses na akong kinabahan. Alam mo ba kung ano ang nakatulong sa akin para huwag kabahan?"

Nag-isip sandali si Benji. "Panalangin?"

Ngumiti si Itay. "Tama. Panalangin. At binasbasan ako ng tatay ko. Gusto mo bang basbasan kita?"

Agad tumango si Benji. "Opo! Gustung-gusto ko po iyan."

Nagtipon ang pamilya sa sala. Ipinatong ni Itay ang kanyang mga kamay sa ulo ni Benji. Habang nagsasalita si Itay, nagsimulang maluha si Benji. "Tandaan mo," sabi ni Itay sa basbas, "natanggap mo ang priesthood sa pamamagitan ng isang sagradong ordenansa. Ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ang priesthood para mapaglingkuran natin ang iba. Kung magagawa mo ito nang may buong layunin ng puso, pagpapalain ka rito at sa lahat ng bagay."

Buong linggong ipinagdasal ni Benji na tulungan siya. Nang sumunod na Linggo, sumama siya sa mga deacon sa pag-upo sa harapan ng chapel. Nakinig siyang mabuti habang binabasbasan ni Jay ang tinapay.

Bigla siyang muling nag-alala. Kaya ba niya talagang gawin ito? Napakahalaga nito! Pagkatapos ay naalala niya ang mga pangako sa basbas ni Itay. Nawala ang pagaalala niya nang madama niya ang Espiritu.

Dinampot niya ang trey at tiwalang nagpunta sa mga hanay na itinalaga sa kanya. Maingat niyang iniabot ang trey sa isang babae sa unang hanay.

Nginitian siya nito. Ngumiti rin si Benji, batid na naglilingkod siya sa Panginoon. ■

# Paghihintay sa Winter Quarters





Ni Jennifer Maddy

## Isang Bagong Lungsod

Matapos mapatay si Propetang Joseph Smith, naging mapanganib na lugar ang Nauvoo, Illinois. Nilisan ng mga Banal ang kanilang tahanan para maghanap ng mas ligtas na lugar na matitirhan. Noong Pebrero 1846, nagsimulang maglakbay pakanluran ang unang grupo ng mga Banal, ngunit nagpabagal sa kanila ang masamang panahon at karamdaman. Nang nakatawid na sila sa Iowa, huli na para matawid nila ang Rocky Mountains bago sumapit ang taglamig sa taon na iyon. Kaya pumili ng lugar ang mga lider ng Simbahan kung saan maaaring manatili ang mga Banal habang taglamig. Pinangalanan nila itong Winter Quarters.



*Ang displey na ito sa loob ng Mormon Trail Center sa Winter Quarters ay replika ng kampong itinayo sa Iowa trail kung saan isinulat ni William Clayton ang himnong "Mga Banal, Halina"* (Mga Himno, *blg. 23).*









**Pagtutulungan**

Ang ilan ay nagtayo ng bahay na yari sa troso o lupang madamo. Ang iba ay nanirahan sa mga tolda at kuweba. Sinikap ng mga Banal na maging masaya sa gitna ng matagal at maginaw na taglamig. Nagtulungan sila. Nagpunta sila sa mga konsiyerto at nag-awitan at nagsayawan. Gumawa sila ng gilingan ng harina, nagtayo ng bulwagang bayan, at pagawaan ng basket.

**Pagpapatuloy**

Napakahirap ng panahong ginugol ng mga Banal sa Winter Quarters. Marami ang namatay. Ngunit nanalig ang mga pioneer na pagpapalain sila ng Panginoon at tutulungan silang makarating sa Sion. Nang sumapit ang tagsibol, nilisan ng unang grupo ng mga pioneer ang Winter Quarters para maglakbay patungong Salt Lake Valley.

Ngayon ay makikita ninyo ang magandang Winter Quarters Nebraska Temple at mabibisita ang Mormon Trail Center sa Winter Quarters para marami pang malaman tungkol sa mga pioneer. ■






*Sa Mormon Trail Center, makikita ninyo ang iba't ibang uri ng mga suplay na dinala ng mga Banal sa kanilang paglalakbay pakanluran. Sinabihan sila ng mga lider ng Simbahan na magdala ng harina, mga pampalasa, bigas, beans, at gatas ng baka.*



*Ang ilan sa mga Banal ay nagtayo ng matitirhang mga bahay na yari sa troso habang nasa Winter Quarters sila.*

*ANG MGA BANAL HABANG TUMATAWID SA MISSISSIPPI*, NI GRANT ROMNEY CLAWSON © IRI; MGA LARAWANG KUHA NINA JENNIFER MADDY AT WELDEN C. ANDERSEN

# Tumigil ang mga Banal sa Winter Quarters

Ni Arie Van De Graaff

Ang mga pioneer ay nanirahan sandali sa Winter Quarters para palipasin ang taglamig bago sila nagpatuloy sa kanilang paglalakbay pakanluran. Tingnan kung mahahanap ninyo ang nakatagong mga bagay sa larawang ito.




Lapis


Kapirasong pie


Paso


Kutsara


Espatula


Aklat


Lyabe


Tasa


Benda


Bowling pin


Karot



Lollipop


Karayom


Relo


Peras

PAGLALARAWAN NI ARIE VAN DE GRAAFF




**Ni Elder D. Todd Christofferson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi ni Jesucristo.*


# Paano nangungusap si Jesucristo sa mga propeta?

Maaari Siyang magpadala ng sugo o Siya mismo ang magpakita.







Maaaring Siya mismo ang magsalita o sa pamamagitan ng tinig ng Espiritu Santo.



Maaari Niyang kausaping isa-isa ang Kanyang mga lingkod, o mangusap sa kanila habang sila ay nagpupulong.





Mula sa "Ang Doktrina ni Cristo, *Liahona,* Mayo 2012, 86–90.

SA ITAAS MULA: *ANG UNANG PANGITAIN,* NI JOHN SCOTT © IRI; *SI JOSEPH SMITH NANG TANGGAPIN ANG MGA LAMINA,* NI KENNETH RILEY © IRI; LARAWANG KUHA NI DAVID WILLIAM NEWMAN © IRI; LARAWANG KUHA NG BUSATH PHOTOGRAPHY; *SI ENOS HABANG NAGDARASAL,* NI ROBERT T. BARRETT, © IRI

Paano magiging mabait si Emma samantalang napakasalbahe ni Violet?

# Pagtulong

**Ni Charlotte Mae Sheppard**
Batay sa tunay na buhay

*"Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili" (Marcos 12:31).*

Hinigpitan ni Emma ang paghawak sa kanyang backpack habang naglalakad papunta sa bago niyang silid-aralan. Iyon ang unang araw ng klase. Suot niya ang paborito niyang damit, at nagbalot si Inay ng espesyal na tanghalian—biskwit [na may hugis ng mga hayop].

"Magiging masaya ang araw na ito," naisip ni Emma sa sarili. "Basta't—" tumigil si Emma at tumitig sa kabilang dulo ng silid-aralan. Naroon siya. Si Violet.

Noong nakaraang taon, sinosolo ni Violet ang mga baras sa palaruan tuwing recess. Ang dami niyang ibinansag kay Emma. Inagaw pa nito ang matalik na kaibigan ni Emma!

Nakita ni Violet si Emma at dumila ito. Pinandilatan ito ni Emma, at lalo niyang hinigpitan ang hawak sa kanyang backpack. Noong nakaraang taon buong taon na masungit si Violet, at mukhang gayon pa rin siya sa taong ito.

"Welcome sa panibagong taon, mga bata!" sabi ni Miss Caldwell na nasa harapan ng silid. "Sasabihin ko na kung saan kayo uupo."

Dala-dalawa ang hilera ng mga desk sa buong silid-aralan. Pinasadahan ng tingin ni Miss Caldwell ang attendance roll; at saka itinuro ang dalawang magkatabing desk sa likuran. "Emma. Doon ka uupo sa likuran."

Naupo si Emma sa isa sa mga desk sa likuran. Inisip niya na sana ay si Liselle ang makatabi niya. O si Jaime. O si—

"Violet."

Biglang napaangat ang ulo ni Emma. Tama ba ang narinig niya?

Oo. Nakaturo pa rin si Miss Caldwell sa desk sa tabi niya. "Tabi kayo ni Emma, Violet," sabi nito.

Mabagal at nakasimangot na naglakad si Violet papunta kay Emma. Inihilig ni Emma ang kanyang ulo sa desk at tumitig sa dingding. Magiging mahaba ang taon na ito.


Sa oras ng math, isinulat Miss Caldwell sa pisara ang mga sasagutan ng klase. "Maaari ninyong lutasin itong mag-isa o magtulong kayo ng katabi ninyo," sabi niya.

Dali-daling binalingan ni Emma ang kanyang papel, at nagkunwaring abala. Madali lang ang mga tanong. Gusto lang niyang iwasan si Violet. Hindi niya ito sinulyapan kahit minsan sa buong umagang iyon.

May sumundot sa balikat niya. Parang lapis. Hindi ito pinansin ni Emma.

Isa pang sundot. Sinusundot siya ni Violet! Tuloy pa rin sa pagsagot si Emma.

Masakit na ang pangatlong sundot ni Violet. Nadarama ni Emma na nagagalit na siya. Ganito ba ang mangyayari sa buong taon? Inisip niyang magtaas ng kamay para magsumbong kay Miss Caldwell.



# kay Violet

O siguro pandidilatan na lang niya ulit si Violet.

Pagkatapos ay nakarinig ng pagsinghot si Emma. May umiiyak ba? Muli siyang sinundot ng lapis. Lumingon siya at nakita niyang nakatitig sa kanya si Violet. May hawak itong lapis, at may luha sa mga mata. Punung-puno ng bura ang papel nito.

Pinili-pilipit ni Violet ang lapis sa mga kamay niya. "Puwede mo ba akong tulungan?" mahina nitong tanong.

Saglit itong tiningnan ni Emma, na gulat na gulat. Nagpapatulong sa kanya si Violet? Matapos itong maging salbahe sa kanya? Bumaling ulit si Emma sa sarili niyang papel. Kayang sumagot ni Violet nang mag-isa. Hindi ito karapat-dapat sa tulong ni Emma, kahit . . . magkatabi pa sila?

Tahimik na tumingin sa harapan si Emma. Naririnig niya si Violet na tahimik na umiiyak sa tabi niya. Laging sinasabi sa mga banal na kasulatan na mahalin ang kapwa—pero iba si Violet! Katabi lang siya ni Emma sa klase!

Itinuloy ni Emma ang kanyang ginagawa. Pagkatapos ay tumigil siya. Hindi naman siguro naiiba si Violet. Siguro nang sabihin sa mga banal na kasulatan na mahalin ang iyong kapwa, ibig sabihin ay lahat ng tao. Kasama rito ang mga salbahe. Kahit mahirap gawin iyon.


Bumuntung-hininga si Emma at dahan-dahang ibinaba ang kanyang lapis. Bumaling siya kay Violet at pinilit na ngumiti. "May maitutulong ba ako?" tanong niya.

Tumango si Violet, na pinapahid ng kamay ang mga luha.

Tiningnan ni Emma ang papel ni Violet at tinulungan itong sagutin ang unang tanong. Naging maganda ang kanyang pakiramdam. Naisip niya na baka gusto ni Violet ng biskwit. ■



PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE; *ANG PANGINOONG JESUCRISTO*, NI DEL PARSON © IRI



## PAGSUNOD KAY JESUS

Nais ni Jesus na mahalin natin ang lahat. Sa mga banal na kasulatan, tinuruan Niya tayong mahalin ang ating pamilya at mga kaibigan at maging mabait sa kanila. Itinuro din ni Jesus, "Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig" (Mateo 5:44). Ibig sabihin, kahit hindi mabait sa iyo ang isang tao, masusunod mo si Jesus kapag mabait ka at nakikipagkaibigan.



# Ibabahagi Ko ang Ebanghelyo sa Lahat ng Anak ng Diyos

KALIWA: PAGLALARAWAN NI MARK JARMAN; KANAN, PAKANAN MULA ITAAS SA KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NINA JIM MADSEN, JARED BECKSTRAND, ERIC BARCLAY, AT CELESTE SMITH

Nakakain na ba kayo ng isang bagay na napakasarap para naisin ninyong ibahagi ito sa iba? Minsan ay napanaginipan ng propetang si Lehi na kumakain siya ng isang masarap na bunga. Napakasarap nito kaya "pinuspos nito ang [kanyang] kaluluwa ng labis na kagalakan" (1 Nephi 8:12). Gusto ni Lehi na matikman din ng kanyang pamilya ang masarap na bungang iyon.

Ang bunga sa panaginip ni Lehi ay katulad ng pagmamahal ng Ama sa Langit. Gusto ni Lehi na madama ng kanyang pamilya ang pagmamahal ng Ama sa Langit. Gusto niyang ibahagi ang ebanghelyo sa kanila dahil alam niyang magpapaligaya iyon sa kanila.

Ang mga bata ay kadalasang napakahusay sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa iba.

Nakita ng walong-taong-gulang na si Maria ang mga missionary na naglalakad sa mga lansangan ng Ecuador. Tinanong niya sila kung puwedeng ituro nila sa kanya ang ebanghelyo. Pumunta ang mga missionary sa tahanan ni Maria para turuan ang kanyang pamilya. Si Maria ang unang nabinyagan sa kanyang pamilya. Masayang-masaya siya nang sumapi rin sa Simbahan ang kanyang buong pamilya kalaunan.

Tuwang-tuwa ang siyam-na-taong-gulang na si Eric sa Primary sacrament meeting presentation kaya inimbita niyang dumalo ang mga kapitbahay niya. Dumalo nga sila.

Parehong nagbahagi ang mga batang ito ng mahalagang bagay sa mga taong mahal nila. Kapag ibinahagi ninyo ang ebanghelyo, lalakas ang inyong patotoo. Tulad ni Lehi, madarama ninyo ang "labis na kagalakan." ■

## ANG MGA CARD NA IPAMIMIGAY

Maibabahagi ninyo ang ebanghelyo sa pamimigay ng mga pass-along card. Idikit lang sa makapal na papel ang mga card na nasa susunod na pahina. Pagkatapos ay gupitin ang mga card at isulat ang sarili ninyong mensahe sa likod nito.

## AWIT AT BANAL NA KASULATAN


- "Katotohanan Niya'y Dadalhin Natin sa Mundo," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 92–93
- Mateo 5:16

## MAG-USAP TAYO


Maaari ninyong ipadrowing sa bawat miyembro ng pamilya ang kanyang paboritong bunga. Pagkatapos sa likod ng drowing, maaaring isulat ng bawat isa kung paano pinagpapala ng ebanghelyo ang kanyang buhay. Pagkatapos ay maaari ninyong pag-usapan ang mga paraan na maibabahagi ninyo ang ebanghelyo sa mga kaibigan at kapitbahay.



"Huwag kang matakot, sapagkat ako'y sumasaiyo."
Genesis 26:24



"Mapapalad ang mga mapagpayapa."
Mateo 5:9




"At magmagandang-loob kayo sa isa't isa, mga mahabagin, na mangagpatawaran kayo sa isa't isa."
Mga Taga Efeso 4:32



"Sa lahat ng mga bagay ay magpasalamat kayo."
I Mga Taga Tesalonica 5:18

# Si **Camille** na Taga-New York City



Ang siyam na taong gulang na si Camille ay maraming kaibigan. "Ang talagang gusto ko sa mga kaibigan ko ay ang pagkakaiba-iba nila," sabi niya. "Nagmula sila sa iba't ibang lugar, at iba't iba ang paraan ng paggawa nila ng mga bagay-bagay." Gustung-gustong matuto ni Camille ng mabubuting bagay mula sa kanyang mga kaibigan, at gusto niyang bahaginan sila ng mga bagay-bagay. Ang pinakamagandang naibahagi niya sa isang kaibigan ay ang ebanghelyo.

Matapos ibahagi ang unang saligan ng pananampalataya sa kanyang kaibigang si Yailin, inanyayahan ni Camille ang pamilya ng kanyang kaibigan na makipagkilala sa mga missionary. Tinuruan din ni Camille si Yailin kung paano manalangin. Ngayon si Yailin at ang kanyang ina ay mga miyembro na ng Simbahan.



***Nabinyagan ang kaibigan kong si Yailin noong 2011. Gustung-gusto kong magkasama kami sa pagsisimba. Tinutulungan ko siyang isaulo ang mga Saligan ng Pananampalataya. Nasa ikasiyam na saligan ng pananampalataya na kami.***

***Ang paborito kong mga awitin ay "Ako ay Anak ng Diyos" at "Mag-Anak ay Magsasamang Walang Hanggan." Ang paborito kong banal na kasulatan ay Doktrina at mga Tipan 19:23: "Matuto ka sa akin, at makinig sa aking mga salita; lumakad sa kaamuan ng aking Espiritu, at ikaw ay magkakaroon ng kapayapaan sa akin." Lagi akong pinasasaya ng talatang ito kapag nalulungkot ako.***

MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG PAMILYA, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD; LARAWAN NG STATUE OF LIBERTY © GETTY IMAGES; *MAGBANGON,* NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM




***Ang nanay at tatay ko ay mula sa Dominican Republic. Kaya siguro paborito kong pagkain ang kanin at beans at manok. Ipinapaalala nito sa akin ang pinanggalingan ng aking pamilya.***



***Lima kami sa pamilya namin. Ang kapatid kong si Emily ay bibinyagan at makukumpirma sa Disyembre. Ang kapatid kong si Victor ay isinunod sa pangalan ng tatay ko. Wala pa akong alagang mga hayop, pero balak kong mag-alaga ng pagong. Gusto ko ang mga pagong dahil nakakatuwa silang tingnan at napakabagal, kaya hindi sila makatatakbo palayo.***





***Gustung-gusto ko ang kuwento tungkol kay Kapitan Moroni sa Aklat ni Mormon. Binasa ito ng tatay ko sa family home evening, at nahikayat ako nitong gumawa ng sarili kong watawat. Ipinapaalala sa akin ng aking watawat kung sino ako at na lagi kong kasama ang Ama sa Langit.***

# ANG ATING PAHINA



Itinuro sa akin ng mga magulang ko ang ebanghelyo at naging mabubuting halimbawa sila sa akin mula pa noong maliit ako. Natuto akong magbasa ng mga kuwentong pambata, at ngayon ang gusto ko ay ang Aklat ni Mormon. Binabasa ko ito araw-araw, nang mag-isa at nang kasama ang pamilya ko. Si Ammon ang paborito kong tauhan sa Aklat ni Mormon. Siya ay kahanga-hangang missionary, at gusto kong maging katulad niya paglaki ko.

**Esteban M., edad 8, Colombia**



Nang magbakasyon ang pamilya ko sa Panama, ang bayang sinilangan ng nanay ko, kami ng nakababata kong kapatid na babae na si Yhoalibeth ay isinama ng mga magulang namin sa pagpunta sa Panama City Panama Temple. Ipinahawak sa amin ng aming nanay ang pader ng templo. Kalaunan, nang sabihin ko sa nanay ko na napakasaya ko noong nasa templo kami, sinabi niya na nadama ko ang Espiritu Santo.

**Sergio B. Jr., edad 7, Florida, USA**



**Pasha Z., edad 9, Ukraine**



***Noong si Letícia C., edad 6, ay 3 taong gulang, naitayo na ang Curitiba Brazil Temple. Gustung-gusto niyang pumunta sa templo, at nagpunta roon araw-araw sa huling linggo ng open house. Gustung-gusto pa rin niyang pumunta sa templo at lumibot sa magagandang halamanan. Mahilig ding magdrowing at lumangoy si Letícia.***




**PRIMARY: SUMUNOD KAY JESUS**


***Gusto ni Maurizio D., edad 11, taga-Italy, ang sacrament meeting dahil natututuhan niya ang tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Gusto niyang magsimba dahil masaya roon at nakakatuwa at napakaganda nito. Masaya siya sa Simbahan at marami siyang kaibigan.***





Noong naghahanda kami para sa groundbreaking ng Tijuana Mexico Temple, masayang-masaya kami. Nagpunta kaming pamilya para maglingkod. Nilinis namin ang bakuran ng templo. Alam kong bibisitahin ng Panginoon ang Kanyang bahay kapag natapos na ito.

**Jesus S., edad 6, Mexico**




Ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay tumutulong sa akin na piliin ang tama.

**"Ang mga Laminang Ginto," ni P. Tuyêt Hoa, edad 10, Cambodia**



Pinipili ko ang tama kapag sinusunod ko ang Ama sa Langit at si Jesucristo.

**N. Thi LinĐa, edad 8, Cambodia**



Ang paborito kong bahagi sa Aklat ni Mormon ay ang kuwento tungkol kay Nephi at ang pagtawid sa dagat.

**Kelly C., edad 10, Philippines**



Kailangan nating mabuklod sa templo para makapiling natin ang ating pamilya magpakailanman.

**Shanna C., edad 8, Philippines**



Gusto kong magsimba kasama ang aking pamilya at mag-aral tungkol kay Jesucristo. Sa bahay gusto kong basahin at pag-aralan ang mga kuwento sa mga banal na kasulatan, kumanta ng mga himno, at maglaro sa family home evening. Pinagpapala ng ebanghelyo ang aking pamilya at pinasasaya ako. Nakapagbigay na ako ng Aklat ni Mormon sa tatlong guro sa paaralan at sa matalik kong kaibigang si Miguel. Ang paborito kong awitin sa Primary ay "Katotohanan Niya'y Dadalhin Natin sa Mundo" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 92).

**Martim P., edad 6, Portugal**




**Henrique S., edad 7, Brazil**

# Binabasbasan ni Jesus ang Maliliit na Bata

**Ni Jan Pinborough**
Mga Magasin ng Simbahan

Maraming tao ang nagtipon sa paligid ni Jesus. Gusto nilang marinig ang Kanyang mga kuwento. Gusto nilang marinig Siyang magturo tungkol sa langit.





Kapag maysakit ang mga tao, pinagagaling sila ni Jesus. Pinagaling Niya ang mga taong hindi nakakakita. Pinagaling Niya ang mga taong hindi nakakarinig.



MGA PAGLALARAWAN NI SHAWNA J. C. TENNEY

Isang araw dinala ng ilang tao ang kanilang maliliit na anak para makita si Jesus. Gusto nilang basbasan Niya ang kanilang mga anak. Sinabi ng mga disipulo ni Jesus sa mga tao na huwag abalahin si Jesus. Inisip nila na napakarami Niyang ginagawa.

Ngunit laging may panahon si Jesus. Sinabi Niya sa mga disipulo na hayaang lumapit sa Kanya ang mga bata. Sinabi Niya na ang kaharian ng langit ay para sa mga taong tulad ng maliliit na bata.





Mahal ni Jesus ang lahat ng bata. Hindi mahalaga kung sino kayo, ano ang hitsura ninyo, o saan kayo nakatira. Mahal kayo ni Jesus! ■

*Mula sa Marcos 10: 13–16.*




**Binabasbasan ni Jesus ang Maliliit na Bata**

"At kinalong niya sila, at sila'y pinagpala, na ipinapatong ang kaniyang mga kamay sa kanila" (Marcos 10:16).

KANAN: PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

# NAGMURA AKO . . .

**Ni R. Val Johnson**
Mga Magasin ng Simbahan



Nalungkot ako sa nakita kong ekspresyon sa mukha ng nanay ko. Pagkabigla. Pagkadismaya. Pagkalungkot. Sunud-sunod kong nakita ang lahat ng iyon sa kanyang mga mata pagkatapos ay nauwi ito sa iisang damdamin—pagkasira ng tiwala.

Sa kabila ng pagtuturo niya sa akin sa buong 15 taon ng buhay ko na igalang ang Ama sa Langit sa salita at gawa, naroon ako't nakatayo, nagkasala dahil hinayaan kong lumabas sa mga labi ko ang isang napakasamang salita.

Hindi ko sinadyang magmura. Bago sumapit ang taong iyon, hinding-hindi ako gumagamit ng masamang pananalita. Ngunit nang tag-init na iyon nagtrabaho ako sa Fish and Game Department ng Utah at nahawa ako sa ugali ng mga binatilyong katrabaho ko.

Ang talagang trabaho namin ay hawanin ang burdock sa gilid ng mga kalsada. Agad naming ipinasiya na ang *Arctium minus* ay talagang masamang damo. Mabilis itong tumubo kahit saan, at pinapatay nito ang halos lahat ng iba pang halaman. Dumidikit ito sa anumang bagay na mapalapit dito.

Hawak ang mga pala, buong tag-init naming hinawan ang perhuwisyong damo hanggang sa mapagod kami—at makapagmura. Noong una hindi ko gusto ang pananalita ng mga katrabaho ko. Pagkatapos ay hinayaan ko na ito. Sa huli, ginaya ko na rin ito. Pagkatapos ng tag-init, ang pagmumura ay nakakabit na sa pananalita ko na kasingtindi ng pagdikit ng halamang tinik na burdock sa balahibo ng aso.

*Ang pagmumura ay nakakabit na sa pananalita ko na kasingtindi ng pagdikit ng halamang tinik na burdock sa balahibo ng aso.*

Gayunman, ang reaksyon ng nanay ko sa hindi ko sadyang pagmumura ay nakakumbinsi sa akin na kailangan kong magbago.

Hindi iyon naging madali. Ang pagmumura ay hindi lang pagpili ng mga salita. Ito ay daloy din ng pag-iisip. Ang mga pag-uusap na tinutulutan natin sa ating buhay, mga salitang binabasa natin, at mga larawang tinitingnan natin ay humuhubog sa ating pag-iisip. Di-nagtagal nalaman ko na kailangan kong baguhin ang pinapasok ko sa aking isipan kung nais kong mabago ang mga salitang sinasabi ko.

Salamat na lang at aktibo ako sa pagdalo sa simbahan at seminary. Pinapawi ng pagmumura ang mabubuting kaisipan, ngunit ang aking kapaligiran kung saan lantad ako sa mabubuting kaisipang iyon ang tumulong upang muling mangingibabaw ito sa akin. Nagtuon ako sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan araw-araw at sa pagdarasal. Iniwasan ko ang mga pelikula at palabas sa telebisyon na nagbabalik ng masasamang kaisipan sa akin.

Unti-unti, napansin kong nagbabago ang aking pananalita. Pagkatapos ng taon, tuluyan nang nawala ang pagmumura ko.

Mula noon, marami na akong natutuhan tungkol sa impluwensya ng mga salita. Ang mga salita ay maaaring makalikha o makasira. Ang mga ito ay maaaring makasakit, o makapagpagaling. Ang mga ito ay maaaring makapagpahina sa mga tao, o maaaring makapagtanim ng mga binhi ng pag-asa at pagmamahal.

Natutuwa ako na ang Tagapagligtas mismo, ang Lumikha ng langit at lupa, ang tinutukoy bilang ang Salita (tingnan sa Juan 1:1–4; D at T 93:6–11).

Bilang pagwawakas: Lalo tayong nagiging katulad ng Salita kapag ang ating mga salita ay nagbibigay-dangal sa Kanya at nagpapakita ng Kanyang kaluwalhatian. ■

LARAWANG KUHA NI ANNA LAURENT




PAGLALARAWAN NI ROBERT T. BARRETT

## DAVID O. MCKAY

Si **David O. McKay** ay lumaki sa **bukirin ng pamilya** nila sa Huntsville, Utah. Mahilig siya sa mga hayop at buong buhay siyang nag-alaga ng **mga kabayo**. Nang magmisyon siya sa Great Britain, natuklasan niya ang isang **kasabihan** na naging salawikain niya: "Maging ano ka man, gampanang mabuti ang iyong tungkulin." Bumalik siya sa Great Britain nang maraming beses at inilaan ang **London England Temple** noong 1958.



*"Bilang mga magulang at lider, kailangan nating tulungan ang mga kabataan hindi lamang sa paghahandang maglingkod bilang full-time missionary, na tumatagal lamang nang ilang buwan, kundi maging sa paggawa at pagtupad ng mga tipan sa templo, na tumatagal hanggang sa kawalang-hanggan. Ang mga unang hakbang ay maaaring magsimula sa pagkabata." Tingnan sa "Mga Tinedyer at mga Tipan sa Templo," pahina 18. Ito at ang iba pang mga artikulo sa loob ay makakatulong sa mga miyembro, bata man o matanda, na mas makapaghandang ibahagi at ipamuhay ang ebanghelyo.*

TAGALOG
4 02107 90893 5
10790 Oct 13

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW